



TAON XI

MIYERKULES, ENERO 5, 1955

BLG. 39

BAGONG TAON!

Ang matandang Taon na uugud-ugod,
Lumisang ang dala sa puso ay lungkot;
Lumalakad siyang panimdim ang tungkod
At ang tinutungo'y bangin ng himutok!
Di niya nalutes ang dalihang gusot
Ng nasa sa bayan at nasa sa bundok;
Ni hindi nalipol ang taong may imbot
At sakim na punong laging may sigalot;
Kaya't sa hanggahan nang siya'y malugmok,
Itong batang Taon, ang biglang sumipot.

Sinaludong ito ng tunog ng tambol
At nakatutulig na putok ng kanyon;
Mangyari ang dala nitong Bagong Taon
Ay gintong Pag-asa ng Bagong Panahon;
Ang tabak ni Marte'y kusang ibinaon
Sa hukay ng limot sa dako pa roon;
Ang tanging bandilang taglay niya ngayon
Ay kapayapaa't tuwang susun-suson!
Waring nangangako ang nipot na sanggol
Ng bagong lupaing walang panginoon.

Subali't sa mundo'y mapawi nga kaya
Ang pag-iirangan ng mayama't dukha?
Sa buhay na ito kaya'y mawawala
Iyang kasakima't imbot sa kapuwa?
Kung ang mga bansa'y laging magkahidwa,
Mapipigil bagang dugo'y di bumaha?
—Oh! nilang na sanggol ng Bagong Adhika,
Loobin mong kami'y magkaisa na nga;
Itanim sa aming puso at gunita:
HISA ANG DIYOS ng tanang linikha.

Dr. Victor S. Hernandez



BULAKLAK PUBLICATIONS
935-938 R. Hidalgo, Quisapo
P. O. Box 1382, Maynila
Tel. 3-59 71

Ang pagkakaparis, kung sakali, ng mga pangalan ng tao, buhay man o patay, sa mga pangalan ng alin mang taohan sa mga kuwentong nalalathala sa BULAKLAK, ay isang pagkakataong hindi sinasadya ng kumatha. Anumang malathala sa bilang na ito ay pagaari ng "Bulaklak Publications", at hindi maaaring muling ilathala ang bahagi o ang kabuuan ng alin man sa mga nobela, maikling nobela, maikling kuwento at kuwento o nobelang nakalarawan, gayundin ang pagsasapalikula o pagsasaula sa radyo o tanghalan sa mga lyon nang walang pahintulot ang "BULAKLAK PUBLICATIONS" — Patnugot.

Halaga ng Suskripsyon:
Isang taon P13.00—Anin na buwan P7.50
(Doble sa ibang bansa)
Nakatulang pangalawang uri sa Kawanihan ng Korea sapul noon;
Abril 14, 1947



MAGPUPUYOS sa galil ang kalooban ni Nati nang mamataan niya ang kanyang batang kapatid na si Edi. Tulad nang ibang batang kasamahan iyon, ay may hawak na sigarilyong may sindi at walang humpay sa kasisindi at kahahagis ng rebentador sa gitna ng kalsada. Halos mangibabaw ang masayang pagtili niyon habang buong galak na tinitingnan ang maraming rebentador na sunud-sunod kung pumutok at sumambulat ang nangangamoy na pulbura.

—Sige, Apin... Karyo, — narinig pa ni Nati na sigaw ng kanyang kapatid, —bilisan ninyo ang paghahagis at hindi tayo mauubusan ng rebentador. —sabay dukot niyon sa bulsa at nang ilabas ang kamay ay halos hindi madakot ang maraming hawak na paputok. —Eto... abutin ninyo. Bahala na kayo



ARAY KO PO, ATE... HINDI NAMAN
KITA SINASADYA E...

*May Karapatan Din Ang Isang Nasawi
Na Lumigaya Pa't Magbagong Lunggati.*

riyan, —at nakita ni Nati na hindi magkama-
yaw sa pag-aagawan ng rebentador ang mga
kasamahan ng kanyang kapatid.

Parang binusa kadalas ang mga putok na
nagpasakit sa pandinig ni Nati. At nadama
niyang kung gaano kadalas ang mga putok na
iyon ay gayon din kasasal ang pintig ng kan-
yang pulso dahil sa naglalatang na poot, dahil
sa pagningitngit at pagkasuklam na sumisikil
sa buo niyang katauhan.

—Sinasabi ko na! —nanggigigil na naibu-
long ni Nati at napagtiim ang kanyang ba-
gang. Mariing nakuyom ang dalawang palad
habang tila sasabog ang kanyang dibdib sa



REBENTADOR

Kuwentong Pambagong taon ni
REMEDIOS M. LAUDATO

matinding galit.

Isang nakayayanig na putok mula sa di ka-
layuan ang ikinabawi ng kanyang paningin sa
kanyang kapatid at bago niya namalayan ay
isang napakalakas pang putok ang sa di niya
inaasahan ay biglang sumabog sa kanyang ta-
bi. Sa kanyang palagay ay malapit na malapit
ang pinagbuhatan ng putok na iyon na lumik-
ha ng ibayo niyang pagkabigla at sindak.
Nagpanting ang taynga niya at kung ilang
saglit na parang may kuliglig sa kanyang pan-
dinig.

Lalong naglagablab ang poot ni Nati. Ina-
puhap ng kanyang paningin ang may kagaga-
wan ng kalapastanganang iyon. Datapuwa't
nagsipanlaki ang mga mata ni Nati nang kan-
yang makita si Edi sa may harap niya. Tila
ito natutubigan, parang ibinabad sa suka at
nakapangangang hindi malaman ang gaga-
win.


Pagdaka'y inapuhap ni Nati ang taynga ni-
to. Piningol.

—Aray ko po... Ate, —daing ni Edi. —
Hindi naman kita sinasadya, ah.

Nguni't hindi pinansin ni Nati ang sinabi
ng kanyang kapatid. Pakaladkad niyang hi-
nila ito hanggang sa mapalayo sa mga kasa-
mahang bata.

—Saan mo dinala ang aking pera? —nan-
ililisk ang mga mateng usig ni Nati. —Bakit

Sundan sa pahina-87



BANGALORE

(ANG MGA SUGAROL)

Nobela ni

TEOFILO E.SAUCO

(IKA-12 LABAS)



AGHINTO ng isa ng taksi sa may likuran ng Manila Hotel, napansin agad ng tsuper na ang tumawag sa kanyang lalaki'y nanginginig sa ginaw dahil sa basang kasuutan.

—Tila kayo'y nahulog sa dagat, maestro? —nawika ng tsuper.

Yamot si Augusto at sadyang sasampalin ang pangahas na tsuper, subali, nagunita niyang kailangang siya'y makauwing maaga, at dahil sa bihira ang taksing nagdaaran ay nagparaya na siya.

—Hoy, wala kang pakialam, —binuksan ang pinto ng awto at madaling sumakay. —Sa Balintawak, —utos sa tsuper.

Ilang sandali pa ang nakalilipas, ay dumating na humahangos si Berto.

—Mayroon palang nangyari sa iyo kangina ay hindi mo ako sinabihan, — parang paninisi pa ni Berto sa kaibigan.

—Ah, tama ka na! Ang mabuti'y sadyain mo ang iyong dalawang bata; kailangang magantihan ko si Enrico sa kanyang ginawa sa akin kangina; kailangan kong maalís siya sa aking landas, kaya, madali ka, Berto, madali.

Hindi naman nagpaumatumat si Berto at nang siya'y magbalik pagkalipas ng kalahating oras, ay kasama na ni-

ya ang dalawang lalaking matitipuno ang katawan at mga bisig.

—Ituturo sa inyo ni Berto si Enrico; gagawa kayo ng mabuting paraang siya'y makausap sa tabi ng "swimming Pool" at saka siya itulak; sakaling manlaban, bahala na ang inyong mga bisig, huwag lamang ninyong papatayin; sakaling di ninyo abutan sa otel, gumawa kayo ng paraang makatungo sa Bangalore; makaakyat sa itaas at sikaping hanapin si Enrico at ihulog sa dagat. Ano, magagawa ninyo ang gayon? —tanong ni Augusto sa mga batang hatid ni Berto.

Nagtinginan ang dalawang lalaki at kapuwa naghihintay ng ipapasya ng alin man sa

kanila.

—Aba, Berto, tila walang sinasabi ang mga bata mong ito, ah!

—Hindi ho, magagawa ho namin; gaano naman ang inyong...

Naunawaan agad ni Augusto ang nais ng dalawa. Dumukot sa kanyang kartera ng isang lilimangpuing pi-song papel at iniabot sa isa sa mga lalaki.

—Isa pang ganyang halaga ang ibibigay ko sa inyo pagkatapos na magawa ninyo ang nais kong mangyari.

Isang humahaginit na taksi ang huminto sa may tagiliran ng Manila Hotel. Bumaba si Berto at ang dalawang lalaki.

—Dumito muna kayo; ti-



-HINDI KO KAILANGAN ANG PALIWANAG, NI ANUMANG KATWIRAN... BIBIGYAN KO KAYO NG DALAWANG MINUTO: TATALON KAYO, O HINDI?

MAR

tingnan ko kung nasa loob pa si Donya Anita at si Enrico.

Nalibot na lahat ni Berto ang mga bulwagan ng sayawan sa ibaba ng Manila Hotel, nguni, hindi na niya natagpuan ang dalawa ni Donya Anita at ni Enrico. Sa isang "waiter" na kanyang kakilala ay napag-alaman niyang may kalahating oras nang nakalalabas si Donya Anita na kasama ang isang makisig na binata.

--Sa kanilang pag-uusap, wala ka bang narinig o nahiwatigang pook na kanilang patutunguhan? -- usisa ni Berto.

--May narinig akong salita, na di ko naman alam ang kahulugan; Bangalore, babalik sa Bangalore...

--Salamat! --at muling lumisan si Berto. Inisip niyang nagbalik ang dalawa sa Bangalore. Tinungo ang dalawang kasama at binalitaan.

Kung Kailan Nagwalang-bahala Sa Mahal Saka Ang Pagung'y Pinatallagan...

--Nagtungo na sila sa bapor!

--Aba, aling bapor ang pinatunguhan? Susundan ba natin doon? --usisa ng isa sa mga lalaki.

--Mangyari pa; natatakot ka ba? -- tanong sa kasama nang mapansin ang pag-aalinlangan niyon.

--Sa bapor Bangalore tayo tutungo; maaaring naroon na ang ating hinahanap; nagsisakay sa isang taksi at napatatid sa may piyer 7.

Sa isang munting daungan ng mga bangka *de motor*, inabutan nilang bumababa ang dalawang nilikha; nakilala agad ni Berto na ang mga iyon ang kanilang hinahanap. Sinabihan ni Berto ang dalawang kasama; sumunod nang lumulan sa bangka, at pagkatapos ay saka siya susunod sa huli; kilala siya ni Enrico, kaya kailangan niyang mag-ingat, nang huwag silang mabigo sa kanilang layon.

Humadlang ang makinista nang sasakay na sa bangka ang dalawa.

--Kung wala kayong pahintulot ay hindi kayo maaaring sumakay; mahigpit ang

bilin ni Donya Anita na, huwag tulutang makatungo sa Bangalore ang mga taong hindi kilala, --anya ng makinista.

--Aba, kaibigan, hindi naman kami mananaya, kami'y mga tsuper lamang ng aming mga amo na nagsusugal doon; kailangang mala man kung sila'y may ipag-uutos sa amin, --tugon naman ng isang lalaki, gaya nang sinabi at ipinagbilin sa kanila ni Berto.

Narinig ni Donya Anita ang tugon ng sumasakay at sinabihan ang makinista na pasakayin na ang mga lalaki. Narinig din ni Berto ang utos ni Donya Anita; kaya hinata na paibaba ang pardilyas sa harapan ng kanyang samalilo at matuling sumunod sa dalawa niyang kasama sa bangka.

Umugong ang motor at napalaot ang bangka. Si Enrico at Donya Anita ay nasa unahan ng bangka; ang tatlong nakisakay ay nasa hulihan. Hinudyatan ni Berto ang dalawang kasama upang lapitan si Enrico; kausapin itong parang pinagtatannangan at sa sandaling mali-

ngat ay saklutin at itabog sa dagat.

Lumakad ang isa sa mga nakisakay at iginawang ang bangka; napansin ng makinista at anya:

--Aba, pare, mag-ingat ka ng paglakad, baka tayo lumubog.

--Bakit nga ba gumiwang ang bangka, Mang Menes? -- usisa ni Donya Anita.

--Padalos ho sa paglakad iyong Mama; iyan hong lumapit sa inyo, --wika ng makinista.

Matalas ang pakiramdam ni Enrico; napansin niyang hindi mapanatag sa upo ang dalawa sa mga sakay; ang isang malapit sa kanya'y nag-salita.

--Mr., Mr., kilala ba ninyo ang aking amo?

--Sino ang iyong amo? -- usisa ni Enrico, sabay tindig at dinukot ang kanyang rebolber. --Sino ang iyong amo, sino?

--Si, si, e, si...

--Makinista, makinista, ihinto mo ang andar ng motor, --utos ni Enrico at pinakitunguhan ang mga nakisakay.

--Kayo'y mga tauhan ni Augusto Valdivia, at nais ninyong ako'y pinsalain: magsundan sa pahina-32



Desirée

HANGO SA ISA SA PINAKAMAGANDANG NOBELA
SA BUONG MUNDO. HALAW NI MARIODEL RIO

A

NG kaaliw-aliw na kasaysayan ni Desirée (Dey-sirey), anak ng isang mayamang mangangalakal ng sutla sa *Marseilles, Francia*, ay katambal ng kagilagilalas na kasaysayan ng kilabot na si Napoleon Bonaparte.

Maingat na itinitik sa mga dahon ng isang tala-arawan kung papaano nagkawing ang kanilang mga buhay... ang buhay ng butihing Fransesa at ng maliit na korsikanong lumupig sa mga kaharian sa *Europa* at gumimbal sa kapayapaan ng buong mundo. Sa pamamagitan ng talaarawang yaon ay ipinamana nila sa daigdig ang maringal na kasaysayan ng kanilang magusot na pag-iibigan na ngayon isinasalaysay namin dito.

Nagsimula ang kasaysayan ni Desirée noong gabing siya'y handugan ng kanyang ama ng isang munting tala-arawan dahil sa kanyang pagtungtong sa ika-labing-apat na taon. Ganito ang pambungad na salaysay ni Desirée:

—Ano ang isusulat ko sa librong iyon? —tanong ko nang makita ko iyon sa ibabaw ng mesa sa hanay ng ibang mga regalo sa akin. Napangiti ang aking ama at ako'y mairog na hinalikan niya sa noo. —Ang kasaysayan ni Bernardine Eugénie Desirée Clary, —wika niya, at pagkatapos ay bigla siyang nalungkot.

Ang ama ko ay ang mangangalakal ng mga telang sutla na si François Clary ng *Marseilles*; namatay siya sa sakit sa бага may dalawang buwan pa lamang ang nakalilipas.

Sinimulan ko ngayon gabi

ang pagsulat ng kasaysayan ng buhay kong hinaharap, pagka't ako'y lubhang natutuwa at hindi makatulog. Dahan-dahan akong bumaba sa kama.

Ako'y hindi mapalagay pagka't bukas ako'y sasama sa aking hipag na si Suzanne upang makipagkita kay Diputado Albitte at hingin ditong palayain si Etienne. Si Etienne ay kapatid ko, at ang buhay nito ay nanganganib. Kamakalawa ay hinuli siya ng pulis. Karaniwan iyon ngayong mga araw na ito; lilimang taon pa lamang ang nakalilipas mula nang matapos ang malaking rebolusyon, at sabi ng mga tao'y hindi pa raw tapos iyon.

Maraming tao ang binibitay sa plaza. Lubhang mapanganib ang makikamag-anak sa mga aristokrata, nguni't mapalad kami pagka't sa aming angkan ay walang nabilang sa mga taong tanyag. Ang namatay kong ama ay nagsimula sa mababa, at inayos niya ang hanapbuhay ng aming Nuno hanggang iyon ay maging isa sa pinakamalaking kompanyang nangangalakal ng seda.

Lubhang nasiyahan ang Papa sa nangyaring Rebolusyon, kahi't bago nagsimula iyon ay siya'y inatasang maging tagapagbigay ng kailangan ng pamahalaan, at nakapagpadala pa siya sa Reyna ng ilang pirasong sutla na kulay bughaw. Natatandaan kong muntik nang mapaluha ang Papa nang basahin niya sa amin ang unang pahayag tungkol sa Mga Karapatan ng Mamamayan.

Si Etienne ang namamahala ng negosyo, mula nang matay ang Papa. Nang dakpin ng pulis si Etienne, bayanad na sinabi sa akin ng aming tagapagluto na si Ma-

rie, ang aking dating nars.

—Nabalitaan ko, Eugénie, na si Albitte ay dumating. Kailangang makipagkita sa kanya ang iyong hipag upang makalaya si Etienne Clary.

Laging batid ni Marie ang lahat ng nangyayari sa bayan.

Malungkot kaming lahat ng dumating ang oras ng hapunan. Dalawang upuan sa mesa ang walang laman; ang upuan ng Papa sa tabi ng Mama at ang upuan ni Etienne.

nne sa tabi ni Suzanne. Ayaw ipagamit ng Mama kahit kanino ang silya ng Papa. Laging sumasagi sa isipan ko si Albitte at hindi ko napansin na dinudurog ko ang aking tinapay at gumagawa ako ng maliliit na bola. Nayamot si Julie. Apat na taon lamang ang katandaan sa akin ni Julie, nguni't laging nag-iina-inahan siya sa akin at ako naman ay lalong nababagot.

—Eugénie, —wika niya, —hindi mabuting asal ang magdurog ng tinapay.

Huminto ako nang paggawa ng mga bola at sinabi ko: —Si Albitte ay dumating.

Walang pumansin sa akin. Walang pumapansin sa akin kapag ako'y nagsasalita, kaya't inulit ko ang aking sinabi: —Si Albitte ay dumating.

Napansin iyon ng Mama. —Sino si Albitte, Eugénie? —usisa niya.

Hindi nakikinig si Suzanne; pahikbi siyang humihigop ng sopas.



—Si Albitte, —sagot' ko, at ipinagmalaki ko ang aking nalalaman. —ay ang Diputado ng mga Jacobin na taga Marseilles. Isang linggo siya rito at araw-araw ay nasa Bahay Pamahalaan siya. At bukas ay kailangang makipagkita si Suzanne sa kanya; itanong niya kung bakit dinakip si Etienne, at igiit niyang iyon ay dahil lamang sa hindi mabuting pagkakau-nawaan.

—Nguni't —pahibik na wika ni Suzanne, at tiningnan ako, —ayaw niyang makipagkita sa akin!

—Sa palagay ko... sa palagay ko'y lalong mabuti. —nag-aalinlangang wika ng Mama, —na ipakiusap ni Suzanne sa ating abogado na makipagkita kay Albitte.

Kung minsan ay nababagot ako sa aking pamilya. Hindi papayag ang Mama na gumawa ng marmalada sa bahay kung hindi siya ang maghahalo. Nguni't ang isang bagay ukol sa buhay at kamatayan ay ipinagkakatiwala sa aming matandang hi-

PAUNAWA

Ang nobelang sisimulan ninyong tanghayan ngayon ang halaw sa nobelang "DESIREE", na, buhat sa pagkakosulat ng may akdang si Annemarie Selinko sa wikang aleman, ay napasalin sa iba't ibang wika sa daigdig. Ang salin sa wikang ingles ay nakarating sa Pilipinas, kaya nagkaroon ng pagkakataon ang nobelistang si MARJO DEL RIO na isalin naman nang palalaw sa wikang tagalog, pagkatapos na matamo ang kailangang pahintulot ng kinaukulan.

Napabantog sa buong daigdig ang legandahan ng nobelang iyan, at sa hangad naming mahandugan ang ating mambabasa ng pagkakataong matanghayan naman sa sariling wika ang nobelang nababagot, labis naming ipinagkakapuri ang paglalathala nito sa BULAKLAK. Inaasahan namang ang nobelang ito ay panabikan ninyong subanyayan.

Patnugot

bang na abogado. Palagay palayain ang aking kapatid ko'y sadyang ugali na iyan na panganay. —Huwag kang makapun-

—Kailangan tayo ang makipagkita kay Albitte, —wika ko, —at si Suzanne, sa-pagka't siya ang asawa ni Etienne, ang siyang dapat lumakad. Kung natatakot ka. Suzanne, ako ang lalakad, at hihingin ko kay Albitte na

ta-punta sa presidensiya, —matigas na bala sa akin ng Mama, at pagkatapos ay nagpatuloy siya ng pagkain ng sopas.

—Mama, sa aking akala...

—Hindi ko nais muling pag-usapan ang bagay na iyan, —wika ng Mama, at si Suzanne naman ay nahikbing nagbalik sa kanyang sopas.

Pagkatapos ng hapunan, ako'y umakyat upang tingnan kung nagbalik na si Persson. Si Persson ay tinuturuan ko ng frances kung gabi. Sa lahat ng mukhang kabayo, pinaka-kaakit-akit na marahil ang mukha nito.

Sundan sa pahina-84

NATATAKOT AKONG LUMAKAD NA NAG-IISA, SA KARAMIHAN NG TAO. —PABULONG NA WIKA NI SUZANNE.



BAKAS NG NAKARAAN:

Si Kabesang Tales ay nahikayat ng Donya, na siya na ang makakalat sa malawak na lupa nito. Samantalang itinaturo ni Donya Victorina kay Kabesang Tales ang malawak na lupang kanyang pamamahalaan, ang mga bata naman ay nagkakatuwang nag-iisap. Nang makaalis na ang donya ay tinawag ng kabesa ang

kanyang dalawang anak, at sinabi na magpatuloy sila ng kanilang pag-aaral sa Maynila. Nang makita ng kabesa na kailangan niya ang mga bagong kagamitan sa lupaing kanyang pamamahalaan, ang ginawa ay kinuha sa taguan ang salapi niyang naimpok at bumili ng bagong traktora at labing-limang kalabaw. Natuwa si Donya Victorina, nang makitany dahil sa pagsisikap ng kabesa ay aani ng marami ang kanuag malawak na

bukid. Nang sumasapaw na ang palay ay ibinabala ng radyo na may bagyong natanaw na nagpupuyo sa dagat na hindi kalayuan sa Pilipinas. Maaari, ayon sa radyo, na ang bagyo ay bumagtas sa gitnang Luzon, kung hindi magbabago ang takbo ng hangin. At, isang gabi ay nagulat na lamang ang buong nayon nang bumagsak ang malakas na ulan na may kasamang haging sinasabayan ng matatalim na kidlat at malalakas

na ulan na may kasamang haging sinasabayan ng matatalim na kidlat at malalakas na kulog. MAGPATULOY TAYO...

(IKA-4 NA LABAS)

NAKAUPO at nagmamatyag si Kabesang Tales sa ibabaw ng isang lumang baul sa loob ng kanyang tahanan. Buhat sa kanyang kinaroroonan ay dinig na dinig niya ang lagutukan ng mga punong kahoy na kasalu-

...ANO PO IYON, TATAY?
...GUMISING KA... HINDI
DAPAT MATULOG ANG
ISANG TAO KUNG NASA
PANAHON NG KAGIPITAN.



Lupang Kawumanggi

(BROWN EARTH)

Nobela ni Dr. FAUSTO J. GALURAN

kuyang binabayo ng malakas na ulan at hangin. Nang gabing yaon, kaipala'y hindi lamang si Kabesang Tales ang naglalamay. Lahat marahil ay gising sa loob ng kani-kanilang dampa at nakikiramdam sa pamimiyapis ng nagdaraang bagyo. Ang kaniilang gaserang ilawan ay kung ilang ulit na sinindihan at kung ilang ulit ding matatay sa ihip ng hangin. Napilitan tuloy ang matanda na huwag na silang mag-ilaw sa buong magdamag kung ga-noong hindi mabuhay-buhay ang ilawan. Sukat ang maminsan-minsang pagkidlat na ang matalim na liwanag ay biglang lalaganap sa buong parisukat ng silid kaya sila magkitang-kitain.

Pati ang kanyang tatlong anak ay hindi rin nakatulog nang gabing yaon. Nakaupo sa kanyang banig si Crisostomo at nakasandal sa dingding; si Isagani ay nakasub-sob sa unan na tila itinatago ang mukha sa matatalim na kidlat samantalang si Elias, kahi't balot na balot ng kumot ay pakislot-kislot naman, halatang-halatang hindi makatulog ang mga bata...

Isang malakas na ugong sabay ang matalim na kulog at saka tila may bumagsak sa loob ng kanilang looban.

—Tatay!... —pasigaw tuloy na tawag ni Elias.

—Huwag kang matakot, —utos ng matanda.

—Ano po iyon?... —tanong ni Crisostomo.

—May punong kahoy sa looban na nabuwal sa lakas ng hangin. Inaakala kong walong natirang punong saging at papayang nakatayo ngayon...

—Hindi na po kaya ito magtitigil?... —Daing ni Isagani. —Umuuga na ang ating bahay... parang duyan.

—Matibay pa ang ating mga serga, —tugon ng ama. —Baka naman hindi mabuwal ang bahay na ito. Mabuti na lamang at nang makita kong sumasama ang panahon

ay nadagdagan ko ng tukod na kawayan.

—Paano po ang ating mga pananim, tatay? —tanong ni Isagani. —Marahil ay...

—Iyan ang aking inaalaala, mga anak. Ang ating lupa'y may kataasan ng kaunti, nguni't ang lupang pinamamahalaan natin na ari ni Donya Victorina ay mababa at tabing sapa...

—Sayang, sumasapaw na sana ang paaga at ang pahuli'y namumulaklak na...

Hindi pa man sila nagtatagal sa pag-uusap ay bigla silang nakarinig ng malakas na sigaw buhat sa labas na nakikiagaw sa ingay na likha ng hampas ng hangin sa kanilang durungawan.

—Kabesa...! Kabesang Tales...!

—May tumatawag, tatay...

—ang sigaw ni Isagani. —

—Naku, baka asuwang na...

—ang nasabi ni Elias, na lalong nagkulubong ng kumot.

"Ang Mga Taong Nabubuhay Sa Kasaganaan Kinakailangang Maghirap Maminsan-minsan Upang Matutong Gumawa At Sumipag..."

—Natatakot ako...

—Kabesa...! Kabesang Tales!... —ang muling tawag na kanilang narinig.

—Tao iyan, Crisostomo...

—ang pasya ng matanda na tumindig. Lumapit sa isang sulok, hinugot ang kanyang gulok sa bayna, at saka maramang lumapit sa pintuang nasa itaas ng hagdanan. Hindi magigipit ng gayon-gayon lamang ang matanda. Siya'y marunong maghanda sa anumang panganib na inaakalang kakaharapin.

Marahan niyang binuksan ang pintong sawali. Bahagyang bukas pa lamang ay sinalpok na agad ng hangin at ulan ang kanyang mukha na nabasa tulov. Hindi siya muna makadilat na mabuti upang sinuhin ang mga tumatawag sa kalaliman ng gabi. Madilim ang labas ng bahay, maingay ang hangin at lumalangitngit ang mga pu-

nong kawayan. Paano sila magkakarinigang?

Salamat at sa biglang pagkidlat ay natapunan niya ng tanaw ang isang lalaking may kilik na bata, at isang babaing nababalabalan ng damit na basa.

—Sino kayo? —pasinong tanong ng matandang Tales.

—Kami po, si Karyo at si Berta...

—Karyo? Ikaw si Karyong Pare?... Halika, tuloy ka...

Hindi na naghintay pa ng ikalawang anyaya ang mga nasa lupa sapagka't mabilis na sinapo ng lalaki ang baywang ng kanyang nagiginaw na asawa at pasugod na umakyat sa hagdanang kawayan. Sinalubong naman sila at inalalayan ng matanda upang hindi mahulog.

—Kabesang Tales... —

ang paiyak na daing ng babae na kumapit sa matipunong bisig ng matanda. —Ang kubo namin sa ibayo ay

tinangay ng hangin at baha

—Siyanga ba? —Ang tanong ng matanda. —At ang mga hayop mo?

—Wala na po, kabesa... —ang tugon naman ni Karyong Pare. —Hindi ko na po makuhang mailigtas. Inuna ko po ang aking mag-ina...

—Tuloy kayo... Aba, ang anak mong maliit ay basang-basa at nangangatog...? Eate, Crisostomo, —ang tawag sa anak. —Kunin mo ang inyong kumot at dalhin mo rito. Kapain mo rin ang langis ng niyog diyan sa ibabaw ng banggerahan at nang mapahiran natin ang likod at dibdib. Maaaring magkasakit ang bata mo dahil sa lamig ng ulan, Karyo.

—Wala na po akong magagawa, Kabesa. Kung hindi po kamililikas ay makakasama ang aking mag-ina sa pagkabuwal ng bahay.

—Kumain na ba kayo?...

—Hindi pa nga po, Kabesa...

—Mabuti't may salabat diyan... Isagani... Dalhin mo rito ang kalan sa loob ng bahay. Kumuha ka ng mga lumang diyario diyan sa ilalim ng aparador at magparikit ka para uminit ang salabat. Sige na, anak...

—Ang posporo po, Tatay? —tanong ng bata.

—Naruon sa ilalim ng aking unan. Diyan ko itinatago nang hindi abutin ng umeo. At ikaw naman, Berta... Alisin mo ang damit mong basa at masama iyang nakababad ang katawan mo sa lamig. Crisostomo, kunin mo iyong kumot na pranel sa silid at ibigay mo kay Berta.

—Kahiyahiya naman sa inyo, Kabesa... Nguni't alam naman ninyo na buhat nang kayo'y maging katiwala namin ay wala na kaming matakbuhan kundi kayo.

—Huwag kang mag-alala, Karyo... Basta dumito kayo... Kung ako'y may bahay ay may bahay din kayo, kung ako'y may pagkain ay may pagkain din ang pamilya mo...

Di naman nagtagal at ang salabat sa palayok na iniinit ni Isagani ay handa na upang mainom ng mga bagong dating. Pasandok na nilagyan ni Isagani ang dalawang mangkok at saka iniabot sa mag-asawa.

—Sige, Karyo, inumin ninyo iyan at nang mag-init ang inyong sikmura, —wika pa ng matanda. —Hindi biro ang inyong ginawang pagsagasa sa lakas ng ulan at hangin makarating lamang dito. Ikaw, Berta, kung ibig mo ay tumabi ka na kay Elias sa banig at nang ikaw ay mapahinga...

—Nguni't Kabesa, —ang daing ng babae, —ang bahay po namin...

—Ano pa ang magagawa mo? Maaawat mo ba ang lakas ng hangin at ulan? Aba,

Sundan sa pahina-33



Mga Kuwento ng Pag-ibig ni ROGELIO DE LA ROSA

SA PAGKAKASULAT NI *Conde Val Pierre*

NAPANSIN mo, Pacita, ang pagkakati-gagal ng iyong panauhing dalaga ng ako'y makita niya. Napangiti ka pagka't ang akala mo ay talagang humanga siya sa akin. Nguni, hindi mo nalalamang dati na kaming magkakilala. Siya'y natigilang dahil sa aking ayos at pagpapanggap na isang pintor.

Sapagka't hindi mo alam na narinig ko kanina ang inyong pinag-usapan tungkol sa akin, kaya hindi ka nagpahalata. Niyaya mo siya sa iyong silid. Marahil ay upang ipagmalaki naman ang ganda nang pagkakapinta namin doon.

Gayon na lamang ang pagtahirip ng aking dibdib dahil sa pag-aala-alang baka ipagtapat sa iyo ni Lucita ang tunay kong pagkatao. At, kaya lamang naparam ang aking pangamba, Pacita, ay nang ikaw ay nalingat. Nagkaroon ako nang pagkakataong mahudyatan si Lucita upang ilihim ang aking pagpapanggap.

Nang nasa silid na kayo ay saka ko lamang napansing nag-aagaw na noon ang dilim at liwanag. Madali akong nagbalik sa kusina upang yaing umuwi ang kasama kong tunay na pintor.

Ilang sandali pa ang nakulipas, nang handa na kami sa pag-uwi, ay bigla na lamang akong sinalubong ng iyong panathing dalaga at nakangiting nagwika.

—Napakapilyo mo, Hernando! Mag-usap nga tayo sandali! —saka ako'y kinawit niya sa bisig.

—Huwag, Lucita! Baka makita niya tayo! —ang tutol ko.

—Hindi! Naiwan siya sa silid. May kausap siya sa

telepono. Alam kong magtagal ang kanilang pag-uusap kaya ako'y lumabas muna...

—Bakit, sino kaya sa akala mo ang kanyang kausap? —ang salo kong patanong.

—Sino pa, —ang mahinang nguni't mabilis niyang sagot, —di ang pinakamalapit sa kanyang puso!

Nahalata ni Lucita ang aking panghihinayang. —Mayroon na palang mapalad sa pagtatangi...

—Aba, marami! Nguni't isa man, ayon sa balita ay wala pa siyang sinasagot. Ano ba naman ang naisipan mo't nagpapanggap kang isang pintor? Ibig mo bang sumakit ang iyong ulo? ha?

—Huwag kang maingay, Lucita. Humahanga ako sa kanyang kagandahan. At bakit naman sasakit ang ulo ko?

—Mataas ang pangarap ni Pacita, Hernando. Ang ibig

—Hindi naman, pero bali-ta siya sa kasupladahan. Kahi't na tanungin mo ang kanilang mga utusan!

—Siyanga?

—Tutuo... sayang ang gandang lalaki mo. Pumili-pili ka naman ng babaing maipagkakapuri mo! Maraming nakahabatid sa ugali ni Pacita. Maganda nga lamang siya kaya maraming napaaalipin sa kanya na pangwang maykaya sa buhay! —Ang wakas niyang natatawa bago mabilis niya akong nilisan.

II

—ANG hiwaga nga naman ng gandang panlabas! —ang malimit kong maibulong sa sarihi. Gayunman, Pacita, iba naman ang sumuot sa aking isip, pagka't talagang nabihag ako ng pambihira mong ganda. Kailangang mapagbago kita ng ugali upang maging karapat-dapat ka sa

—Pero, Senyorita, —sagot ng iyong utusan nang buong pagpapakumbaba, —may ipinagawa pu sa akin ang inyong Papa...

—Kahi't na sino ang nagutos sa iyo, kailangang unahin mo ang aking ipinagagawa! Sino ba ang makapangyarihan sa-bahay na ito?

—E... e... kayo nga po. Senyorita!

—Ako pala e, bakit nangatwiran ka pa? Hala... sulong! Linisin mo ang aking silid at baka mapatay pa kita!

Napatakbo tuloy ang iyong utusan, Pacita. Kami naman ay nagtungo agad sa kusina upang ipagpatuloy ang pagpipinta. Hindi mo kami nakita kaya nagpatuloy ka sa pagsasalita nang malakas.

Ilang sandali ang nakalipas at pumasok ang iyong utusang babae. Ipinatatawag mo raw ako. Naisaloob ko tuloy na baka ibaling mo sa akin ang init ng iyong ulo, kaya dali-dali akong nagtungo sa iyong silid.

Sinadyang 'palitan' ang pangalan ng mga tauhan sa kuwentong ito upang ikubli ang tunay na pangalan ng mga taong may kaugnayan sa kaysayang ito ng pag-ibig.

Senyorita

niyang makataling-puso ay mayamang katulad niya at magandang lalaki! Kung maaari pa ay sunud-sunuran sa kanya!

—Hindi masama, —ang maagap kong putol sa kanyang paliwanag. —Mayaman naman ako... kuwarta nga lamang ang kulang sa akin! —at kami'y nagkatawanan.

—Talagang pilyo ka, Hernando! —aniya pagkatapos.

—Nahahabag lamang ako sa iyo, pagka't hindi mo alam ang ugali ni Pacita.

—Bakit naman, hindi ba ako maaari sa kanya? —ang pabiro ko pang tanong.

—Ano ba ang ugali niya, siya ba'y kumakain ng apov?

paghanga ng lahat. Ito naman ay kung sakali lamang magkaroon ako ng pitak sa iyong puso. Kaya't nagpatuloy ako ng pagpapanggap bilang isang pintor.

At isang umaga...

Ikaw ay nadatnan namin ng kasama kong pintor, galit na galit ka sa iyong utusang lalaki. Kay lakas pala ng iyong tinig at talagang masama kang magalit. Hindi mo alam ang aming pagdating.

—Talagang tunggak ka... sinabi ko na, kagabi pa, na linisin mo nang maaga ang aking silid! Kung anu-ano ang pinaggagawa mo! —ang dugtong mo pang nakapamaywang.



—Ano pu iyon, Senyorita!
—ang salubong ko sa iyo.

—Mayayari ba ninyo ngayong pintahan ang kusina? Nagtataka ako sa inyo, maghapon lamang ninyong pinintahan ang aking silid. Malaki nga ng kaunti ang kusina namin, pero ikatlong araw na ninyo ngayon e, hindi pa aiinyo nayayari!

—Pero Senyorita, —ang mahinaon kong tugon sa iyo. —pinaghubuti hu namin ang pagpipinta. Kay ganda hu ng inyong kusina nang kami'y magsimula. Ang inaalala ko e, baka kung mapapos kami ay sumama pa sa rati...

—May darating akong panauhing mamayang hapon!

Kusang Yumuyuko Ang Mapagmataas, Kapak Inubig Itong Nakatapat...

Hindi ko gustong mangamoy pintura ang bahay na ito!

—Maano hu iyon, Senyorita! Nasa kusina naman kami at sila naman e, nasa salas! Matalim hu ba ang pangamoy ng inyong panauhing?

Lihim kang napangiti sa tanong ko sa iyo, kaya sinamantala ko ang pagsasalita...

—Saka... kaya ko pinaghubuti, upang huwag maging alangan sa inyo ang pagkakaayos ng inyong bahay. Napakaganda kayo, Senyorita! Kailangang lahat ng

nakapaligid sa inyo ay pangwang nakaakit sa paningin ng balana...

—Hmm... ikaw ba'y makata?

—Hindi po, Senyorita! Nguni't makatutula pala ako kung lagi ko kayong nakikita!

—Tama na iyang pag-aartista mo! Ang akala mo ba'y hindi ko alam na ikaw ay

palsipikadong pintor? —ang sabi mong nahimilog ang mapungay mong mga mata.

Napakisiot ako sa pagkakatayo. Parang bombang sumabog sa aking harap ang iyong sinabi. Hindi ko malaman ang imamatuwid ko sa iyo.

—Hernando Amorante, —ang dugtong mo pa. —Ngayon ay isang pintor upang maglaro sa pag-ibig! Magaling na lalaki! Nguni't hindi Sundan sa panina-74

...HMM... IKAW BAY MAKATA?

...HINDI PO, SENYORITA, NGUNI'T MAKATUTULA
PALA AKO KUNG LAGI KO KAYONG NAKIKITA.





SA PAMPANG NG PASIG

Nobela ni ANTONIO S. ENRIQUEZ

(KATAPUSANG LABAS)

MA S A Y A N G -
MASAYA nang dumating si Leonor sa kanilang tahanan sa Pasig. Nasalubong ang kanyang Mama sa bulwagan at ito'y niyakap, hinalikan at isinayaw.

—Aba, aba, ano ang nangyayari sa iyo, bakit ka nagkakaganyan? —may pagtataka si Donya Nena sa ginawi ng anak. Hindi ito umimik. Natanawan ang kanyang Papa na nagbabasa ng pahayagan sa may tabi ng durungawan; binaltak ang pahayagan at may ibinulong sa matanda.

—Aba, kailan pa nangyari ang tila ikinahihibang mong iyan?

—Kangina lamang; gagaling ko lamang sa pagamutan.—halos ay humihingal sa pagbabalita si Leonor.

Lumapit sa mag-ama ang napapatakang si Donya Nena, na wala pang anumang nalalamang dahilan ng kakaibang kilos ng kanyang anak.

—Ano ba ang ipinaghuhu-maplit niyang anak mo? —usisa ng Donya.

Hindi tumugon si Don Justo at nagkasiya na lamang na tumingin sa anak. Ito na ang tumugon sa ina, na parang nagmamalaki.

—Puwes, Mama, magkaroon ka na ng manugang!

—Manugang? Sino, si Jaime?

—Hindi, Mama.

—Si Marcelo?

—Hindi rin.

—Ah, alam ko na; magaling na ba? Kailan daw siya lalabas?

—Ang sabi ni Dr. Cañizares ay sa isang buwan pa raw. Aayaw nilang payagang lumabas si Gilberto nang hindi magaling na magaling.



NAGLULUNOY SILA SA GITNA NG ILOG AT MAGKASALIW NA INAWITAN ANG KANILANG MATAMIS NA PAG-IIBIGAN.....



ng pagtugon sa anak, samantalang ang malikot na mata ni Leonor ay palipat-lipat ng tingin sa kanyang minamahal na mga magulang.

—Kung ikaliligaya mo ang pakikipag-isang-puso, kami'y hindi makatututol, anak, lamang... —ibig balungan ng luha ang mga mata ng donya, sa paggunitang balang araw ay malalayo na si Leonor sa kanilang piling.

—Ikaw naman, Papa, ano ang iyong sasabihin sa akin?

—Aba, e, kung ganyan bang payag na ang iyong Mama, e, di payag na rin ako.

Napayakap si Leonor sa kanyang Papa at pagkatapos ay sa kanyang Mama, na sa mata'y gumigiti ang luha dahil sa pagkalunod ng puso sa kagalakan.

—Isang bagay ang aking inaalaala, — pangamba ni Don Justo.

—Ano, Papa?

—Gayundin lamang pala ang mangyayari, sana'y nasabi mo na kay Jaime at Marcelo, nang ang mga iyo'y huwag malulong nang malulong sa pagsasakit at pagtitiyaga sa panginigibig sa iyo. Tilà hindi naging makatarungan ang iyong naging paki-

kitungo sa kanila?

—Ah, hindi ninyo sukat ikabahala ang bagay na iyan, Papa. Hindi ako nagkulang sa kanila, sa simula pa, na hindi ko sila maaaring ibigin; nalalaman nilang itinuturing ko silang mga tanging kaibigan lamang.

—Nguni, sila'y patuloy na nagsisiligaw sa iyo.

—Hindi ko sila mapigil, makukulit na lubha ang mga lalaking iyan.

—Siyanga naman; ang babai'y dapat taglayin ang kalayaan ng kanyang kilos at pagpapasya; hindi magagawang pigilin ni Leonor ang pagligaw sa kanya ni Jaime o ni Marcelo; ang mga iyon nama'y nagbabakasakali, hu, kayo bang mga lalaki! —nampakli ni Donya Nena sa pagsang-ayon sa ginawi ng kanyang anak.

Hindi na kumibo si Don Justo at nagpatuloy ng pagtunghay sa pahayagan.

Samantala, isang gabi sa

loob, at buhat sa simbahan ay tumungo sa amin at sa akin daw siya pakakasal. Ano ang malay mo, maaaring mangyari rin kay Leonor ang nangyari sa...

Napatawa na lamang si Jaime. Gayunman, naisip din niyang maaaring magkakatotoo kay Leonor ang binanggit na pangyayari ng kaibigang abogado; kaya muling pinapagliyab ang aandap-andap nang pag-asa. Baka sakali rin!

Kay Marcelo ay ganyan din ang nangyayari. Pinasigla siya ng mga kaibigang hindi makapaniwala na si Leonor ay maiibigan ang isang kompositor na tisiko. Saka, paniwala naman siyang habang buhay ang tao ay buhay rin ang pag-asa, kaya ang wari'y nanlalamig nang pag-asam sa mapuputing kamay ni Leonor ay muling nagpapasariwa sa kanyang layon.

Parang pinagtiyap, isang araw ng Linggo nang hapon, halos magkasunod na dumating sa silid ni Gilberto, si Jaime at si Marcelo. Nagalak ang isa't isa sa hindi nila inaasahang pagtatagpong iyon, at lalong napamangha

Ang Awit Na Puso Sa Pusong Katugon, Awit Na Lumaqi Sa Habang Panahon.

"Zamboanga", sa Dewey Boulevard...

—Nguni, Kompanyero, — pahayag ng isang kaibigang abogado ni Jaime, — hanggang hindi nakakasal kanginuman si Leonor, hindi ka sukat mamatayan ng pag-asa. Ang aking asawa'y luluhod na lamang sa harap ng dam-bana, nguni, nagbago pa ng

si Gilberto pagka't ni hindi man sumagi sa kanyang guni-guni ang pagdalaw sa kanya ng mga binatang iyon.

—Anong laking kapalaran ko, Atty. Dancel, Mr. Marcelo, — masayang bating-pasalubong ni Gilberto sa kanyang mga panauhin. — Magsiupo kayo, — may bahid-ulap ng pagtataka ang mukha ng

Sundan sa pahina. 35

—Sinasabi ko na ba't may kahulugan ang di pangkaran- niwang ikinikilos ng anak mo, Nena; bihirang magsinungaling sa akin ang kutob ko ng loob, —tila pahimutok pang wika ng matanda at nagpatuloy ng pagtunghay sa pahayagan.

—Papa, huwag ka munang magbasa, pakinggan mo ako; tinutupad ko lamang ang aking pangako sa iyo, na, sa oras na ako'y umibig ay ipagtatapat ko sa iyo. Nalalaman mo na; ang nais kong malaman ngayon ay kung kayo ng Mama ay sang-ayon at binibigyan ninyo ako ng pahintulot na makipag-isang-dibdib.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Nagpaparayaan sila

BAKAS NG NAKARAAN:

Dumating si Justang bunganga sa bahay nina Belay. Ipinakilala ni Don Pablo kay Justa ang kanyang asawang si Rita. Samantalang nag-uusap ang magkakaharap, si Rita ay nagbabasa naman ng pahayagan at ayaw man lamang suluyon ang kapangitan ni Belay at ni Justa. Ipinagtapat ni Justa na siya'y ginawa lamang kasangkapan ng kanyang mga kasama, dahil sa nalalaman nilang sa simula pa'y magkalaban na siya at si Belay. Nang mapag-usapan ang pagsisimba ay nagtalo si Rita at si Belay. Ipinagtanggol ni Rita ang mga Romano at si Belay naman ay ang mga Aglipayano. Sa pagtatalo ay humahanap lamang ng pagkakataon si Belay upang magkasukatan sila ng lakas ni Rita, na pinaninibughuan niya. Nang muling magyaya si Don Pablo na sila'y magsimba na ay nagalit si Rita at sinabing hindi na siya sasama, saka sinabayan ng alis; nguni't hinabol siya ni Ernesto. Nang magkalapit sila ay ibinulong ni Rita na ibig niyang makausap si Ernesto ng sariling sa kanilang bahay. Ibalik ni Ernesto si Rita sa itaas na pinaghintayan nina Don Pablo, Belay at Justa. MAGPATULOY TA-YO...

(IKA-13 LABAS)

AGKATULONG si Kobang at si Bebot sa pagdudulot ng pampalamig sa mga panauhin ng mag-asawang Nesting at Belay. Nag-aabot lamang si Kobang ng mga baso ng "true orange" ay wala sa loob ang ginagawa. Aayaw mapaknit sa kanyang alaala ang nasak-sihang pag-uusap nina Ernesto at Rita sa ibaba ng hagdan. Tininyak niya sa kanyang sarili na talagang may pagtingin ang asawa ni Don Pablo sa kanilang panginoong lalaki. Bakit nga naman aayaw pumanhik si Rita non hangga't hindi nangangako si Ernesto na paruruon iyon sa kanila sa kinabukasan upang magkausap sila nang sarilinan?

—Isasangguni ko ang bagay na ito kay Bebot, — ang naisaloob ni Kobang.

Nang mga sandaling yao'y inaabutan niya ng baso si Rita, nguni't dahil nga sa wala sa loob ang kanyang ginagawa'y nabitiwan niya ang baso nang hindi pa lubusang nahahawakan ng inaabutan. Naligwak ang baso at natapon nang kaunti ang laman. Nabasa nang bahagya ang damit ni Rita. Sukat ito upang magtindig na bigla si Rita at uundayan sana ng

Pag Ang Kagandaha'y Siyang Nanunukso, Ang Banal Mang Fuso'y Sadyang Nalilito.

tampal ang utusan. Salamat sa maagap na paglapit ni Don Pablo. Nalalaman niya na dahil sa taglay na sakit sa puso, ay napakainit ang ulo ng kanyang asawa, laluna na sa ibang taong hindi niya kagali

—Ikaw nga naman. Kobang. —ang paninisi ni Ernesto. —mag-iingat ka sa pagdudulot sa tao

—Kung ikaw ay alila ko. —at nandidilat ang mga mata ni Rita. — matagal nang abutin ka sa akin ng isang oras.

Si Kobang na dating mapagpatawa ay nagdamdam ng gayon na lamang. Napayuko siya at hindi makatanaw sa mga kaharap. Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. Dinalaw ng pagkahabag si

Belay sa anyo ng kanyang utusan.

—Siya, Kobang. —mahinahon ang tinig ni Belay. —lumabas ka na. Iwan mo na si Bebot dito. Hindi mo naman marahil, ibig mangyari ang gayon.

—Inaavo mo pa ang balugang iyan, —pasigaw ni Rita na sinundan ng isang matalim na irap si Belay. —Iisa kasi ang inyong balahibo, e.

—E, siya, —masayang wika ni Don Pablo na ang ibig ay mapalamig ang kalooban ng asawa, —walang bagay

iyang. Tayo nang magsimba. Nesting sasama ka ba?

—Aba, oo, mangyari pa? —at noon di'y hinubad ang bata niyang suot at magiliw na hinarap ang asawa. —Nalalaman kong hindi ka palasimba, —at sinundan ng sariwang halakhak, —nguni't magagalak si Ambo kung makikiisa ka sa aming pagdarasal.

—Ang mga lalaki ang mapapat magsimbang lagi, —at masuyong yumapos pa si Belay sa baywang ni Ernesto, —kayo ang malimit magkasala. Lalong nagiging matahimik ang pagdarasal ko kung ako'y nasa bahay.

Sandali lamang ang ipinaghintay at lumabas nang nakabihis si Ernesto. Bagama't nagdaan kay Rita ang kainitan ng ulo, ay nakadama siya ng kasiyahan nang malaman niyang si Ernesto lamang ang sasama sa pagsisimba at maliwan na si Be-



Lihim na Lihim

NOBELA NI FRANCISCO M. VASQUEZ

lay. Hinalikan pa ni Ernesto si Belay bago nanaog.

Nang nasa lupa na sila't magsasakayan na lamang sa awto, biglang nagbago ng isip si Justang Bunganga.

—Mr. Martinez, — ang kanyang wika, —hindi na ako sasamang magsimba sa inyo. Gagabihin akong lubha sa pag-uwi, e.

Pipigilin sana ni Don Pablo si Justa nguni't inunahan siya ng sagot ni Rita.

—Ikaw ang bahala. May trabaho pa nga, bukas, e.

Wala nang naisagot ang dalawang lalaki. Walang nakapansin sa gayong pagbibigay-luwag ni Rita kay Justa kundi si Ernesto. Nalalaman niyang ibig ni Rita na sila na lamang tatlo ang lumakad, at kung maáari, pati na si Don Pablo ay umuwing mag-isa. Naisipan ni Ernesto na dapat siyang humanda sa matali-

nong pag-iingat. Oras na magkaruon ng masamang hinala si Don Pablo'y mawawasak ang kanilang pagsasama't pagkakaibigan.

Sa loob ng kotse'y nakapagitan si Rita sa dalawang magkaibigan. Naging masaya si Rita at mandi'y nalimot na ang kinikimkim na yamot sa pakikipagtalo kay Belay at poot na sumiklab nang mabasa nang bahagya ang kanyang damit sa kawalang ingat ng utusang si Kobang.

—Pagbutihin mo, Nesting ang pagdarasal mo, —pagbibiro pa niva kay Ernesto at sinundan ng tawa at isang lihim na kurot sa hita niyon.

—Talagang taimtim kung kami'y magdasal ni Nesting, —masigle ang tinig ni Don Pablo, —kaya naman kinakasihang kami ng Divos sa aming pangangalakal. Ang mga tapat na tao'y lagi nang

pinapagtatagumpay ng la-
ngit.

Lihim na natutuwa si Don Pablo sa mabuting pakita ng asawa niya kay Ernesto. Hinahangad niya na huwag sanang maging paimbabaw lamang ang gayong mga pagbibiro ni Rita. Ibig niya'y makasundo ni Rita at maging magkaibigan matalik laluna si Belay na sa wari niya'y pinag-iinitang lagi ng kanyang magandang asawa.

Magkakahanay silang nakaluhod sa harap ng Mahal na Patron Nazareno. Nasa gitna rin ng magkaibigan si Rita. Umuusal sila ng kaniyang mga dalangin. Taimtim ang pagpapasalamat ni Don Pablo dahil sa panunumbalik ng kapayapaan sa loob ng pagawaan. Iba naman ang hinihiling ni Ernesto.

—Pagbaguhin Mo po, Diyos ko, ang kalooban at laman ng puso ni Rita, — at nakapako ang kanyang mga mata sa mukha ng Mahal na Patron. —Bigyan Mo po ako ng tibay at lakas ng loob nang hindi ako magkasala sa Iyo at sa aking matapat na kaibigang si Ambo.

Subali't lalo namang iba ang ibinubulong ng puso ni Rita samantalang nakayuko siya't halos mangalaglag ang luha sa pag-usal ng taimtim na dalangin. Hinihingi niya sa Mahal na Poong Nazareno na nawa'y tulungan siya sa madaling pagkahango sa kinabulusukang pagtitiis dahil sa pagsunod niya sa kanyang ama.

—Huwag Mo pong ipahintulot na magluwat sa malungkot na pagkabilanggo ang aking pag-ibig, —ang kanya pang bulong. —Nalalaman Mo, Diyos ko, na hindi ko iniibig kamunti man si Ambo. Nabatid Mo ring sa buhay kong ito'y iisang lalaki lamang ang pinag-uukulan ko ng tapat at wagas na pagmamahal

Nang magtindig si Don

Pablo'y sumunod naman si Ernesto. Hinintay pa nilang makapag kurus si Rita bago sila sunud-sunod na lumabas sa pinto ng simbahan na masasaya at nangagsisiasang matatamo ang mga idinalangin nila sa bisa ng mataimtim na pananampalataya.

Samantala, sa kabilang dako naman, si Belay at ang dalawa niyang utusan ay nangag-uusap naman sa paligid ng nagliliyab na batang sutla na pasalubong ni Rita kay Ernesto. Tumighaw-tighaw ang galit ni Belay nang makitang unti-unting natutugnaw ang batang iyon na naging simula nang pagkakahalatang si Rita'y may lihim na pagtingin sa kanyang asawa.

—Sinayang ninyo, Senyora, —anang naghihimutok na si Bebot, —bugung-bago pa naman ang batang iyan. Magagalit sa inyo ang Senyori-to'y Ernesto.

—Magagalit, —at napahalakhak nang pakutya si Belay, —e, kung magalit siya, natatakot ba ako?

—Mabuti nga hu, Senyori-ta, —ang panunulsol ni Kobang, kung ako kayo'y...

—Kobang, —ang sigaw ni Bebot, —magtigil ka na sa pang-uupat mong iyan. Bakala malaman iyan ng Senyori-to'y pati ako'y...

—E, ano, —at pinandilatan ni Kobang si Bebot, —hindi ba tutuo? Hindi ba...

—Kobang... —muling sigaw ni Bebot na sunud-sunod ang kaba ng dibdib.

Sa papaano'y naibalita na sa kanya ni Kobang ang narinig na pag-uusap ni Rita't ni Ernesto sa ibaba ng hagdanan. Gayon na lamang ang pagpigil niya kay Kobang na huwag ipagtatapat ang bagay na iyon sa kanilang Senyori-ta Belay sapagka't pagbubuhatan ng malaking gulo sa loob at labas ng tahananang iyon.

—Nguni't malabis ang kasundan sa nahina-40





SINULAT NI
TEODORO VIRREY

GAYON, na lamang ang palakpakan nang matapos sa pagkukuwento ang prinsipe. Lahat sila'y nasisiyahan at ang haring Cleopas ay nagtindig. Nilapitan ng hari ang prinsipe at binati, at pagkatapos ay binandugan ng luklukan.

Nang makaraan ang ilang sandali, ay humarap sa kapulungan ang unang ministro at ang sabi:

—Dakilang monarka... nakahanda na po ang susunod na magkukuwento. Sila-po'y isang prinsipe at buhat sa silangan.

—Kung gayo'y patuluyin siya... tugon ng hari.

Lumisan ang ministro at walong anu-ano ay tumunog ang trompeta ng mga heraldo.

Isang batambatang prinsipe ang napagitna. Makisig siya at magandang lalaki.

—Pinagpipitaganan kong monarka... bayang Seledonia... —simula ng prinsipe —ako po'y prinsipe duon sa Malaya at Maradya ang aking pangalan. Kung ipahihintulot ninyo ay nais kong mapalahok sa paligsahan ito.

—Maligayang pagdating, mahal na prinsipe... —tugon ng hari.

—Salamat po.

—Magpatuloy kayo prinsipe Maradya at makikinig kami.

Muling nagbalik ang katahimikan. Ang prinsipe Maradya ay tumayo sa may kalagitnaan ng bulwagan at aaka nagsimula:

II

May isang hari na apat ang asawa. Si Tarabani ang pinakabatang asawa ng hari at siya'y kinayayamutan ng tatlong matandang asawa ng hari.

Ang apat na asawa ng hari ay may tig-isang anak na lalaki, nguni't ang anak ni Tarabani ay si-

yang pinakamaliit at masasakitin. Isang araw ay kinausap ni Tarabani ang kanyang asawa.

—Ang mabuti yata ay dalhin ko ang prinsipe Turimbao duon sa itaas ng aming bundok upang magpalakas. Lagi na siyang may sakit.

—Ikaw ang bahela, asawa ko. Ingatan mo lamang ang ating anak at pilitin mong mahubog siya sa magandang asal.



Si Tarabani ay duon sa malayong bayan naligawan ng hari. Siya'y anak mahal din nguni't kabilang sa isang pangkat ng mga taga bundok

At ang mag-ina ay nagtungo sa pook na kinamulan ni Tarabani. Ang prinsipe Turimbao ay kailangang lumakas pagka't payat.

Ilang mahabang taon ang nakalipas. Ang prinsipe Turimbao ay binata na. Nagyon at silang

mag-ina ay maligayang nabuhay ruon sa itaas ng bundok.

Simula nang sila'y lumipat duon ay ayaw na ni Tarabani magbalik sa palasyo dahil sa kanyang pagkamuhí sa iba pang mga asawa ng kanyang asawa.

Ang prinsipe Turimbao ay naging magandang lalaki, malakas at kilabot sa tapang. Mahusav siyang humawak nang anumang sandata at batikang sumakay sa

papalaban sa digmaan ang aking ama. Ibig ko siyang matulungan.

—Hindi papayag ang iyong ama pagka't bago lumabas sa larangan ang isang prinsipe ay kailangan magkaruon siya ng dalawang taong gulang.

—Ako na ang bahalang gumuwa ng paraan... kaawaawa naman ang aking ama. Baka magapi ng ibang bayan ang kanyang bansa.

—Ikaw ang bahala anak ko, nguni't mag-lingat ka lamang pagka't wala akong ibang kaligayahan sa buhay kundi ikaw.

Nagyakap ang mag-ina at si Turimbao ay umalis.

Upang matanggap si Turimbao sa hukbo ng kanyang ama ay humarap siya sa hari nang di nagpakilala. Wala siyang sinabi kundi isa siyang mamamayang ibig makatulong.

—Ikinagagalak ko dinata ang maganda mong hangarin, —tugon ng hari sa anak na di nakikilala.


—Kung talagang marunong kang sumakay sa kabayo at humawak ng sandata ay ipagkakatiwala ko sa iyo ang isang malaking pangkat ng mga kawal upang harapin ang kalaban.

—Salamat po, dakilang monarka.

Agad pinalabas sa larangan si Turimbao at dahil sa katalinuhan niya ay hindi nalaunan at naitaboy niya ang mga kalaban.

Gayon na lamang ang tuwa ng hari. Pinapurihan nang buong bayan ang binatang matapang.

—Dahil sa ipinamalas mong kagitingan, —sabi ng hari kay Turimbao nang idinaraos ang isang pagdiriwang sa karangan ng di nakikilalang prinsipe, —ay nais ko sanang manatili ka na rito sa palasyo upang siyang tumingin sa



GINOO... LUMAYO KAYO
AGAD... ITO ANG KASTILYO
NANG MALUPIT NA HIGAN-
TENG ITIM... AT KAYO'Y
BIBIHAGIN UPANG ALI-
PININ.



NANG MAKARAAN ANG ILANG SANDALING PAGHAHAMOK
AY NABUWAL ANG HIGANTE AT LUMULUTANG SA SA-
RILING PUGO...

tatlong anak kong prinsipe. Si-
la'y matatanda kaysa iyo; nguni't
ang kanilang mga isip ay mus-
mos.

—Isang karangalan, mahal na
monarka ang tumingin sa mga
prinsipeng matanda sa akin, —
natutuwang sang-ayon ni Turim-
bao.

Nang una ay mabuti ang pag-
sasamahan ni Turimbao at nang
tatlong prinsipe, datapwa't nang
makaraan ang ilang araw ay pi-
nagsabihan ng mga ina ng tat-
long prinsipe ang kanilang anak
na huwag susundin ang ipag-uu-
tos ni Turimbao pagka't sila'y
mga prinsipe.

—Upang mapalayas ang ulol na
si Turimbao, —sabi isang araw
ng isang prinsipe sa dalawa ni-
yang kapatid, —ay magpaalam
tayo sa kanya at sabihin nating
huwag na tayong samahan pag-
ka't diyan lamang sa may labas-
ng bayan tayo mangangaso.

—Oo, —sang-ayon ng dalawa.

Nakipagkita nga isang umaga
ang tatlong prinsipe kay Turim-
bao. Sinabing sila'y mangangaso
sa may labas ng bayan, at si
Turimbao ay tumutol.

—Hindi kayo maaaring umalis
nang di ako kasama... malaki
ang pananagutan ko sa mahal na
hari kung sakaling may mangya-
ri sa inyong tatlo.

—Huwag kang mag-alaala...
hindi naman kami lalayo —Sa-
bi ng isa.

—Kaya na naming pangalaga-
an ang aming sarili, —dugtong ng
isa.

—Babalik kami agad... —sabi
naman ng isa.

—Kung magpapakabuti kayo
ay papayag ako.

—Salamat.

Hindi Akalain Na Ang Hinahamak, Siyang Sa Korona Ng Hari'y Hahawak.

Ang tatlong namumuhing prin-
sipe sa kapatid na di nakikilala
ay magkakasamang lumabas ng
bayan. Datapwa't hindi sila tu-
nay na mangangaso. Sila'y luma-
yo upang magtago at kung hindi
sila sisipot sa palasyo ay tiyak na
magagalit ang hari at si Turim-
bao ay palalayasin.

Tatlong araw ang nakaraan at
ganyan na lamang ang pagkaba-
lisa ni Turimbao nang di nagba-
balik ang tatlong prinsipe.

—Saan nagtungo ang aking
mga anak at pinayagan mong hin-
di ka kasama? —namumula ang
mukhang usisa ng hari.

—Ang sabi po nila'y huwag na
akong sumama at babalik sila
agad, —tugon ni Turimbao.

—Hindi ka pala maaaring pag-
katiwalaan... Sulong, hanapin
mo ang aking mga anak at ka-
pag hindi mo nakita ay ipapupu-
tol ko ang iyong ulo.

Masama ang loob na sumakay
sa kabayo si Turimbao at luma-
bas ng bayan. Kailangang hana-
pin niya sa lahat ng sulok ang
tatlong prinsipe pagka't kahiya-
hiya sa hari.

Sinaliksik na lahat ni Turimbao
ang mga gubat at ang tatlong
prinsipe ay hindi niya matagpuan.



MGA ANAK KO... IBIG KONG
MAKILALA NINYO NGAYON ANG
TAGAPAGMANA NG AKING
KORONA...

At isang araw, samantalang si
Turimbao ay naglalagos sa isang
kaparangan ay nakakita siya ng
isang malaki at magarang kastil-
yong yari sa marmol na itim.

Lumapit siya sa kastilyo at
isang magandang babae ang na-
nungaw at ang nasisingdak na
sabi:

—Ginoo... lumayo kayo agad...
ito ang kastilyo nang malupit na
higanteng itim at kayo'y bibiha-
gin upang aliphin.

Magsasalita sanang talaga si
Turimbao at magpapasalamat,
nguni't hindi na naisagawa pag-
ka't biglang lumabas sa pinto ng
magarang kastilyo ang isang hi-
ganteng itim.

Nang makita ng higante si Tu-
rimbao, ay nanlaki ang mga mata
at nakabuka ang mga bisig na si-
nugod ang prinsipe.

Maliksing tumalon si Turimbao
at hinawakan ang kanyang espada.
Tinabig ng higante ang ka-
bayo ng prinsipe at sinunggaban
si Turimbao, datapwa't ito naman
ay ubos kayang tinaga ang ka-
may ng higante.

Nang maramdaman ng higante
ang sugat sa kanyang kamay ay
lalo pang nagalit. Walang patu-
mangang pagsugod ang ginawa,
nguni't sa tuwing ilag si Turim-
bao ay isang ulos nito ang ibini-
bigay.

Nang makaraan ang ilang san-
daling paglalamas ay nabuwal
ang higante at lumutang sa sa-
riling dugo.

Agad pinasok ni Turimbao ang
magarang kastilyo at duon ay na-
tagpuan niyang nakukulung ang
tatlo niyang kapatid. Ang babae
palang nagpagunila kay Turim-
bao ay isa namang prinsesa na

Sundan sa pahina-83

Ang PAMANANG Binhi

NOBELA NI

GREGORIO C. COCHING

BAKAS NG NAKARAAN:

Magandang balak na sinabi ni Sisang sa kanyang anak tungkol sa isang dakot na maning pamana sa kanya ng Ama niyang nana mayapa na sa kabilang buhay...

Ang mag-iikang utala'y makikita nating naglilina sa isang munting pitak na buhanginan ng binubuwisan nilang tumana, at bilang simulang pagsasakatuparan ng naturang balak ay matiyagi silang nagdudukal sa pamamagitan lamang ng kanilang bisig at asarol; palibhasa'y wala pang kanyang umupa ng kalabaw na magagamit sa pag-aararo... MAGPATULOY TAYO:

(IKA-27 LABAS)

AGKA-UMAGA

nang bago pa lamang namamana ang buhanginang liwayway, at sa tuwing dapit-hapong pagkagaling sa eskwela, ang batang si Danilo'y masikap at boong kagitingang nakikibahagi sa hirap at pagod ng sinta niyang magulang na nagdudukal ng lupa. Magkatulong sila sa pagpapatulo ng pawis...

Habang si Danilo ang nag-aasarol at nagbabasag ng tiningkal ay ang kanyang ina naman ang naghihimutmot ng mga layak at gumagawa ng tudling; at sa pagitan ng mga punlang kamatis itina-nim ang ilang butil na binhi ng maning iyon.

At samantala...

Sa gayon ding sahoi na paraan nang pagsisikap, ang lahat ng dakong nasasakop ng pinagyayaman nilang tumana ay kanilang pinupuno ng sari-saring halamang gaya ng kamote, talong, sitaw, batay, sigarilyas, ampalaya, munggo, siling labuyo at iba pang pananim na siya nilang ipinag-aagdong-buhay.

Karamihan sa nakakalap nilang gulav na kanilang pinagtatali-tali, madilim-dilim pa sa madaling-araw ay sunong na ni Sisang ang malaking bakol, pasan naman ng anak ang munti niyang batulang, at sugod na sila nang pagpasok sa kabayanan ng Concepcion upang itinda ang mga iyon sa pamilihan.

Ano pa't sa pagtataguyod ng banal na panata, at sa lahat ng gawaing pangkabuha-

yan ni Sisang ay maliliit na kamay ni Danilo ang lagi niyang kasawili at karamay-damay tuwina.

Kung sa bagay, ipinatatawag siya ng mabait na Pari sa Concepcion upang magturo uli sa paaralan ng Kumbento, nguni't ang magandang alok na iyon ay may pagpapasalamat niyang tinanggihan, sapagka't ibig niya'y maging malaya sa pagkilos upang maharap nang walang sagwil ang napasimulan na niyang pagtuklas ng kapalaran sa tulo ng sariling pawis.

Samantalang gayon...

Kinasihan naman ng Dios, na diwa'y nakahiyang ng mga tanging binhing galing sa Mexico ang singaw ng ating lupain, kaya't sa isang dakot na ipinunla ay walang nasayang at halos lahat ay tumuhong mabulas, parang sumubong bula ng sinain ang paglago; at nang dumating ang araw ng pag-aani ay nakadukal sila ng mahigit sa inaasahan nilang laman.

Mangyari'y buhat sa isang dakot lamang na butil ng bagong uring iyon ng mani ay kumalap sila ng labis pa sa

siyam na salop.

At ang lalong kasiya-siya ay higit pang malalaki ang ibinigay na butil kaysa itina-nim nilang binhi, bukod pa sa natatanging linamnam at masaganang langis.

Kaya't gayon na lamang ang kaligayahan ng mag-ina, at walang pagkasiyahan sa tuwa ang batang si Danilo.

—Naku, ang dami-daming mani nitong nahukay natin, Inang! —ang nasabing pabulalas, nang makitang namaulo iyon sa sinidlan nilang ti-klis.

—Oo nga, anak!... —masaya ring tugon ng ina, at magkadaop ang mga kamay na nagpukol ng sulyap sa rurok ng papawirin. —Hindi binigo ng Poong Maykapal ang ating pananalig...

—Ano po ang gagawin natin dito ngayon... —may pananabik na tanong ng ating maliit na bayani, —ipagbibili po ba natin ang iba at ang

iba'y ating kakanin?

—Aba hindi, iho... Maglalaga lamang tayo ng kaunti upang matikman kung talagang masarap nga kaysa karaniwang mani dito sa atin, at lahat iya'y itatanim din natin uli sa panibagong patakan ng ulan.

—Mabuti nga po... At naku, siguro'y hindi na salop-salop lamang kundi sako-sako nang mani ang ating maaani, ano po, Inang?

—Ganoon nga ang inaasahan ko. Kaya't kailangang pag-ibayuhin natin ang sipag at daragdagan mo ang paghingi ng awa sa Inang Mahal na Birhen upang ilawit sa atin ang pamamatnubay ng Kanyang tulong, pagka't nahaharap na tayo sa malaking gawain.

—Opo, Inang... —masilang salo ng anak. —At magdedebusyon po tuloy ako kay San Isidrong Pintakasi ng mga magsasaka para tayo'y



tulungan.

—Mabuti.

At gayon nga ang ginawa nila.

Samantalang nagda-da a n ang tag-init ay ibinibilad nila ang mga bibinhiing butil ng mani, at nang muling sumapit ang panahon ng pagtatanim ay hindi na munting pitak lamang kundi malaking bahagi na ng tumana ang nilalang nila.

Hindi pa rin sila gumagamit ng kalabaw. At sapagka't hindi na sapat ang asarol lamang sa malaking tanimang binibungkal noon, ay pangatawanan nilang binalikat ang mabigat na gawain sa pamamagitan ng lumang ararong nahiram ni Sisang sa kanyang inaama sa Kumpil. Ang ina ang humihila niyon, at ang munting anak ang umuugit. Kapuwa sila pawisang nagtitiyaga. Hindi mailalarawang hirap ang kanilang dinaranas, nguni't nagigingagaan din ang kapagalan, palibhasa'y pinapatnubayan sila ng magiting na lunggating maipagtagumpay na may kabanalan ang kanilang pagsusumakit. Hindi sila nag-iinda ng pagod, sapagka't sa dako roon ng sinasalunga nilang Kalbaryo'y kanilang natatanaw ang unti-unti nang pagngiti ng magandang Kabalaran sa hinaharap.

Sa gayo'y mangyari pang lahat ng tao sa nayon ay humahangang may pagkahabag

Bawa't Nagpupunla Ng Pighati't Dusu, Siyang Umaani Ng Tuwa't Ginhawa...

sa nakikitang tiyaga ng maginang uliran. Hindi na iisa, o dadalawang binatang nakaririwasa sa buhay, na nararahuyo sa sipag at sariwa pang kagandahan ni Sisa ang naghahain sa kanya ng pag-ibig at magiliw na pakikiramay, datapuwa't kagaya rin ni Ines, ay boong kabanalan at tigas ng loob siyang nagpakatibay sa kanyang pangakong hindi na muling mag-aasawa.

Ano pa't lahat ng talisyong naglulunggati sa kanyang dilag ay pawang humanantong sa pagkabigo. Nakangiting pinasasalamatan niyang kalakip ng malumanay na pagtangi ang lahat ng nagpapahayag sa kanya ng magandang hangarin, kaya naman siya iginagalang at walang sinumang nangangahas na lumapastangan sa kanyang pamamanata.

Minsan...

Isang gabing kapapanaog lamang sa kanilang dampa ang isang umakyat na mangliligaw ay ano ba't si Danilo'y nakaisip magtanong sa kanyang Nanay na:

—Ibig po ba ninyong mag-aasawa uli, Inang?

—Bakit mo naitanong sa akin iyan, anak ko? —pata-

nong ding sagot ng magiting na babae.

—Mangyari po'y nakikita kong hirap na hirap kayo sa ating paghahanap-buhay. Bakapa po meron kayong iniibig sa mga nangililigaw sa inyo ay hindi po bali... masakit man sa aking loob ay hindi ako tututol na kayo'y mag-asawa uli, para kayo naman ay guminhawa, at...

—Hindi na!... —nakangiting salag ni Sisang at pina-ningiliran ng luha sa mga matang nayapos nang mahigpit ang anak. —Hinding-hindi na. Aug aking pag-ibig ay kasamang nabaon sa hukay na pinaglibingan sa iyong ama, at ako'y walang pag-ibig upang ang isa'y ibigay ko pa sa ibang sumusuyo sa akin.

—Nguni't kayo po'y...

—Hindi na sabi!... —at kasabay na tinutop ng palad sa bibig ang bata. —Ayoko nang marinig na bukhin mong muli sa iyong bibig ang mga salitang iyan... Dapat mong malamang kung may-roon man akong puso at may nalalabi pang pagmamahal ay sa iyo ko na lamang ini-

uukol. Ikaw na tanging sanglang naiwan sa akin ng iyong ama, ay siya ko na lamang ituturing na kasuyo at gigiliwin habang ako'y nabubuhay... Saka ngayon pa ba ako magpapakasira? Ngayon pang nakikita ko na ang pamamanaag ng ating tagumpay!... Ngayong halos natitiyak ko nang magagantimpalaan ang ating pagpapakasakit... malapit nang hilaban ang lupa sa kalusugan ng ating pananim; at gaya ng iyong inaasahan ay pihong laksa-laksa at yuta-yutang butil ang ating maibabangan...!

Dahil sa gayong pahayag ng ina ay nagliwanag ang kani-kanina lamang ay nangungulimlim na mukha ni Danilo.

At doon natapos ang saradaling pag-uulayaw ng magina.

Sa madali't salita ay wala pang dalawang buwan ang nakalilipas at hindi nga nagkabula ang inaasam ni Narsisa. Kagilagilalas na biyang hulog ng langit ang iginanting kapalit ng kanilang mga hirap, pagka't nang madukal ang kanilang pananim ay nakaani sila ng higit sa

Sundan sa pahina-38



KAPUWA SILA PAWISANG
NAGTITIYAGA. HINDI
MAILALARAWANG HIRAP
ANG KANILANG DINARANAS...



Ang Tangi Kong Pag-ibig

NOBELA NI Dr. FAUSTO J. GALAURAN



BAKAS NG NAKARAAN:

Gayon na lamang ang pagkabala ni Jovita, nang hindi matagpuan ng teleponista si Dr. Enriquez. Nang hindi na makatagal si Jovita, ang ginawa ay hiritam ang balabal ng teleponista at siya ang lumabas ng pagamutan upang hanapin ang manggagamot, na siya niyang ibig tumistis sa mga napahamak sa nabanggang sasakyan. Natagpuan naman niya ang Doktor. Nagtaka si Dr. Enriquez kung bakit gayong lampas na sa oras ng kanyang paggawa ay siya pa ang piliit na hinanap ni Jovita upang tumistis sa mga napahamak. Napatungo si Jovita at natulo ang luha nang itanong ng manggagamot kung ano niya ang mga napahamak. Walang anuno'y nakapagsalita si Jovita na siyang itinalala sa kanya na Doktor, na may pagtatangi siya sa isa sa mga napahamak. Napinsala ang dalawang mata ni Sergio na maaari niyang ikabulag. Si Jovita ang naatasang magbantay ka Sergio. MAGPATULOY TAYO...

(IKA-15 LABAS)

KAILAN man ay hindi nalipos nang pagkabalisa si Jovita na katulad nang gabing yaon. Pilitin man niyang ipikit ang kanyang mga mata at waling-bahalin ang bagong suliranin ng kanyang puso ay wala ring mangyari. Gayong hapung-hapo naman siya, gayong latag na latag ang kanyang katawan sa malambot na hihigan sa loob ng kanyang silid, ang dalaga'y hindi rin mapalagay. Sali-salimuot na gunitain na nagpapalito sa kanyang isip ang dumadaig sa kanyang hangad na siya'y makatulog.

—Ano ang nangyayari sa akin, Diyos ko!... —ang naidang na lamang sa sarili ng dalaga sa laot ng pag-iisa at paghihinagpis. —Bakit ako nagkakaganito?...

Buong akala niya ay matatamo na niya ang kapayapaan ng budhi at ng kaluluwa sa loob ng isang pagamutan ng mga banal. Buong akala niya ay hindi na siva pahihirapan ng kanyang puso at damdamin. Nang siya'y

mapulot ng isang mapagpalang matandang babae sa gilid ng isang liblib na lansangan at dalhin siya sa ospital ay nabuksan sa kanyang paningin ang isang bagong liwanag na sinumpaan niyang susundan hanggang nabubuhay. Nang siya'y magkamalay matapos siyang pagyamanin at gamutin ang kanyang malalim na sugat na likha ng patalim ni Carding ay natalos niya ang di matingkalang kabanalan at pagpapakasakit ng mga madreng iyan sa kapakanan ng pananampalataya at ng sangkatauhan. Sa loob ng ospital na yaon ay natuto siyang lumimot sa anumang kaway ng daigdig, natuto rin siyang suriin at siyasatin ang sariling kabuhatan.

Ang sunod-sunod na pangyayari sa kanyang buhay,

Nalilimot Ng Tao Ang Kanyang Sinumpaang Tungkulin. Kailanma't Ang Nabibingit Sa Pangarap Ay Ang Kanyang Pinakamamahal.

ang patong-patong na hira, na tulad sa malaking kurus na kanyang pinasan, ay nagbukas sa kanyang isip upang harapin ang isang bagong pagpapakasakit. Tinalikdan niya ang mundo, lumayo at tumakas siya sa kasaganaan at kalayawan ng katawan, at sa loob nang mahigit sa isang taon, si Jovita'y naghanda, nagpakahirap, nagpakabanal upang maging marapat sa pagbabagong buhay!

Datapuwa't hindi niya akalain na ang kanyang pananamihimik sa piling ng mga banal ay muling dalawin ng pagkabalisa. Nang makita niya ang mukha ni Sergio na dugu-duguan, walang malay-tao, at nakahandusay sa isang kamilya ay parang napunit ang kanyang puso, nawasak ang pintong nakapinid sa kanyang dibdib upang muling pakita ang dating damdamin. Sa mga oras na yaon ay nag-

balik na muli sa dalaga ang kanyang kahapon, muling nariwa ang lantang damdamin ukol sa binata, at sa gitna ng kanyang kabiglaanan ay nalimot niya ang kanyang sinumpaang tungkulin, mailigtas laman sa kamatayan ang binatang pinapanginoon niya sa daigdig!

Napabangon tuloy si Jovita sa pagkakahiga. Isinubsob ang mukha sa dalawang palad at saka napahikbi!...

—Diyos ko!... —ang kanyang nasambit sa gitna ng kalituhan ng kanyang isip.—Paano ang aking gagawin?...

Bukas ng umaga ay siya na ang magbabantay kay Sergio ayon sa utos ng matandang manggagamot. Ang utos na iyon, ang tinig na iyon ng doktor, ang mga matang iyon, huwag mang tiyakin ay nahuhulaan na niyang may

makarinig siya ng marahang katok sa pintuan. Binuksan niya ang ilaw-dagitab sa ulunan ng kanyang hihigan at saka tinungo ang pintuang pinanggalingan ng katok.

—Ikaw pala, Miss Reyes...

—ang kanyang wika.

—Salamat, gising ka pa pala, Sister, — ang wika ng nars. — Nagbabalisa ang pasyente ni Doktor Enriquez. Tinawagan ko, siya sa telepono at ang sabi sa akin ay gisingin ka upang...

—Ang kanyang "order" ay naroon sa "chart" ng maysakit, Miss Reyes.

—Tila nahihibang at tawag nang tawag...

—Tawag nang tawag?... Sino ang tinatawag, ang doktor ba?

—Hindi, sister, isang... pangalang babae...

Lumakas ang tahip ng dibdib ni Jovita at noon din ay nagbihis.

—Paparoon na ako. Miss Reyes. Mauna ka na at bakala malaglag sa kama ang maysakit.

Sa mahabang bulwagan ng ospital ay nasalubong pa ni Jovita ang matandang madreng nanunungkulan sa magdamag.

—Magandang gabi po, madre... —ang kanyang bati.

—Aba, Cecilia, "duty" ka ba ngayon?...

—Hindi po... este, nagba-



balisa raw po ang maysakit na inopera kanginang umaga. Ipinatawag po ako ni Doktor Enriquez...

At hindi na niya nadugtungan pa ang sasabihin, nuon din ay nagmadaling nagtungo sa silid ni Sergio samantalang ang matandang madre ay naiwang nakatingin sa kanya.

Natagpuan niya ang bintang maysakit na naglililiyad sa kama, nakasuntok ang dalawang kamay, nakatim ang bagang at larawan ng isang lalaking nagdaramdam ng matinding sakit sa katawan. Sa gawing ulunan ay naruon si Miss Reyes at pigil-pigil ang bisig upang hindi mahulog sa hihigan.

—Masakit!... Masakit na masakit ang mata ko!... — patilm-bagang na daing ng maysakit.

—Miss Reyes, —ang anas ni Jovita. —Ano ang iniha-handa mo?

—Tuturuan ko ng demerol sana, nguni't hindi ko maiwan ang maysakit at kasalukuyang nagbabalisa.

—Bayaan mo ako... —at tinungo ni Jovita ang lalagyan ng gamot.

—Diyos ko!... Bago sana ako mamatay ay makita ko man lamang si Jovita!

Muntik nang malaglag ang heringgilyang hawak ni Jovita nang marinig ang kanyang pangalan. Nagsikip ang kanyang dibdib, hindi siya makahinga...

—Huwag kayong magkikilos... — ang awat ni Miss Reyes samantalang pigil-pigil ang bisig ng maysakit. —Mabibinat po kayo niyan...

Natahimik nang bahagya ang nakahiga. inilatag ang katawan. Tila gumaang ang kirot ng mata pagka't nawala ang paninigas ng panga dahil sa pagtitiis.

—Ang mata ko... — ang mahinang wika... — Bakit

may tapal ang aking mata?

Mabubulag ba ako?... Hindi na ba ako makakakita?...

—Kung kayo'y magkikilos ay baka ganyan ang mangyari... —ang paalala ng nars.

—Kaya tumahimik kayo... Lalagyan kayo ng ineksyon ni Sor Cecilia.

—Sor Cecilia?... Ano ang ibig ninyong sabihin? Saan ako naruroon? Ako ba'y nasa bahay ng mga madre?...

—Hindi po... Narito kayo sa ospital... Nagkaroon kayo ng sakuna kahapong madaling-araw...

—Oo nga... lasing na lasing ako noon... Sapagka't kung ako'y lasing at umiikot na ang aking tingin sa alak ay-saka ko nakikita si Jovita na nagsasayaw sa ibabaw ng bula ng serbesang aking ini-

inom.

—Sinong Jovita —tanong ng nars. — May asawa ba kayo?

—Haharap na sana kami sa dambana, nguni't...

Hindi naipagpatuloy ni Sergio ang pagsasalita sapagka't nakaramdam siya ng manipis na kamay na biglang pumigil sa kanyang kaliwang bisig.

—Aray!... Sino iyan?... —ang biglang tanong.

—Lalagyan kita ng ineksyon, Sergio!... —marahang wika ni Jovita at saka itinurok ang dalang gamot.

Kung hindi lamang mamlam ang ilaw sa loob ng silid sana'y nakita ni Jovita

Sundan sa pahina-42

AKO PALAY INOPER-
RA SA MATA... MAA-
ARI PALA AKONG
MABUHAY...

MAY AWA ANG
MAYKAPAL. HINDI KA
NIYA PABABAYAAN...



Dugong NAHAL

*** NOBELA NI EMILIO MAR. ANTONIO

BAKAS NG NAKARAAN:

Nakipagkita si Sidro sa kanyang dating kaibigang si Dr. Ricardo Valmonte. Ikinagalak nito ang tinamong magandang kapaliran ng kaibigan sa panginibang bayan. Ipinagtapat ng manggagamot kay Sidro ang kanyang hangaring makaganti ng utang na loob kina mang Andong at sa anak nitong si Rading.

Pinulong naman ni mang Andong ang pangkat ng mga tauhang hindi nasisiyahan sa pamamalakid ng tagapangasiwang si Martin sa asyenda. Gumawa sila ng isang kahilingan upang iharap kay Don Alipio. **MAGPATULOY TAYO:**

(IKA-16 NA LABAS)

ANG mabalitaan ng matandang katiwulang si mang Andong na si Don Alipio at si Donya Lucila ay umuwi sa Kabatuhan upang doon makipag-"Tatlong Hari", ay inisip niyang samantalain ang gayong pagkakataon upang iharap

ang kanilang kahilingan. Noon din ay ipinatawag niya sa kanyang anak na si Rading sina mang Gorio, Doming at Mando upang isangguni ang binuo niyang balak.

—Bukas ng umaga ay magsihanda kayo, —bungad ni mang Andong nang makaharap na niya ang tatlong magsasakang kanyang ipinatawag, nabalitaan kong magsisiuwi sina Don Alipio sa Kabatuhan, mamayang hapon. Ibig kong iharap na natin sa matanda ang ating mga karaingan.

—Napapanahon na nga po ang paghaharap natin niyan, —nasisiyahan namang sagot ni mang Gorio. —Sino po naman ang inaakala ninyong makakasama natin sa pagharap kay Don Alipio?

—Kayo na lamang tatlo, —tugon agad ni mang Andong. —Nguni't may palagay akong ang lalong mabu-

ti'y magsama pa tayo ng dalawa o tatlong babae; gaya halimbawa nina kumareng Tikang at aling Selang. Naniwala akong sa alin mang sigalot o mabigat na suliraning tulad ng ihaharap natin sa don, ang mga babae ay may malaking nagagawa sa pagpapalubag ng loob ng

isang lalaki. Malay natin kung si Don Alipio ay mabigla at sumulak agad ang dugo sa galit sa ihaharap nating kahilingan. Nguni't kapag nasa harap niya ang mga babang karapat-dapat na pagpitaganan ay maaaring magbagong bigla ang kanyang kalooban sa pakikitungo sa



-BIGLANG NAPATINDIG SI DON ALIPIO... AT NAPASUNTOK PA SA IBABAW NG KANYANG MESA, BAGO NAGSALITA...

Puhuna't Paqqawa, Paq Naqkasigalot Ay Napakahirap Ayusin Ang Gusot.

atin.

—Iyan po ang tama, — sang-ayon agad ni Doming. — Ang mabuti po yata'y magsama pa tayo ng isang magandang dalaga, e.

—Hindi na kailangan iyon. —tugon naman ni Mando. —Ang lalong mahalaga'y ang mga maybahay natin ang ating isama, sapagka't sila ang ina ng ating mga tahanan, na makapaglarawan ng ating hirap at ng dinaranas na kasahulan ng ating mga anak.

—Iyan ang lalong mabuti, —mahinahong wika ni mang Andong sa mga kahirap. — Kaya, humanda kayo at lalakad tayo bukas ng umaga. Kayo na rin ang bahalang magbalita sa iba pa nating mga kasamahan tungkol sa gagawin nating ito.

KINABUKASAN...

Maangang nagsidating sa tahanan ni Don Alipio sa Kabatuhan ang matandang katiwalang si mang Andong at ang mga kasama nitong magsasakang sina mang Gorio, Mando at Doming; Pag-alinsunod sa kanilang napagkasunduan, kasama rin ni mang Andong sina aling Tikang at aling Selang sa pagharap sa don.

Nang makita ng hardinero si Kulas na ang mga dumating na dalaw nang umagang yaon ay pinangunahan ng matandang katiwala, karakang pumanhik ito upang ipagbigay-alam kay Don Alipio ang pagdating ng mga iyon.

Nagkataong si Don Alipio na katatapos lamang magagahan ay nasa kanyang sariling silid-tanggapan noon at nagbabasa ng isang pahayagang pang-umaga.

—May bisita po kayo... —magalang nguni't tila hindi magkantututong wika ni Kulas nang mabungad ito sa nakabukas na pinto ng silid-tanggapan ni Don Alipio.

—Ano kamo, Kulas, may bisita ako? —tanong ng don sabay bitiw sa binabasang pahayagan. —Taga saan daw sila?

—Buhat po sila sa inyong asyenda... ang halos pabilang tugon ng hardinero.

—Buweno, patuluyin mo sila.

Matuling ibinalita ni Kulas kay mang Andong ang pasabi ng don. Maingat namang nagsipanhik ang dating katiwala at mga kasama nito; at nang mabungad sila sa pinto ng silid tanggapan ay halos magkakapanabay silang nagbigay ng magandang umaga.

—Aba, Andong! —may pagkakamanghang sambitla ng don. —Ikaw pala! Tuloy kayo. Anong masamang hangin ang naghatid sa inyo at biglang napadako kayo rito? May mahalagang bagay yatang nilalakad kayo... —dugtong pa, ng don.

—Mayroon nga po, kung... —at hindi pa natatapos ang sasabihin ni mang Andong ay humadlang agad ang don.

—Maalaala ko pala'y nagsipag-almusal na ba kayong lahat? —at binalingan ng ti-

ngin ng don pati ng mga kasama ng kanyang katiwala.

—Opo, —magkakapanabay na sagot naman ng mga tinanong.

—Buweno, kung gayon ay magsiupo muna kayong lahat at saka natin pag-usapan ang inyong lakad. Anong mahalagang balita ang dala mo, Andong? —tanong ng don sa kanyang dating katiwala. —Ukol ba sa ating asyenda?

—Ukol nga po sa umiiral na pamamalakad sa asyenda, —waring nag-iingat na tugon ni mang Andong.

—Ano ang ibig mong sabihin, Andong, hindi kayo nasisiyahan sa pamamalakad ko? —napariing tanong ng don.

Sundan sa pahina-82



LAKAS NG NAKARAAN:

Galit na galit si Don Alberto. Masigasig siya sa paguusisa kung sino ang ama ng bata. Ipinatiwag ni Anita, na sa Partido Bautismo ay siya ang nakalagay na ama ng bata. Sa galit ni Don Alberto ay binirahan ng sampal ang kanyang asawa. Nang ulitin pa niya ang pananampal ay sinadi ni Anita na walang karapatan si Don Alberto na siya ay saktan. Sinabi ni Don Alberto, na ang panurusahan niya ay ang bata. Ang ginawa ni Anita ay nagkulong sa silid na kinalalagyan ng bata, tinawag ang utusang babae, ipinabalot ang bata at sinabing alis. Nang sabihin ng utusan na mainit ang noo ng bata, ang ginawa ni Anita ay inabutan siya ng isang PANYOLITONG BUGHAW at

sinabing itali niya sa leeg ng bata at ialis na niyang medali. Ipinagbilin ni Anita na dalkin niya ang bata sa malayo, ihabilin niya kani't kangino, nguni't kailangang sa malayo. Wala na ang utusang may dala sa bata ay patuloy pa ang pagkalampag ni Don Alberto sa nakapind na pintuan. Hindi ito binubukasan ni Anita. Walang anuano'y nakarinig si Anita ng kalabog sa salas na sumundan ng daing. Kinilabutan si Anita. Samantala, ang utusang si Doray na may dala sa bata ay malayo na, nguni't patuloy rin sa pagtakas. Sa may hagdanan ng isang bahay inirar ni Doray ang bata, na nakuha naman ng may bahay na si matandang Sebyo at ng asawa nitong si aling Petra. Nakita ng mag-asawa na ang lamping nakabalot sa bata ay may burdang FERNANDO. Magpatuloy tayo.

(IKA-9 NA LABAS)

AYON sa mga mediko ng gubyrerno si Don Alberto ay nagkaroon ng atake sa puso na siyang ikinamatay niyon. Sapagka't walang anumang bagay sa katawan na maaring maging dahilan ng paghihinalang siya'y pinaslang, ang kamatayan ni Don Alberto ay ipinahayag na isang katalagahan.

Ang pagkamatay ng kanyang asawa ay hindi gasingong dinamdang ng balo tulad ng pagdaramdam niya sa pagkawala ng kanyang anak at ng utusan na pinagkatiwalaan niya. Tumawag siya ng ilang lihim na tagahanap upang saliksikin ang lahat ng sulok ng bayan, mga ligaw na landas, burol at kabukiran. Sapagka't hindi rin naman tiyak ng mga tagahanap kung saan dako naglagalag ang utusang nawawala, sila'y nagsiuwing walang maliwa-

nag na balita. Ganoon pa man, si Anita ay hindi rin nawawalan ng pag-asang balang araw ay makikita niya ang kanyang anak na minamahal. Samantalang patuloy pa rin ang paminsan-minsang pagtuntong sa mga balita tungkol sa bata, kahi't na ang karamihan noon ay mga ligaw, minabuti ni Anita na manahimik muna sa bahay upang huwag siyang makarinig ng mga alingasngas na natitiyak niyang magiging buntot ng mga pangyayaring nauukol sa pagkamatay ng matandang mayaman.


May ilang araw pa lamang ang nakalilibas simula nang mamatay si Don Alberto nang tumanggap si Anita ng pasabing ang abugado ng pamilya ay dumating at humihingi ng pahintulot upang siya'y makapanayam. Ayon sa



MAGKANO PO ANG HALAGA NG LAHAT
KAYAMANANG INIWAN NG NASIRA?
MALUMANAY NA TANONG NG BALO.
ABA, NANDITO PO IYAN SA PAHINA
RES. SMENTOS KUWARENTA.

Panyolitong BUGHAW

Nobela ni M.M. DE LOS REYES



pasabi, kailangang-kailangan daw tanggapin siya pagka't siya'y mayroong mahalagang bagay na isasangguni sa balo. Bagaman at si Anita ay gulung-gulo pa ang isipan dahil sa mga kabiglaanang kanyang pinagdaanan, minabuti na rin niyang kausapin ang abugado upang malutas na ang lahat ng bagay na dapat pag-usapan.

—Magandang araw po, Donya Anita, —ang unang bati ng abugadong nakasalamin at may bitbit na *portfolio*.

—Magandang araw po naman, —at bigla siyang tumayo upang tanggapin ang bagong dating. Itinuro niya sa abugado ang isang mesa sa magandang bulwagan ng kanyang tahanan, kasabay ang salitang: —Dine na po tayo mag-usap.

Pinagmasdan ni Anita ang lumalakad na lalaki patungo sa mesang itinuro niya at biglang sumaisip niya ang kahulugan ng unang bating ipinasalubong sa kanya nito. Ang salitang *donya* ay bagong kataga sa buhay niya, kaya't kay Anita ay parang naghatid iyon ng isang balita na mula nang araw na iyon, siya'y gaganap na ng isang bagong papel, isang tungkuling kaiba sa lahat ng mga ginampanan na niya. Iyon ay nangangahulugang hindi na siya si Anita, ang mapagpakumbabang guro, kundi isang babaing tanyag at makapangyarihan at may huling kapasalahan sa lahat ng bagay na nasasaklawan ng pangalan at pagkatao ng namatay niyang asawa.

—Tila may mahalagang pakay kayo, Ginoong...

—Silvestre po, —dugtong ng abugado. —Ako po ang pinagkatiwalaan ng nastrang

si Don Alberto ng pag-aayos ng kanyang mga biyenes at narito po ang lahat ng mga kasulatan na inihanda ko.

—Tila punung-puno ang inyong *portfolio*, —pansin ni Anita. —Bakit po, maranu po bang papeles na dapat akong basahin?

—Ito po ang huling testamento ng nasira, —at madaing binuksan ang *portfolio* ng parang nalilitong abugado at sinimulan na ang paglalabas ng mga papeles na dala niya. Halatang-halatang siya ay may pagkanerbiyoso pagka't ang kanyang mga kamay ay nanginginig at parang utal na utal siya kung magsalita. —Kung pahihintulutan po ninyo ay sisimu-

ng balo at marahan niyang ibinaba nang bahagya ang kanyang salamin kaya't kukurap-kurap ang kanyang mga mata.

—Ano pong palakasan? —usisa ng nangangatal na abugado.

—Mga pampalakas ng kawatan, tulad ng *golf*, o *tennis*, —paliwanag ng balo, —o paglangoy... marunong ba kayong lumangoy?

—A, iyon po ba ang ibig ninyong sabihin? —Napangiti ang abugado nang marinig niya ang paliwanag ng balo. —Malakas po ang kawatan ko pagka't ako'y laging nagsisibak ng kahoy at sumasalok ng inumin. At kung minsan...e, bakit po

Sa Ina, Ang Lalong Mahalagang Lubha, Pag Ang Kanyang Anak Ay Siyang Nawala.

lan ko na ang pagbasa.

Napansin ni Anita na halos may isang resma angdami ng papel na inilabas ng abugado at para siyang nalula sa kataasan ng salansap. Napansin din niyang ang nangangatal na abugado ay nagsalamin na at huminga nang malalim upang pasinulan ang pagsasalaysay ng mga huling habilin ng kanyang namatay na asawa at natantiya niyang aabutin ng isang araw ang pagbasa non. Sapagka't siya'y hindi handa upang mag-abala ng isang buong araw, minabuti niyang huwag nang pakinggan lahat ang nilalaman ng huling kasulatan.

—Mr. Silvestre, —wika ni Anita nang anong magbabasa na ang abugado. —kayo po ba'y mahilig sa palakasan?

Parang nabigla ang abugado sa kakatuwang tanong

naman ninyo naisip itanong sa akin iyan, mawalang-galang na po?

—Wala po namang anumang, —sagot ng balo, —kundi naisip ko lamang na sa kinapal-kapal ng babasahin ninyo ay baka kayo'y kapusin ng hininga. —Mabuti po yata e, sagutin na lamang ninyo ang ilang katanungan ko upang tayo'y huwag nang mag-aksaya ng panahon. Marahil ay malayo pa ang uuwian ninyo at marami pa kayong ibang mga bagay na gagawin.

—Aba, wala po akong ibang bagay na kinaaabalahan, —wika ng abugado, —at ako po'y sadyang mapasensiya naman sa pagbabasa.

—Buweno, —pakli ng balo, —ako po naman ang sadyang walang pasensiya sa pakikinig, at saka marami pa akong ibang bagay na gagawin ngayong araw na ito. Kung ma-

ari po ay...

—Kayo po ang masusunod, —wika ng parang nagtatampong abugado, —nguni't hindi po *legal* iyang ginagawa ninyo, ayon sa Kodigo Sibila, alinsunod sa desisyon ng korte suprema sa kaso ni Belmonte bersus Belmonte...!

—Hindi ko po kamag-anak si Belmonte, —at biglang nandilat ang mga mata ng balo, —kaya't sagutin na lamang ninyo ako.

—Sige po, sige po, —at lalong nangatal ang abugado. Magtanong na po kayo! Sasagutin ko pong lahat!

—Magkano po ang halaga ng lahat ng kayamananang iniwan ng nasira? —tanong-sagot ng naging parang malimaling abugado. —Aba, nandito po iyan sa pahina *tres sientos kuarenta*, —at sinimulan na niya ang pagdaliri sa mga dahon ng kanyang hawak-hawak na dokumento. —Dito po lamang iyan, kasunod ng pahina *tres sientos treinta'y nuebe*!

—Bakit, hindi pa ba ninyo alam kung magkano? —at nagpakita na si Anita ng pagkabagot. —Hindi ba kayo ang gumawa niyan?

—Ako nga po; ako nga po; ako nga... —sunud-sunod na wika ng abugado. —Heto na po... madali po lamang iyan... heto po!

—Basahin ninyo!

—Ang kabuuan, ₱800,474.35 po, —anang abugado. —Iyan po ang tutal. Tama po iyan... ako pong lahat ang kumuwenta niyan. Bagungbago po ang *adding machine* na ginamit ko. Hindi po magkakamali iyan!

—Aba! —bulalas ng balo. —Katakataka!

—Ang laki po, ano? —parangya ng abugado. —Marami nga pong nagtataka diyan sa laki ng halaga. Iyan po (Sundan sa pahina 28)

I BIG niyang makaibis nang madaling-madali, nguni't halos wala siyang maraanan sa pinto ng sasakyang kanyang pana- naugan. Ibig na niyang alihan ng pagkapuot, subali't madali niyang naunawaang may katwirang mag- unahan at mag-agawan sa pagsa- kay sa kararating na kotse ang mga taong naggigititan sa pag- panhik. Hindi ibig magparaanan at isinisingit na pilit ng bawat isa ang kanilang katawan sa- pagka't sila raw ay marami nang oras na naghintay upang magka- puwang lamang sa "La Mallor-

ca".

—Pero, Ale, —ang napilitang wika ni Candido, —ako'y pababa! Bakit di ninyo ako bigyan ng da- an sa pag-ibis? Hindi ba't kayo rin ang maluluwagan kung maka- alis na ako rito?

—Ang hirap po, pareng ano, kung umibis pa ako ngayon dahil sa inyo ay hindi na naman ako masasakay sa biyahung ito, —ang sukli namang matuwid ng babae, na, salamat na lamang at nang makasingit nang kaunti ay nag- kapuwang din si Candido sa kan- yang pag-ibis.

—Naku! Kung alam ko lamang na ganito kahirap ang sumakay sa La Mallorca ay sa iba nang trak ako nakasakay, —ang nasabi sa- mantalang pinapagpagan ang da- mit na napuno ng maraming du-

mi at nalukot sa malaking gitgi- tang dinaanan.

—Ang hirap po, mama, —anang kasipitng naman na hindi rin nag- karoon ng pagkakataong mapasa- kay, —ay ibigin man ninyong su- makay sa ibang trak ay wala ka- yong masasakyan sapagka't sari- ling-sarili ng La Mallorca ang lin- ya rito sa ating bayan. Nagstisist nga po kami at di namn natang- kilik na mabuti ang Abtranco na nawala sapagka't di nakatagal sa kumpitensiya ng sasakyang iyan.

—Aba, eh... kayo naman pa- la ang may kasalanan, —baling ni Candido sa kumausap sa kanya. —Bakit hindi kayo nagrereklamo sa kumisyon ng mga sasakyan? Ba- kit di ninyo sabihin ang nangya- yaring ito sa ating bayan?

—Ang mabuti po kaya, Mama, —wika naman ng matanda, —ay mamuno na kayo sa inyong mung- kahi. Kayo na po ang maghanda ng reklamo at kami naman ay la- lagda sa isang kahilingan tulad nang inyong iniisip, —patuloy pa.

—Ang hirap po, pare, —ang tu- gon naman ni Candido, —ay ka- rarating ko lamang dito sa ating bayan. Hindi ko pa po malaman kung paano ako makauwi ngayon



BAGONG Luwalhati

KUWENTO NI DOCENO G. SALAZAR

sa aming nayon, eh! Alam ninyo, —ang patuloy na pagbabalita sa kausap — ako po'y may dalawampung taon nang napalayo rito sa atin at ni sa pahayagan ay bihir kong mabasa ang mahahaling pangyavari o mga nagiging suliranin ng ating mga kababayan. Maaari po ba akong mamuno sa hagay na ito?

—E, saan po naman kayo, tati?

—Sa nayon po ng Bangkal, San Isidro. —tugon ni Candido.

At natanawan nila ang isang karitelang paalis na subalit sumisigaw ang mamang kutsero:

—Bangkal...! Bangkal...! San Isidro...! San Isidro!

—Sa Bangkal po ako, Mama, —ang sabi ni Candido. —Sasakay po ako!

—Halina po kayo, —anyaya naman kay Candido ng kutsero.

May isa nang kilometro ang natatakbo ng karitela ay wala pa ring kumakausap sa kanya. Kung pakiramdaman бага niya ang mga tingin sa kanya ng kanyang mga kasakay ay waring nagsisipag-alinlangang bumati at magtanong. Nadarama niyang siya'y mistula nang dayuhan sa sariling bayan.

Ang totoo nga'y pawang mga taga-Bangkal ang kasakay ni Candido, subalit talagang hindi siya nakikilala nang sino man sa kanila. Sa gayon ay naisip niyang maglakas loob. Sinabi sa sarili, na mabuti na ang magtanung-tanong ngayon pa lamang sapagka't lalong kahiya-hiya kung sa nayon pa nila siya magiging mulala at walang kamuwang-muwang.

—E, wala po yatang nakakikilala sa inyo sa akin? —ang may ngiti niyang pagbubukas ng pag-uusisa. —Ako po si Candido Danganan, kung nais ninyong malaman, —ang wika pa niya bilang pagpapakilala.

Nakunot ang noo ng kanyang mga kinakausap at siya man namay nahirirapang gumunita ng mga bagay na siyang ikakikilala sa kanya ng mga kasakay sa karitela.

—Buhay pa po ba si Mang Julian Danganan, —iyon ang kanyang ama, —at si Aling Pinang? —Iyon naman ang kanyang ina.

—Naku! Matagal na po silang nagsiyao, —ang karakara'y natugon ng kanyang tinanong. —

Wala po kaming nalalamang kamag-anakan nila na, buhay pa hanggang ngayon, maliban sa isang anak na diumano'y nasa Mindanaw.

Biglang nagdilim ang kanyang paningin. Diyata't wala nang nalalabi sa sarili niyang lipi maliban sa kanyang sarili? At gumuhit ngayon sa kanyang isipan ang mga piping pagsisisi at sa malaking kabiguan ng kanyang pinakaasam na pag-uwing napakatamis ay gumilit ang ganitong kataunungan:

—Bakit pa kaya ako nauwi? Paano magiging ganap na katotohanan ang kasabihang: Wala nang matamis kaysa magbalik sa kanyang sariling pook na sinilangan. Sino pa ang aking uwiwan? Sino ang mananabik na sumalubong sa akin ngayon?

Hindi naiwasan ni Candido na itanong kung buhay pa si Menang. Iyon na lamang ang nata-

la ang paglabo ng kanyang paningin.

—Paano po naman siya nabubuhay? —ang malungkot na usisa pa ni Candido. —Sino ang kanyang kapisan sa bahay?

—Inaalagaan po siya ng isang ring matanda. —tugon naman ng kutsero. —Ang dinig ko po naman. —wika pa, —ay nakasapat sa kanila ang inaani sa kapi-rasong bukid na naiwanan sa kanila ng kanyang magulang.

Hindi na kumibo si Candido. Lalong sumidhi ang kanyang dalamhati. Pinagtiim niya ang kanyang mga bagang upang pigilin ang simbuyo ng masasaklap na biro sa kanya ng Tadhana. Kung siya lamang ay isang babaing may pusong mahina, ditsin sana'y naisigaw niya ang mapait na katotohanan: —Ako ang lalaking iyon na may kagagawan ng lahat na siyang ikinasawi ng isang babaing napakadakilang at tapat sa

Nang Maratnang Buhay Ang Dating Kasuyo, Nalunasang-Bigla Ang Sugat Ng Puso.

tandaan niyang kababatá noong siya'y nasa navon ng Bangkal, at bago niya maisipang magtungo sa Mindanaw.

—Si Menang po ay buhay pa naman, subalit para na rin pong patay, —tugon naman ng isang matandang babae.

—Parang patay! —ang buong pagkagitla ni Candido.

—A, opo! —ang patuloy ng nagbalita. —Si Menang ay hindi na nakakikita. May dalawampung taon ang hindi na siya nakapananaog at ayon sa aming natatandaang pangyayari, siya'y nagkulong sa sariling tahanan simula noong masawi sa pag-ibig. Ginawa na ng kanyang mga kapatid at magulang ang lahat ng paraan upang mag-asawa sa iba, subalit walang ibang sinabi kundi, nanaisin pa raw niya ang bawian na ng buhay kaysa humanap ng bagong katipan o mapapangasawa.

—At kaya po lumabo ang kanyang paningin marahil, —dugtong naman ng isang matanda, —ay nahaling si Menang sa pagbabasa ng mga nobela. Noong magkasakit siya ng pasma ay lalong luma-

pag-ibig.

At sumapit din sila sa nayong patutunguhan. Anhin mang malasin ni Candido ang paligid-ligid ng kanilang nayon ay di na siya makakita ng munting bakas ng kanyang naging kahapon sa pook na iyon. Ang lansangan ay napakaayos na ngayon at di na bala-balahong katulad nang dati. Malalaki na ang mga bahay at malimit kaysa noong iwan niya ang pook na ito.

—Alin kaya ang bahay ni Menang? —ang kanyang nasabi.

—Hayun po, Mama, ang kina Menang, —ang wika naman ng kutsero bago siya iniwan.

Tinanaw ni Candido ang pagkakaturong kutsero sa bahay ni Menang, subalit di niya matungong dall-dall sapagka't nag-aalaala siyang masisi at makapootan.

—Ngayon pa bang maputi na ang aking buhok, saka ko pa gagawin ang pagsisisi at paghingi ng tawad? —ani Candido habang siya'y nakatigil sa pagmamasid at pagbubulay-bulay ng kanyang dapat na gawin. —At sakaling ikatuwa man niya ang aming pag-

kikita, ay lipas na rin ang panahon. Tuyot na ang katas ng aming kabataan at lubog na ang maniningning na sikat sa katanghalian ng aming pag-ibig.

Datapuwa't ang kalagayan at pangyayari'y siyang makapangyarihang binabagayan ng tao. May masisikip na pinapasukan ang tao, may mapapait na tubig na di maiiwasang lagukin. at wika nga'y "ang taong nagigipit, sa patalim may kumakapit".

—Menang, patawarin mo ako, —ang bungad ni Candido nang siya'y nasa harap na ng kanyang minamahal at dinadakila lalo na sa mga sandaling ito.

—Hintay! —at mihawak ng babae ang kanyang nangangapang kamay sa bisig ni Candido. —Ikaw nga kaya? —at pinisil-pisil sa bisig ang nasa kanyang harap.

—Hindi mo ako maaaring mali-mot, Menang, —wika naman ni Candido.

—Talagang hindi! —ani Menang naman na ngayo'y nagbabatis na sa luha ang magkabilang pisngi. —Oo, ikaw ay si Candido. Ang akala ko'y sumakabilang-buhay ka na!

—Menang, inibig ng Diyos na tayo'y mabuhay pa at lalo niyang inibig na ngayo'y magkita tayo. Talagang Siya ay marunong sa lahat. Ipinakikilala Niya, na sa kabila ng mahaba nating pagtititis at mga pagsasakrit ay susuklian Niya tayo ng kahi't ga-butit na biyaya.

—Nguni't kumusta naman Candido, ang iyong pamilya? Kasama mo ba sila?

—Patay na pala, Menang, ang aking Ina at Ama, at sampu ng aking mga kamag-anak. Wala na pala kaming bahay sa nayong ito kaya't sino pang pamilya ang iyong itinatanong?

—Ang ibig mong sabihin'y... —ang di na natuloy na pag-uusisa ng maunawaing kausap na tinugong madali naman ni Candido, bilang pagpahid ng mapapait na luha sa matang wala nang ilaw.

—Oo, wala akong masasabi sa iyo, Menang, maliban sa lumayo ako upang humanap ng magandang kapalaran para sa iyo, sapagka't inisip ko noon, na upang mayroon akong mapagmalaki lalo na sa iyong mga magulang, ay

(Sundan sa pahina 33)

LIHM na napangiti si Manding nang mapansin niyang nakatitig si Delfin sa isang dalagang nakadungaw sa malaking bahay na nasa kanilang tapat. Hawak ni Delfin ang isang basong serbesa nguni't parang nakalimutan nang tunggain dahil sa dalagang napagpakuan ng pansin. Kinalabit ni Mameng si Tony at itinuro si Delfin. Namangha si Tony nang makilala niyang ang tmatanaw ni Delfin ay ang mahinhin at magandang si Elvie, anak ng mayaman nilang kapitbahay, na kalalabas pa lamang buhat sa kolehiyo. Pinikitan niya si Maning bago inilapit ang kanyang silya sa maliit na mesa ng pinaghaharapan nilang tatlo.

—Hoy, Maning, —ang wika ni Tony na sadyang inilakas ang tinig, —baka sumingaw ang serbesa mo.

—Parang napukaw sa pagkahimbing na napalingon si Delfin. Pinaglipat-lipat niya ang tinig sa dalawang kaharap at nang mapansin niyang may laman pang serbesa ang kanyang baso ay nahibiya niyang itinaas ito at tinungga ang natitirang laman.

—Sino ba iyon? —Nahagilap na tanong ni Delfin matapos mababa ang baso.

—Sino ba ang tinutukov mo? —Pakli' agad ni Maning na kunwa'y hindi alam ang itinatanong.

—Iyong dalagang nakadungaw na iyon, —at sumulyp si Delfin sa kabilang bahay.

—A, iyon ba? —at tinanaw ni Maning, —si Elvie iyon, nguni't bakit mo naman naitanong agad ang dalagang iyon?

—E, ewan ko, este ang ibig ko palang sabihin e. kilala mo ba?

—Kapit-bahay e, maaari bang hindi makilala?

—Maganda! —hindi mapigilang paghanga ni Delfin.

—Talagang maganda, —ani Tony naman.

—Elvie ba ikamo ang pangalan? —tanong ni Delfin na ang paningin ay nakapukol sa malayo na parang may ginugunita.

—Elvira Villamar ang buong pangalan niya, —ani Maning.

—Elvira Villamar? —at naramdaman ni Delfin na biglang kumaba ang kanyang dibdib. Isang pangyayari ang biglang nagbangon sa kanyang gunita. Natatandan niya, isang gabi, nuong nakaraang bakasyon ay masaya silang nag-uusap ng kanyang ama tungkol sa kanyang pag-aaral.

—Sa darating na taon, —ang

pos ka na ng pag-aaral. Awa ng Diyos ay matutupad na rin ang pangarap namin ng iyong ina na makatapos ka ng karera. Marahil kung buhay ang iyong ina at makikita ka sa iyong pagtatapos ay pinakamaligaya siya. Basag ang tinig ng kanyang ama nuon at ang kapanglawang nalalarawan sa anyo niyon ay nakapagpasikip sa kanyang dibdib. Nadama niya ang kalungkutang nakalukob dito. Mahal na mahal siya ng kanyang ina palibhasa'y kaisa-isang anak. Sunud na sunod niya ang layaw sa kanyang ina pagka't sila naman ay litaw na may kaya sa buhay. Nasa unang baytang siya ng hayskul nang dapan ng mabigat na karamdaman ang kanyang ina na naging sanhi ng maagang pagpanaw nito.

Nasayang na lahat ang pagsisikap ng mga manggagamot na kinasundo ng kanyang ama. Sa huliling sandali ng kanyang ina ay walang naihabilin sa kanya kundi ang magsikap na makatapos ng karera. Pangarap ng kanyang ina na maging isa siyang mananaitanong ni Delfin matapos maparang musmos siyang napahagulgul ng panangis noon. Kaya sa sarili ay naipangako niya, alang-alang sa kanyang ina, na palili-gayahin niya ito kahi't na sa kabilang buhay. At katulad nga

hi ko kung sakali. At napansin ni Delfin na nasisiyahang napangiti ang kanyang ama.

—Alam mo iho, may napupusuan akong dalaga para sa iyo. Maganda siya at mabait at natitiyak kong maipagkakapuri mo siyang maging kabiyak ng puso. Kaibigang kong matalik ang kanyang ama at napag-usapan na namin ang tungkol sa inyo, kaya wala kang dapat na alalahanin. Nguni't nais kong makilala mo muna siya nang sa gayo'y malaman ko naman ang loobin mo.

—Aba, hindi pa ho ako nakata-

ganoong kagandang pangalan. Alam niyang nagkakaila siya. —Maaari ba ninyo akong ipakilala?

—Sa lahat ng oras kapag ikaw, —ani Maning.

—Teka, kung ang gawin ba natin ay ganito, —mungkahi ni Tony, —parang katuwaan lang, tataya ako ng isang hapunan sa Selecta kapag nakilala niya si Elvie sa oras na ito nang walang magpapakilala sa kanya, ano, sang-ayon ba kayo?

—Mabigat naman yata iyon, —pakli ni Maning.

—Kaya naman isang "blow-out"



Ang PUSTAHAN

Huwento ni OLY TOLENTINO

nang sinabi ng kanyang ama, ay tapos na siya ng pag-aaral sa darating na taon. Magiging manananggol na siya. Napatingin siya sa kanyang ama nuon nang muling magsalita ito.

—At yayamang makatatapos ka na ng karera ay may nais sana akong sabihin sa iyo. Ikaw ba'y may napupusuan na? —matagal na sandaling hindi nakasagot si Delfin. Nabigla siya sa katanungang iyon ng kanyang ama. Inaamin niya sa sariling dumadalo siya sa mga sayawan at kasayahan samantalang nasa Maynila siya, subali't ang tutoo ay wala pa siyang napag-uukulan ng pagtatangi.

—Wala pa ho, —malumenay niyang sagot.

—Mabuti kung ganoon at hin-

tapos ng pag-aaral, e, at saka...

—Diyasking bata ire, sakailan ba't di tapos ka na. Ang ibig ko nga lang ay maihanda ka. E, siya, —pagtatapos ng kanyang ama, —magpahinga ka na at dadalaw tayo sa kanila. Matapos sabihin sa kanya ang pangalan at tinitirahan ay nasisiyahan na siyang nagpahinga noon, subali't hindi sila natuloy sa araw ng tipan pagka't nagkaroon ng kapansanan ang kanyang ama, kaya napaliban hanggang sa maluwag siya sa Maynila upang mag-aral.

Napukaw ang pagdidili-dili ni Delfin nang muling magsalita si Maning.

—O, bakit ka parang natigilan at nabigla pa yata?

—Aba, hindi, naiisip ko ngang

sa Selecta ang sinasagot ko, e.

—E, kung makilala niya?

—Lalakad tayo sa Selecta maya rin, pero kailangang makita at mapatunayan natin na nakilala nga niya.

E, kung hindi niya magawa?

—Di ipakilala natin, lekat namang tao ito, katuwaan lang naman iyong akin, a.

—Teka nga muna, —natatawang pakli ni Delfin sa salitaan ng dalawa, —iyan ba'y totooan o biru-biruan?

—Aba, totooan.

—Kahi't sa anong paraan?

—Kahi't sa anong paraan, huwag mo lang tututukan ng baril, —at sila'y nagkatawanan.

Alam ni Delfin nagbibiro lamang sila, subali't tila siya ma-

na siya ng loob upang ikubli ang kaba ng dibdib.

—Halimbawang magtagumpay akong makilala si Elvie...

—Tuloy sa Selecta!

—Kung ganoon, maghanda-handa ka na pagka't tiyak na talo ka.

—Makita, nang mapatunayan.

—Baka naman kung makilala mo'y ligawan mo pa, —panunukso ni Maning na ang pinatataman ay si Tony na nahahalata niyang lihim na humahanga sa dalaga.

—Aba, —nagtatawang salag ni Tony, —natural kasali iyon. Ang sabihin mo'y maghahandog pa ako ng isang terno at siya ang pipili ng tela at sastreng pagpapatahan kapag siya'y nagtagumpay!

—Nanaman,... —hindi mapigilang pansin ni Delfin. —baka ka mapasubo

—Ang sabihin mo'y baka ikaw ang hindi tumagal, —at sila'y

Papayag Ba Kayong Dahil Sa Pustahan

Ay Pakakasal Ka Sa Hindi Katipan?

nagkatawanang muli.

Nilagyang muli ni Tony ng serbesa ang kanilang baso at ibinigay sa dalawang kaharap. Sabay-sabay nilang itinaas ang kanilang baso at pinag-umpog.

—Sa dalagang nasa tapat, —masiglang wika ni Delfin.

—At sa binata namin, —susog naman ng dalawa.

Pagkaraan ay tumayo si Delfin. Tumayo rin ang dalawa at masaya siyang kinamayan.

—Buweno narito na ang simula, —ani Delfin.

—O. K. and good luck, —pamapasiglang pabaon ng dalawa.

Inihatid siya ng tanaw hanggang makapanaog. Nang matapat siya sa bltana ay nilingon niya

ang dalawa.

—Ang pustahan natin, —paalala niya.

—Nakataya at nakapusta!

Lumakas ang kaba ng dibdib ni Delfin nang pagsapit niya sa may pintuang bakal ay masuluyapan niyang nasa ibaba ang dalaga at namimintas ng rosas. Halos pigilin niya ang hininga nang magpataupo siya at magbigay-galang.

—Ma... magandang hapon po, —halos utal at hindi niya matumpak ang pagbati. Ibig niyang pagpawisang hindi niya mawari. Nang lumingon at nakangiting lumapit sa kanya ang dalaga ay saka lamang siya parang naibsan ng isang mabigat na

pasan.

—Magandang hapon po uaman —tugon ng dalaga nang makalapit ito sa kanya. May kailangan po yata sila?

—E, sana nga po, —nahagilap niyang sagot.

—Ahente yata kayo, o...

—Naku, hindi po, katunayan ho nito e... —at bago niya napigilan ang kanyang sarili ay nasumpungan na lamang niyang nagtatapat siya ng buong katotohanan ng pagkakasadya niya roon.

Nabulalas ng tawa ang dalaga nang matapos siya ng pagsasalita.

—Naku, iyang sina Maning ay talagang napakasalbahe. Akala-in ninyong gawin iyan sa inyo? Tuloy kayo, halina kayo sa itaas.

Tanaw na tanaw nina Maning at Tony ang pagpapatuloy ng dalaga (Sundan sa pahina 85)



BANGALORE

(Buhat sa pahina 7)

aari ko kayong bariling lahat, nguni, ang kapatawaran lamang na mahihintay ninyo sa akin ay ang kayo'y magsitalon sa tubig, hala...

—Mr....

—Hindi ko kailangan ang paliwanag, ni anumang katuwiran... Bibigvan ko kayo ng dalawang minuto: tatalon kayo, o hindi?

Walang magagawa ang tatlo; si Berto ang unang kinabahan at natakot, at siya na ang nagpaunang itinalbog ang sarili sa malamig na tubig sa look. Nang makita nila ang ginawa ni Berto, nagsisunod na rin sila; at kung sila'y makalalangoy, kaipala'y hahapuin na rin sila bago mangakarating sa pam-pang.

—Malaking lubha ang naging galit sa akin niyang si Augusto! Kung siya ba ang nakikitungo sa akin, sana'y madali kaming magkakaunawaan; nag-uutos sa mga taong ipinapara naman ang buhav dahil sa ilang salaping pilak! —nawika ni Enrico, samantalang yakap niya ang nagiginaw na si Donva Anita.

—Hindi ko dapat pagtakah. Enrico; Mababang lubha ang naabot sa paaralan niyang si Augusto. Dati namin siyang kawani noong nangabubuhay pa ang aking mga magulang; nagkasalapi at nakapaglayag na may sampung taon sa ibayong dagat, dahil sa nakapagsamantala sa mga kita namin sa pasugalan; ngayo'y tila naubos nang lahat ang salapi, kaya..

—Kaya, siya'y nanliligaw sa inyo, at dahil sa nagpapalagay na ako man ay namimintuho, kaya siya'y nakagagawa ng mga kamusmusan, siya'y naninibugho, hindi kaya, Donya Anita? —Naramdaman ni Donya Anita na humihigpit na lalo ang pagkakayakap ng kanang bisig ng binata sa kanya. Naramdaman naman ni Enrico na ikinandong ni Donya Anita ang mukha nito sa kanyang dib-dib.

—Nguni, hindi ba tunay na kayo'y namimintuho sa akin, Mr. Veloso?

Hindi nakakibo si Enrico. Hindi niva inaasahang darating sa dakong iyon ang kapusukan ng isip ng babaing yakap niya noon. Subali, kailangan niyang tumugon; may mga katanungang ang di pagtugon ay mangangahulugan ng pagsangayon sa nagtanong. Hindi naman siya umaayon!

—Hindi ako namimintuho!

—Kung gayo'y... —Itinaas ni Donya Anita ang kanyang mukha at ang dalawang bisig ay iginalang sa leeg ng kausap, samantalang ang mga bisig nito'y nakayakap naman sa kanyang katawan.

—Kung gayo'y ano ang ini-uukol ninyong pagtuturing sa akin, Mr. Veloso?

Ang mabangong hiningang naglalagos sa mga labi ni Donya Anita ay nalalanghap ni Enrico at nababalot siya ng kabanguhang sukat nang makalango sa ibang puso. Ano kaya ang itutugon niya, sa mga dakilang sandaling iyong ang malalambot na bisig ng isang babae ay nagiging matigas pa sa tunay na rehas na bakal ng isang malagim na bilangguan? Ano pa ang kanyang masasabi, samantalang ang kanyang sindal na puso'y pinapag-iinit ng mababangong palad ng isang bago at basal na pag-ibig; ano pa ngang mga kataga ang pupulas sa kanyang mga labi, habang tila noo'y naghahari at nakapangyayari ang hinakdal ng mga sandaling naglalatang sa ibabaw ng nagugulumihang bait at nalululon na pagtitimpi ng kanyang isip na timbulan?

Ang pagkabundol ng bangkang kanilang sinasakyan sa hagdanan sa tagiliran ng Bangalore, ang nakapukaw

sa nag-uusap.

—Narito na tayo, Donya Anita! —nawika ni Enrico, na parang nakatagpo ng dahilan upang maputol na nga ang kanilang pag-uusap.

—Nguni, hindi pa ninyo ako tinutugon, Mr. Veloso!

—Saka na, Donya Anita!

Nagtuloy si Enrico sa "bar" at humingi ng mailinom na alak na pampainit. Si Dolly agad ang nakasalubong kay Enrico at siyang nagdulot sa binata ng alak na hinihingi.

—Kay lamig ng Disyembreng ito, Dolly; ikaw ba, hindi ka ba nagiginaw? —nasabi ni Enrico sa pagitan ng kanyang pagtungga.

—Siya nga, Mr. Veloso; marahil ay kailangan ninyong may mga kamay na nagpapainit sa inyong dib-dib, hindi ho ba, Mr. Veloso?

—Ah, oo nga, Dolly, nguni, ang mga kamay na iyan ang mahirap na hanapin; marahil ay katulad ng paghanap sa isang karayom sa buntong ginikan, —at sinundan ng halakhak ni Enrico.

—Hindi ho, mahirap, Mr. Veloso; huwag lamang kayong magiging pihikan, madali kayong makakita; marahil ay natatanaw ninyo, naabot ng inyong mga kamay; kaipala'y narito rin sa Bangalore!

—Subali, ang karamihan sa mga malalapit sa akin, ay... hindi ako ang minamahal, kundi ang aking salapi. Kung makatatagpo ako ng isang babaing makapagmamahal sa akin hanggang sa dulo ng panahon, marahil ay...

—Mr. Veloso, ako'y... —hindi naituloy ni Dolly ang tangkang sabihin, pagka't lumapit ang isang utusan at inanyayahang manaya si Enrico.

—Nahihiling po kavong makatayaan ng ilang ginoo at ginang sa hapag ng monte, —anya ng inutusan.

—Ah, oo, susunod na ako.

May kalahating oras na nanaya si Enrico; nanalo pa siya ng may ilang daan, at dahil sa dinadalaw ng antok ay humingi ng paumanhin sa mga kahasap.

Nang makatindig na si Enrico, nilapitan ni Dolly at

Mr. Veloso tumutugtog

Para sa kinagigiliwan
ninyong gisado
ay gamitin itong

*Libby's***CORNER
BEEF**

lalong malambot at



malamang karne ng baka!

*Libby's***100
FAMOUS FOODS
AT YOUR GROCERS****FAMOUS FASHION INSTITUTE**

May pahintulot ng Pamahalaan
621 P. Perno (Likod ng simbahan ng Kivapo)

Kurso sa PANANAH at PAGBUBURDA ang tanging inihahandog upang mabigyan nang wastong pagtuturo at hustong kasangkapan ang nagsisipag-aral. Naghahandog ng tanging klase kung Sabado. May Klase sa Umaga, Hapon at Gabi. Makapagpapatala sa lahát ng araw. PANANAH: P10.00 isang Buwan — PAGBUBURDA: P10.00 isang Buwan. Ituturo ng walang bayad ang LADIES TAILORING sa mga mag-aaral ng PANANAH.

**Pawiin ang
BUNGANG ARAW!**

ANG BUNGANG ARAW AY
MADALING MAWAWALA SA
SANDALING MAPAHIRAN NG
KATIALIS.

IPINAGBIBILI SA MGA BOTIKA
O SA LABORATORYO LOCRE.
HALAGA: MALIIT NA SISIDLAN
P.O. 65, KATAMTAMANG LAKI
P.I. 65, MALAKI P. 2.90

*Laboratory Locre*

405 SAN LAZARO, MANILA, TEL. 3-74-42

Y.A.
T-7-52

FORMULA: MENTHOL 0.400M, SALICYLIC ACID 1.500M, RESORCINOL 3.000M, ZINC OXIDE 3.000M,
PRECIPITATED SULPHUR 3.000M, BENZOICATED LARD 30.000M, OIL OF BERGAMOT 0.2



ang radyo sa itaas at sila'y nagsasayawan; hindi ba ninyo nais na bago matulog ay makasayaw muna?

—Sino ang aking magiging kapareha, Dolly?

—Ako, Mr. Veloso!

—Hindi ako karunungang magsayaw, Dolly.

—Ako ang bahala sa inyo!

—at kinawit agad ni Dolly ang bisig ni Enrico at sila'y masayang nagtungo sa itaas na palapag ng bapor.

Nang sila'y papanhik na lamang sa hagdanan; nakita sila ni Donya Anita, na dahil sa hindi makatulog ay minabuti ang maglakad-lakad, at sadyang patungo noon sa "proa" ng bapor nang masalubong nga ang dalawa. Hindi inaasahan ni Donya Anita na makita pa niya si Enrico na mahikayat ni Dolly na makipagsayaw sa itaas. Labis siyang namuhi, lalo na nang makitang nakayakap pa sa malantik na haywang ni Dolly ang kanang bisig ng binata.

—Ah, kayo pala, Donya Anita; nais ba ninyong makipagsayaw sa inyong mga panauhian sa itaas? —pakunwaring anyaya ni Enrico

—Ah, hindi, ako'y magpapahinga na! —Pagkasabi niya'y may irap pang tumalilis ang donya at nagtungo sa pasugalan.

—Mr. Veloso, hindi ba ninyo napapansing umiibig sa inyo si Donya Anita? —bakla ni Dolly.

—Siyanga, nguni, hindi ko tinatanggap ang kanyang pag-ibig.

—Mr. Veloso, diyata ho? Isang pag-ibig na kinahibang ng marami ay tanggihan ninyo? —pagkagikla ni Dolly.

—Huwag nating pag-usapan ang bagay na iyan, utang na loob, Dolly; tayo'y magsasayaw at nais ko'y masarili ka ng aking kamalayan sa gabing ito.

Natuwa si Dolly; napansin niyang tila vamot si Enrico kay Donya Anita; madaling nakapagpalagay na siya'y may pagkakataong mapaibig ang binata.

At, tulad sa tunay na magkasuyo, nagsayaw si Enrico at si Dolly sa gitna ng pagkainggit ng mga kasamahan ni Dolly, at sa paghihirap ng loob ni Donya Anita na noo'y tumalagang magkubli at magmatiyag sa kilos ni Enrico.

S A A N IHAHATID SI DONYA ANITA NG KANYANG PAGKABALIW KAY ENRICO? PAKINGGAN KAYA NG BINATANG SUGAROL ANG LUNGOY SA PAG-IBIG NG DONYA? ANO NAMAN ANG TUNAY NA NASA ISIP NI DOLLY? MAGISING KAYA NIYA ANG TULOG NA DAMDAMIN NG BINATA, NA HINDI MAKUHA - KUHANG PUKAWIN NI DONYA ANITA? HUWAG KALILIGTAAN ANG SUSUNOD NA BILANG; LALO NINYONG PANANABIKAN ANG MGA SUSUNOD NA TAGPO.

BAGONG LUWALHATI

(Buhat sa pahina 29)

lisanin ko ang Bangkal at sa Lupang Pangako sa Katimugan ay dulangin ko ang lahat ng iyong ikaliligaya. Neuni't... —at siya naman ang napipilan sa pagsasalaysay

—Matanda na tayo, Candido, saka...

—Bagong-Taon naman ngayon. Menang, —ang putol sa usapan ng bagong dating. —Talagang ang diwa ng Bagong-Taon ay bagong buhay, bagong kapalaran. Limutin natin ang lumipas at sabihin natin sa Dakilang Lumikha ang ganitong kataga. Salamat po Diyos ko't sa bagong taong ito'y binihisan Mo ng bagong kaligayahan ang mga pagtitilis naming dinanas sa yumaong mga taon...

WAKAS

DR. L. E. FLORES

Espesyalista: SAKIT sa LIHIM, PAG-IHI, PANTOG at BATO, SAKIT sa BALAT, SAKIT sa DIBDIB, TUBERCULOSIS at HIKA, Karandaman ng mga BABAE, May Rayos-X at LABORATORYO KLINIKO (Pagsuri ng DUMI, LURA, IHI, DUGO at iba pa)
R-301-302 Mercedes Bldg., Plaza Miranda, Malapit sa Simbahan ng Quiapo
ORAS: 9:00 A.M. — 7:00 P.M. — Tel. 3-84-64

DR. F. A. FIDELINO

DR. PILAR V. CRUZ-FIDELINO

Mga dalubhasa sa PAGPAPAANAK na walang sakit, BOCIO, ILONG IALAMUNAN, TONSIL, APENDICITIS, MATRIS, DAANAN NG IHI, LUSLOS, BALI NG BUTO, SAKIT NA LIHIM, BALAT, HIKA, TUBERCULOSIS, May Pneumothorax at Rayos-X sa mga BATA.
KLINIKA: R-318 Mercedes Bldg., Oras: 9:30-12:00 N.U. — 3:30-6:30 N.H.
Plaza Miranda, Quiapo, Tel. 3-33-26 Tahanan: Tel. 7-20-53

Lupang Kayumanggi

(Buhat sa pahina 11)

tila ito'y paghuhukom na sa ating nayon, Karyo.

—Siyanga po, Kabesa...

—Baka gusto mo ring magpahinga, Karyo, ay di matulog ka na rin diyan sa tabi ng mga bata.

—Sino po ba naman ang maaaring makatulog sa nangyaring ito sa amin. Ang inalala ko'y kung saan kami paruroon pagliliwanag na...

—Itong taong ito... Hangga't may mailalagay na tao dito sa bahay ay dumito ka... Maaari ba kitang palayasin?..

—Napakabuti ninyo, Kabesang Tales...

Pati na si Kabesang Tales ay sumandok ng salabat. Sa sandok na siya humigop at di na inilagay pa sa mangkok. Mav ilang sandali rin silang natahimik pagkatapos. Naki-kimatyag silang lahat sa malakas na hampas ng hangin sa mga durungawang sawali at ang malakas na ingay ng

nangahuhutok na kawayan. Suubali't habang nalalapit ang umaga ay unti-unti namang humihina ang ulan at ang hangin ay tila natatahimik na rin

Walang tumilaok na manok sa madaling-araw. Kaipala'y nangagsipagkanlong ang mga manok sa mga liblib na sulok at umiwas sa hampas ng daluyong.

—Mababaw na ang magdamag... —ang wika ng matanda. —Mukhang hinto na ang ulan at mahina na rin ang hangin

Nagtindig sa pagkakaupo sa ibabaw ng kanyang baul, kinuha ang upos ng isang tabakong isinuksok sa malapit sa palababahan ng durungawan. Sinindiha at saka matahimik na nagpausok. Nagtungo sa durungawang sawali, kinuha ang tukod at saka dahan-dahang itinulak upang buksan. Malamig na simoy

PANATILIING KUMIKINANG ANG INYONG MGA MATA!



Huwag pabayaang masira'ang inyong anyo dahil sa hapo, at namumula ang mga mata. Panatiliing kumikinang ang inyong mata sa pamamagitan ng EYE-MO

Ang EYE-MO ay madaling naibabalik ang malinaw at malilag na kinang --- ibinibigay sa inyong mga mata ang kaaya-aya't mapanghalinang ayos.

EYE-MO

NAKABUBUTI SA INYONG MGA MATA!

Net. Contains: Chlorbutanol 1g., Boric Acid 10g., Berberine Sulphate 1/8gr., Zinc Sulphate 1/4gr. 12-1-55

ang humalik sa kanyang mukha at siya ring naglagos sa bintana upang lumaganap sa buong bahay. Napilitan tuloy si Aling Berta na kunin ang kanyang kumot at saka itinalukbong.

—Umaga na pala... Maliliwa-liwanag na... —ang wi-ka.

Kumilos sa pagkakabaluktot sa isang sulok si Karyo, kinusot ang mata at saka nagtindig. Lumapit siya sa matanda.

—Hinto na po pala ang ulan at hangin...?

—Oo, nakaraan na ang bagyo, nguni't masdan mo naman ang iniwan sa aking bakuran? Walang punong saging at papayang nakatayo. Tatlong puno ng mangga ang humapay... Maraming bakling kawayan... at... aba, tila isang gubat sa sukal ang looban ko ah...

—Ang aming bahay po kanya?...

—Kunin mo ang aking malapad na salakot at isuot mo. Ako'y itong kapoteng kugon naman. Parunan natin ang bahay mo. Doon din lamang ang lakad ko upang siyasatin ang ating mga pananim.

Isinuot na ng matanda ang kanyang kapoteng kugon, inililis ang mahabang salawal na dinampol, isinukbit ang kanyang itak, at saka human- da na sa pag-alis. Si Karyo naman ay nag-alis na ng kanyang damit na basa, isinuot ang malapad na salakot.

—Crisostomo, —ang tawag ng ama sa anak nang makita itong nakasubsob sa salansan ng unan at natutulog.

—Ano iyon, tatay? — bu- pungas-pungas na tugon na kinukusot ang mata.

—Gumising ka... Hindi dapat matulog ang isang tao

kung nasa panahon ng kagipitan. Kailangan ay magagang pagkilos... Isuot mo ang damit mong kakeng makapal at parunan mo ang ating mga kasama. Sabihin mong magdala ng kani-kani- lang asarol, at tagpuin ako sa tahanan ni Karyo.

—Opo, tatay.

Magkasunod pa ang dala- wang lalaki sa pagbaba sa hagdang kawayan. Hintong- hinto na nga naman ang han- gin at wala nang kaulan- ulan. Subali't ang lupa'y ha- los nakalubog sa nanaha- nang tubig. Hindi pa sila na- kalalakad ng malayo ay tumi- gil ang matanda. Sa liwanag ng kaumagahan ay hinagod ng tanaw ng matanda ang kanyang paligid. Katakut-ta- kot na kalat nga naman ang iniwan ng bagyo. Walang pi- natawad sa kanyang looban, buwal na lahat ang saging, baling lahat ang mga papaya, nangakadapa ang mga puno ng mais, bali-bali ang mga punong kawayan, at tatlong puno ng mangga ang tila bi- nunot ng isang higante sa- pagka't pati ang malalaking ugat ay umusli at lumabas.

Napailing na lamang ang matanda

—Para tayong pinarusa- han ng langit, Kabesang Ta- les, —ang nasabi tuloy ni Karyo, nang makitang na- ngungulimlim ang mukha ng matandang kasama.

—Hindi. Karyo, sa nang- yaring ito sa ating nayon ay huwag nating sisihin ang Di- yos. Ano ang malay natin kung tayo'y dinadaan lamang sa pagsubok? Walang mang- yayari sa balat ng lupa nang hindi kagustuhan ng Divos.

Hindi tulon nakakibo ang kasamang si Karvo.

—Kaipala'y ibig ng Diyos na mag-ibayo tayo ng pagsi- sikap. Ang mga taong nabu-

buhay sa kasaganaan ay ki- nakailangang maghirap ma- minsan-minsan upang sumi- pag at gumawa. Masdan mo, Karyo, nang ang looban ko'y hitik na hitik sa mga punong nagbubunga, may tumana ng mais, ng gulay, may malulu- sog na punong saging na naglalakihan ang buwig, may mga punong nagbubunga. ng malalaking mangga, matata- mis na santol, matatamis na bayabas, ay wala na akong ginagawa sa buong magha- pon kundi manungaw sa bin- tana, humilata at maghin- tay. Iyan ang katamarang likha ng kasaganaan. Hindi ba? Ano pa nga ba ang aking gagawin? Mahiga, ma- tulog, at magbangon ay uma- asa kang bukas makalawa'y aani ka ng katakut-takot na kayamanan. Nguni't sa gina- wang ito sa akin ng Diyos, pi- natay at niwasak ang aking mga pananim, ay tinuruan tayong magsigawang muli, magsipagbatak ng buto, upang maitayong muli ang kasaganaang napinsala. Ina- alis ang katamaran, hindi ba? Inaalís ang pag-asa na ma- buhay nang walang ginaga- wa.

—Kakaiba, Kabesang Ta- les, ang pagkahulugan ninyo, Samakatuwid lahat ng des- grasya, este, lahat nang ka- pinsalaan ay may mabuting layon sa darating?

—Datapuwa't sino ang ta- taruk kaya, sa banal Mong Lihim, Diyos na dakila; wa- lang mangyayari sa balat ng lupa na di Mo kagustuhan... Hindi ba't iyan ang wika ni Balagtas?

—Oo nga po, nguni't ang aking bahay ay... kagustu- han din po kaya ng Diyos na itaboy kaming mag-asawa sa aming pugad, pasagasain sa ulan at hangin at iwang sa- lanta?

—Huwag mong sisihin ang Diyos, Karyo... Ano ang malay mo kung sa darating na panahon ay hindi lang ka- tulad ng bahay mong nagiba ang maaari mong maitayo?

Datapuwa't anumang pa- ngangatuwiran at pang-aaliw na gawin ni Kabesang Tales sa kanyang kasama ay hindi rin maalís sa damdamin ni Karyo ang hinanakit sa lu- mikha. Nakabagtas na sila ng malalawak na bukid. Lu- milibis na sila nang matana- wan ni Karyo ang kanyang looban.

—Kabesa... Kabesa... — ang malakas na wika na pa- takbong nagpauna sa ma- tanda.

—Bakit, Karyo...? Bakit?

—Ang bahay ko... Mas- dan ninyo!... —ang mala- kas na wika na halos lumun- dag sa kagalakan. —Hindi naano... Hindi nabuwal... Natastas lang pala ang palu- po.

—Ngayon, Karyo, may ma- sasabi ka pa ba?... Naghihi- nanakit ka pa ba?

—Naku, hindi na po, Kabe- sa... Nagpapasalamat nga po ako sa Diyos at iniligtas ang aming tahanan...

—Kulang kasi ng pananam- palataya, Karyo... Sinabi ko sa iyo na walang mangyaya- ri sa balat ng lupa nang hin- di Niya kagustuhan...

—Hindi ko malaman ang ibabayad ko sa inyo, Kabesa dahil sa laki ng aking utang na loob.

—Wala, Karyo, wala... Yamang nakita mo na ang iyong bahay ay tingnan na- man natin ang ating sina- kang mga bukirin...

Nang sila'y malapit sa ka- malig na imbakan at tingga- lan ng palay ay inabot na ni- la roon ang maraming ka- sama.

—Salamat at narito ka- yong lahat... Inaakala kong katulad ko rin kayong hindi nakatulog. Hindi na kaila- ngang ibalita ko pa sa in- yo... Halos lahat ng ating pananim ay nasira... Sa ta- sing batis ay wala na tayong mapapala... Lumaki ang ba- ha at tinangay ng agos ang mga pananim. Wala ta- yong dapat gawin ngayon kundi iligtas ang maililigtas sa laki ng tubig.

—Paano ang ating gaga- win, Kabesa?... —Isa't isa'y nagtanong...

—Buksan ang mga pilapil upang mapadaloy ang tubig sa dakong ibaba. Hangga't hindi babad at namamaga ang mga butil ng palay ay may pag-asa pa tayong ma- kapagligtas ng ating mga pa- nanim...

At hindi nga nag-atubili ang lahat... Hubad-baro, li- lis-salawal, ang mga magsa- saka'y lumusong sa hanggang tuhod na tubig. Tinibag ang pilapil, pinaagos ang tubig na patungong sapa, at iniligtas ang mga tanim na nasa da- kong mataas ang lupa...

(ITUTULUY)

Ineksyon sa Almuranas

DR. V. T. SANTOS

Tiyan — Sikmura — Rayos-X

R-210 Palomo Bldg., Azcarraga, Maynila
Oras: 9:00—12:00 n.u.; 3:00—6:00 n.h. Tel. 3-70-49

BIBIGYAN NAMIN KAYO NG MAPAGKAKAKITAAN



Ipadadala namin sa inyo ang mahahalagang bagay na GRATIS na wala ni isang sentimong deposito. Ipadala ang kupon sa ibaba.

MARSANZ PRODUCTS

221 Samanillo Bldg. — P. O. Box 806, Manila

Pangalan (Isulat na malinaw)

Tirahan

PAMPANG NG PASIG

(Buhat sa pahina 15)

dinatnan.

—Palagay ko'y magaling na kayo ngayon; parang hindi kayo nagkasakit! —masayang pahayag ni Jaime.

—Siyanga, G. Muriel, tila lalo kayong masigla ngayon, kaysa noong hindi pa kayo nagkakaramdam, —pakli naman ni Marcelo.

—Kinahahabagan pa rin ako ng Diyos; inibig Niyang ako'y magtuloy na mabuhay, upang kaipala'y huwag maparam sa masid ng tao ang lirawan ng karalitaan. Subali, ano mga ginoo ang inakala ninyong maipaglilingkod ko sa inyo? —masuyong tanong ni Gilberto.

—Mahalagang bagay ang aking ikinadalaw sa inyo, Mr. Muriel. Natunghayan ko sa pahayagan ang isang balitang nag-uugnay sa pangalan ninyo at ni Miss Gallardo. Maging kayo at maging si Miss Gallardo ay hindi nagpapabulaan sa nasabing balita. Ngayo'y nais kong ipabatid ninyo sa akin ang katotohanan, yamang hindi na rin lihim sa inyo kaipala ang aking pamimintuho kay Miss Gallardo. —tuwirang usisa ni Jaime.

Nakatungo si Gilberto, at dahil sa kabiglaanan, pagka't hindi niya inaasahang maki-kipag-usap sa kanya ang abogado ukol sa gayong bagay, nag-isip siya at hindi muna kumibo. Nalalaman niyang hindi magpapahintulot si Leonor upang ilathala ang bagay sa kanilang pagkakaunawaan, gayunman, hindi niya magawa ang harapang pagpapawalang-halaga sa gayong balita. Patuloy ang kanyang pangamba at patuloy rin ang kanyang pag-uulikulik

—Ako ma'y iyan din ang dahilan ng aking ipinagsadya sa inyo, G. Muriel. Kami ni abogado Dancel ay nalalaman ninyong namimintuho kay Miss Gallardo; nalalaman din naming kung makailang ulit na tinanggihan ninyo ang mga pahiwatig sa pag-ibig sa inyo ng dalaga, nguni, nalathala ang huling balita na nag-uugnay sa inyo ni Miss Gallardo. Ako'y nagpapalagay na kayo'y nagkakaibigan na, gayunman, alang-alang sa aming kalagayan, nais kong ipagtapat ninyo sa amin ang katotohanan o kabulaanan ng nasabing balita, nang maila-

gan naman ang anumang hakbang na sukat itawa at iaglahi sa amin ng sinuman. Alin ang tunay, Mr. Muriel?

—Ukol sa balitang iyan ay wala akong nalalaman; ang masasabi ko'y nagsiparito kamakailan ang ilang reporter ng mga pahayagan, at nabasa ko na lamang at sukat ang nasabing balita. Marahil ay gawa-gawa iyan ng nasabing mga reporter. Sa halip na sa akin, ipinakikiusap ko sa inyong kay Miss Gallardo na kayo mag-usisa, —pag-iwas ni Gilberto.

—Ibig ba ninyong sabihin ay itinatangi ninyo sa amin pati ang inyong pagkakaunawaan at

pag-iibigan ni Miss Gallardo? —napalakas nang bahagya ang tinig ng abogado.

—Ano ang ikatatakit ninyo sa katotohanan, C. Muriel? Mag-salita kayo. —pakli naman ng mangangalakal.

—Magiging mabuti ang pag-uusisa ninyo kay Miss Gallardo. Maraming salamat sa inyong pagdalaw at mabuting hangarin para sa akin.

Lumisan ang mga hindi hinihintay na panauhin ni Gilberto, masasama ang loob. Nagtungo sa kani-kanyang sasakyan at nag-silisan di man nagkibuan.

Naging malaking kainipan kay

Enero 5, 1966 BULAKLAK 35

Leonor ang taning na isang buwan bago pa makalabas si Gilberto. Ang halos araw-araw na pagdalaw sa pagamutan ay hindi nakasisiya sa kanya; kinauuhawan niya ang kinasasabikang matamis at mainit na pag-ibig ng kompositor; nasa mga palad nito ang kanyang langit, ang kanyang kaligayahan.

—Sa Linggong darating, araw ng iyong paglabas, ang Mama ay hahandugan ka ng isang salusalo at pagdiriwang bilang pasalamat dahil sa inyong paggaling, hindi ka ba nagagalak, mahal kong

Pagbati sa araw ng Pasko!



**Balana, saan mang dako ay
umiinom ng Pepsi-Cola!**

Gilberto? —buong giliw na nabalita ni Leonor isang hapong dumalaw ito sa binata.

—Sino naman ang hindi magalak, subali, ang lalong mahalaga sa akin ay makaganti sa iyo ng malaking utang na loob at sa iyong mga magulang; sa iyo dahil sa inligtas mo ang aking buhay; sa kanila, pagka't pinahintulutan kang magmahal sa isang dukhang kinailangan pa ang lingap mo upang mabuhay.

Ang pag-uusap na unti-unti sa nang nagiging makulay ay malimit magambala dahil sa pagpasok ni Miss del Rosario, na hindi malaman ni Gilberto kung ano ang hinahanap.

—Kay buti ng nars na iyan, Leonor, at... maganda, ano?

—Siyanga, at nararamdaman kong nagigiliw siya sa iyo?

—Hindi lamang nagigilaw, nagpahiwatig sa akin ng pag-ibig, nguni, nang malamang may isang kaluluwang higit sa kanya na nagmamahal sa akin sinabi sa aking patuley rin niya akong mamahalin bilang isang tunay na kapatid, at alam mo, siya ang nagpakita sa akin ng pahayagang

kinalalathalaan ng ating mga sarawan. Napansin kong hindi niya napigil ang pagbukal ng luha sa kanyang mga mata.

Tulad ng dati, bago kumagat ang dilim ay nagpapaalam na si Leonor. Nang dumating siya sa Pasig noong gabing yaon, hindi pa halos siya nakapagbibihis ay nagbalita na agad ang kanyang Mama.

—Leonor, halika nga, anak, bakit naman hindi mo pa ipagtapat kay Marcelo at kay Jaime ang inyong pagkakaunawaan ni Gilberto, nang ang mga tao'y hindi naman nagtitila kahabag-habag? Magkasunod silang dumating at hinahanap ka. Si Jaime, ang nakausap ay ang iyong Papa, si Marcelo, ako naman ang nakauusap.

—E, ano ang isinagot ninyo, Mama?

—Ikaw ang may katungkulang magtapat, hindi kami ng iyong Papa.

—Bayaan ninyo at aanyayahan ko ang dalawang makukuliit na iyan sa Linggo. Umaasa akong ang pagdiriwang na iyon ang siyang magpapahiwatig sa kanila ng pagkakaunawaan namin ni Gilberto

At, dumating ang araw na hinintay.

Nang lisanin ni Gilberto ang pagamutan ay may isang kaluluwang iniluluha ang pagkasiphayong kanyang pag-ibig sa loob ng kanyang silid; si Miss del Rosario; samantala, sa Pasig, sa tahanan nina Don Justo at Donya Nena, isang kaluluwa rin ang labis na nalulugod na naghihintay sa pagdatal ng kanyang hirang na kasintahan.

Ang malaking bakurang nakapampang sa ilog, na kinatatayuan ng bahay nina Leonor, ay nagagayakan ng magagandang palamuti. Kasalukuyang nagdaratingan ang mga panauhing buhat sa Maynila at sa karatig na mga bayan. Mapapansin ang magasawa ni Propesor Fornier, mga balitang mang-aawit, at mga piling ginoo, kabilang na sa mga ito sina Jaime at Marcelo, na gaano man ang gawing pagkukunwari, ay hindi rin nila maikubli ang kapanglawang nalalarawan sa kanilang mga matang tila inantok.

Samantala, ang sanhi ng gayong pagtitipon ay hindi pa dumaring; nalinip na ang mga panauhing sabik na makita at makulala ang mapalad na binatang kompositor; nababalisa na si Leonor at nangangambang baka may kung anong nangyari kay Gilberto.

Malapit na noong sumuksok ang Araw, samantala'y naliwan sa itaas ang isang maayang langit na bughaw; malamig ang simoy ng hanging nagbubuhay sa ilog at naghahandog ng maganda at nakabibighaning tanawin ang mga paligid.

Ibig-ibig nang mapaluha si Leonor sa sama ng loob. Paano

kung hindi sumipot si Gilberto? Anong laking pagkupasubo at kahihayan!

Subali, buhat sa laot ay umu-usad na papalapit ang isang bangkang may katig at layag, sa dulong hulihan ng bangka'y may sumasagwan, at hatid ng mabining simoy ng hangin ay dumating sa pandinig ni Leonor at ng mga panauhin ang isang malambing na tinig, na habang nalalapit ay napagsisiya nilang ang inaawit ay "Sa Pampang ng Pasig." Naglapan sa pampang ng Pasig ang mga panauhin ni Leonor; ito na, ma'y buhat sa itaas ay sumasag-sag na patungo rin sa pampang at hindi natimpi ang silakbo ng damdamin at natawag ang namamangka.

—Si Gilberto, si Gilberto iyon! —anya, habang nananaog sa iba, ba ng pampang upang salubungin ang binata at sa pag-ahon ay magkasaliw sa pag-awit, sa gitna ng palakpakan ng mga panauhin.

Nasaksihan ni Jaime at Marcelo ang katotohanang nagpapatunay sa kanilang natunghayan sa pahayagan. Nagkapanunod silang nagpaalam kay Don Justo at kay Donya Nena. Ang mga ito'y maunawain naman, kaya hindi na kinailangang mag-usisa. Hin na nagunita ng dalaga si Jaime at Marcelo, hanggang sa ang mga panauhin ay magsilisan.

At, tulad din ng mga unang panunupling ng pag-ibig sa puso ni Leonor, at pamumukad ng bagong bulaklak ng pag-asa sa buhay ni Gilberto, samantalang ang buwan ay nagsasabog ng liwanag sa ibabaw ng ilog Pasig, naglulunoy sila sa gitna ng ilog, at magkasaliw na inaawitan ang kanilang matamis na pag-ilibigan.

W A K A S

COOKING IS FUN

By Purita

Purico Recipe of the Week: Bombones de Arroz: Sift together 1/2 teaspoon salt; 1 cup flour; 2 teaspoons baking powder. Add 2 well beaten eggs; 6 tablespoons pure coconut milk; 1 cup soft, boiled rice. Mix well and add 1 teaspoon vanilla. Drop by spoonfuls into deep, hot Purico and fry until golden brown. Drain and serve hot with thick syrup. Serves 6. Costs P0.50.

Purico Meals for a day:

Breakfast:	Sliced Native Oranges Fried Haca-Haca Enriched Rice Tea or Milk
Lunch	Vegetable Soup Arroz Caldo with Goto Stewed Tomatoes with Onion Banana-Peanut Salad
Merienda:	Bombones de Arroz Coffee or Milk
Supper:	Cardillo Sayote with ork Enriched Rice Sliced Pineapple with Coconut

Arroz Caldo with Goto: Cut 2 cups goto into serving pieces and simmer until tender. Set aside, saving broth. Saute 2 cloves crushed garlic; 1 small chopped onion in 4 tablespoons hot Purico. Add 1 cup washed, uncooked rice and fry until rice is pale gold. Add broth from goto and cook until rice is soft over low heat. Add cooked goto and 2 tablespoons of patis. Serve sprinkled with sauteed garlic and chopped green onion leaves. Serves 5. Costs P1.35.

Cardillo: Clean 1/2 kilo fish and cut into serving pieces. Sprinkle with salt to taste and fry in 2 tablespoons hot Purico until golden brown. Remove from pan and fry 1 crushed clove of garlic in remaining Purico. Add more Purico if needed. Add 1 small chopped onion and 4 chopped, medium tomatoes. Add more salt if desired. When onion is soft, add 1/2 cup water and boil to 3 to 5 minutes. Add fried fish. Cook until very hot, then drop 2 well beaten eggs into the mixture. Remove from fire at once, stir eggs thoroughly into mixture. Serve immediately. Serves 5. Costs P1.50.

Stewed Tomatoes with Onion: Saute 1 crushed clove garlic; 1 chopped onion 2 tablespoons green or red pepper in 2 tablespoons hot Purico. Add 1 teaspoon kinchay leaves when onions are brown. Remove from fire. Peel 6 to 8 medium sized tomatoes. Cut into quarters. Add to onion mixture with enough salt and pepper to taste. Simmer over low heat, stirring constantly, until tomatoes are done. Pour over small pieces of toasted bread and serve hot. Serves 5. Costs P0.60.

Household tip: To peel tomatoes easily, hold with fork over fire until skin cracks open; or dip quickly into boiling water, then into cold water. To grate skin will slip off easily. Save fish bones and skin. Boil them in water and a little onion or garlic for soup at your next meal.

ST. JUDE'S CLINIC & MATERNITY

302 Maria Clara, Sampaloc, Manila

Tel. 3-34-98

DR. RAMON ATIENZA, JR.

Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard, Cook County Hospital, Michael Reese at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa sakit sa puso, alta-presiyon at mga bata.

DRA. FELICIDAD CALIP-ATIENZA

Nag-espesyalista sa Johns Hopkins Hospital, Cook County Hospital, Women & Children's Hospital at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa hindi mag-anak, panganganak, sakit sa matris, at sakit sa obario.

QUIAPO MATERNITY CLINIC

1244 Tuberias, Quiapo, Manila

DR. JOSE DAVID CO

Nag-aanay sa Baltimore, Maryland, E. U. Sa Pagpapaanak, Mga Hindi Magkaanak (Sterility) at Pagpigil sa Pag-aanak (Birth control)

DR. CLEMENTE G. CANCIO
Neurosurgery and General Medicine

NAG-AGINALDO si EMMA SA MGA ANAK NG MGA KAWANI AT MANGGAGAWA SA BULAKLAK PUBLICATIONS



Nagkaloob ng aginaldo ang Bulaklak Publications sa anak ng kanyang mga kawani at manggagawa noong ika-21 ng Disyembre.

(1) Inihuhulog ni Emma sa kahon ang dalawang tiket na may katambal na bilang ukol sa unang gantimpalang dalawang bisikleta ng mga bata; (2) Ang magkakapatid na Maribeth, Marichi at Marilon, mga anak nina G. at Gng. Mario Atienza; (3) Pinipili ang aginaldo ayon sa bilang ng tiket; (4-5) Si Emma, sa piling ng mga anak ng mga kawani at manggagawa; (6) Ang mga bata kasama ang kani-kanilang magulang; at (7) Si Emma, sa gitna ng masasayang magulang at mga anak na tumanggap ng aginaldo.

PAMANANG BINHI

(Buhat sa pahina 25)

labing-anim na kaban; bukod pa ang bakol-bakol na lamang-sabog na kanilang nakalap.

Mangyari pang hindi matapos-tapos ang pagdiriwang at pagpapasalamat ng dalawang mag-ina.

—Nakita mo na, anak ko!... —boong kasiyahang-loob na wika ni Sisang sa kabutong supling ng kanyang pag-ibig. —Kakailanganin pa ba natin ang ako'y mag-ásawang muli, at ipasalaula sa ibang lalaki ang malinis na pag-ibig kong sarili lamang ng iyong ama, upang tayo'y mahango sa hirap? Madadalumat mong biyaya ng Panginoon ang idinulot na ito sa atin! Biro mo ba itong labis pa sa labing-anim na kaban ang ating nakuha sa ikalawang pagtatanim lamang!..

—Siyenga po, Inang!... —magalak na sambot ng bata. —Dagig na ang nangyari sa panaginip lamang. Halos ayokong maniwalala at di ko naiisip na ganyang kadami ang inaanak ng isang dakot na maning bigay sa atin ng Lelong ko.

—Iyan ang bisa ng pagpapalang kaloob ng nagmamahal na magulang. Naghimala ang Ben-

disyong kalakip ng dukhang pamanang iyon ng Lelong mo!

—Talagang-talaga po naman!... —Napapalukso sa tuwang tugon ng anak. —Hi-hi-hiii! Tutuo nga pala ang sinabi ninyo!..

—Ngayo'y ganap ka nang na niwala sa akin... Ang tutoo'y sino nga ba ang mag-aakalang ang karampot na maning hinamak, pinagtawanan at halos patapong ipinaubaya na sa atin ng Nanang Sabel mo ay pagmumulan ng labing-anim na kabang butil ng binhi?

—Naku, oo nga po...!

—Kung hindi tayo pipinsalain ng masungit na panahon ay inasahan kong mga dalawa, o tatlong tanim at anihan pa'y makababangon na tayo sa pagkalugami, makatitighaw na tayo sa hirap; at mapasisimulan na nating bayaran ang utang na pamana sa atin ng iyong Lelong.

—Siyenga pala, Inang,... meron nga pala kayong pangako sa Lelong ko!

—Hindi ako nakalilimot.

—Ipananalangin kong iligtas sana ang ating taniman sa sinasabi ninyong sungit ng panahon.

—Hindi tayo pababayaang ng Inang Mahal na Birhen. May palagay akong dumating na ang tulong ng Diyos sa hinaharap kong pakikibaka, at ang isang dakot na maning galing sa Lelong mo'y siyang magiging katangan ng aking pagsisikap upang sa

takdang araw ng pagtutuos ay mabuhat kong buong-buo ang maharlika ng gusaling inangkin ng mga Aristokratang hinlog mo sa Siyudad ng Arcanghel.

—Hindi ko kayo maintindihan...

—Wala ka pa sa kalagayan ngayon upang maunawaan mo ang aking sinabi. Siya, halina at tulungan mo ako sa pagliligpit ng nahukay nating mani. Hihiramin pa natin ang kareta ni ingkong Tumas upang madali tayo sa paghahakot.

—Itatanim din po ba natin uli ang lahat ng maning iyan?

—Hindi. Magbubukod na tayo ng anim na kaban, na ang lima'y ipagbibili na natin pagka't kailangan nang umupa tayo ng kalabaw na magagamit sa pag-aaraw ng malawak na tumanang ating tatamnan; at ang isang kaban pa ay iluluwas natin sa Maynila, upang maipakitang halimbawa sa Kawanihan ng Paksasaka, at tangi sa roo'y hihingi tuloy ako ng aklat ng makabagong karunungan sa paghahalamang ipinagbibilin nila sa Amerika del Sur upang mapag-aralan ko kung papano maaaring itanim ng dalawang beses sa isang taon dito sa atin ang uri ng maning iyan. Alam mong sa dalawang ulit na pagtatanim natin ay namagitan ang dalawang taong singkad.

—Oo nga po... E babayaran po ba sa atin doon ang dadalhin nating mani?

—Hindi lamang babayaran kundi inasahan kong bibigyan tayo ng gantimpala dahil sa kasiya-siyang naging bunga ng matagumpay nating pagsubok.

—E... e, isasama po ba ninyo ako sa pagparoon?

—Mangyari pa. Ibibili tuloy kita ng kapoteng gagamitin sa pag-aaral sa tag-ulang darating.

—Ayaaaaan, halina kayo...!

At ang nagagalak na bata'y patakbo nang nagpauna sa kanyang Inang upang ipagpatuloy ang naaantalang gawain.

PAANO MALULUBOS ANG TAGUMPAY NI NARSISA SA PAGTATANIM NIYA NG MANI?

IYON NGA KAYA ANG PAGMULAN NG LAKAS NA PANGKABUHAYAN NG MAG-INA, NA SIYANG KAILANGAN SA BINABALAK NILANG MALINIS NA PAKIKIBAKA SA MAGKAKAPATID NA MONTE-MAYOR?

HINDI NA KAYA MAKAABOT SA KANILANG NAYON ANG KASAKIMAN AT PANGLULUPIG NI RICARDO'T NI DONYA ISABEL?

KAGILAGILALAS NA KARUG-TONG NITO.

(ITUTULUY

An Utak At Ang...

(Buhat sa pahina 44)

nang walang humapay hanggang sa makarating siya sa palasyo ng mga matsing.

"Ano ang iyong sadya?" ang tanong sa tutubi ng hari ng mga matsing.

"Dahil po sa pag-alipusta ng isang matsing sa buong lahi namin ay dala ko ngayon buhat sa aming hari ang hamon ng pakikidigma sa inyong buong lahi," ang buong tapang na wika ng tutubi.

"Tinatanggap ko ang hamon," ang walang tumpik na sagot ng hari ng mga matsing. "Bukas ng umaga, pagsikat ng araw, ay magtatagpu-tagpo tayo sa gubat."

Muling lumipad ang tutubi at inihatid sa kanyang hari ang sagot ng hari ng mga matsing.

"Kung gayon ay ipatawag mong lahat ang tutubi. Magti-pun-tpon tayo rito bago sumikat ang araw bukas at sabay. Sabay tayong tutungo sa gubat," ang muling utos ng hari.

"Opo," ang sagot ng tutubi at sinimulan na niya ang paghatid ng balita sa lahat ng tutubi.

Bago sumikat ang araw kinabukasan ay naroon nang lahat ang tutubi sa bakuran ng kanilang hari. Napakaraming tutubi ang natipon doon. Nagdidi-lim ang bakuran.

Nang lumabas ang hari ng mga tutubi, ang sabi niya sa kanyang mga nasasakupan. "Handa na ba kayong makidigma?"

"Opo, mahal na hari," ang sagot ng lahat.

"Kung gayon ay tayo na," ang yaya ng hari.

"Nguni't wala pa kaming sandata," ang tutol ng isa.

"Hindi kailangan ang sandata. Utak lamang ang ating gagamitin. Tayo na," ang sabi ng hari ng mga tutubi.

Nagliparan ang mga tutubi patungo sa gubat. Nang dumating sila roon ay naroon na ang mga matsing at naghihintay. Bawa't isa sa kanila ay may dalang putol ng kahoy na gagamitin nilang sandata. Nang makita ng mga tutubi ang mga matsing-sila ay nangatakot.

"Paano tayo lalaban sa kanila? Malalaki ang mga matsing at may mga sandata pa sila," ang usap-usapan nila.

Ang hari ng mga tutubi ay lumapit sa hari ng mga matsing. Noong mga sandaling iyon, ang

STYLED RIGHT FOR*Campus wear*

CORDOVAN
Pigskin finish
Tough leather
soles
Rubber heels

Luna Footwear

bigay ng utos sa kanyang mga nasasakupan.

Ang sabi niya, "Thanda ninyo ang inyong mga pamalo. Ang bawa't tutubing dumapo ay paluin ninyo at nang mamatay."

Nang marinig ng hari ng mga tutubi ang utos ng hari ng mga matsing ay lumipad siyang muli at bumalik sa mga tutubi at nagbigay naman ng kanyang utos.

Ang sabi niya, "Dumapo ang bawa't isa sa inyo sa noo ng isang matsing. Kapag kayo'y papaluin na ng ibang matsing ay bigla kayong lumipad. Naintindihan ba ninyo?"

"Opo! Opo!" ang sagot ng mga tutubi.

"Handa na ba kayo?" ang tanong ng kanilang hari.

"Opo! Opo!" ang sagot ng mga tutubi.

"Kung gayon ay tayo na. Tandaan ninyo ang aking bilin," ang sabi ng hari ng mga tutubi.

Nagliparan ang mga tutubi patungo sa kinalalagyan ng mga matsing. Dumapo ang isang tutubi sa noo ng isang matsing. Walang anu-ano ay PAK! Pinalo ng isa pang matsing ang tutubi nguni't ito ay maliksing nakalipad kaya ang tinamaan ng pamalo ay ang noo ng matsing na dinapuan ng tutubi. Ang matsing ay nabuwal at tuloy namatay. Isa na namang tutubi ang

dumapo sa noo ng isang matsing. PAK! ang tunog ng pamalo ng isa pang matsing datapwa't ang tinamaan ay ang noo ng kapwa matsing na nahilo at natumba sa lakas ng palo. Ang ibang mga tutubi ay nagsidapo rin sa noo ng ibang mga matsing at sila ay pinalo ng ibang mga matsing. Subali't sila ay pawang nakalilag at nakalipad, kaya ang mga matsing ang nangapalo. Pagkalipas ng ilang sandali ay nagkailat sa gubat ang mga hilo at patay na matsing. May ilang matsing na hindi nasaktan, nguni't nang makita nila ang mga patay na kasamahan nila, ay nagtakbuhan at nagtago sa kadiliman ng gubat.

Tinipon ng hari ng tutubi ang kanyang mga nasasakupan.

Ang sabi niya, "Nakita ninyo. Nadaig ng utak ang sandata, hindi ba?"

Ang sagot ng mga tutubi, "Too po at siya naming nakita."

Ang Tatlong Mabisang... (Buhat sa pahina 44)

punan

Ang pagtuturo ay may kaisihan kung ang mga pangungusap at mga halimbawa tungkol sa bahagi ng panalitang itinuturo ay natutungkol lamang sa isang paksa na alinman sa pitong gawain.

Sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng balarila, pinakamadali, pinakamabisa at pinakagamitin na marahil ang pamamaraang pabuod. Ito ay nagsisimula sa paghahanda ng isipan ng mga bata sa pagtanggap ng bagong aralin. Ipinaaalaala o pinagbabalik-aralan ng guro ang aralin o paksang napag-aralan na, na may kaugnayan sa bagong aralin. Kung ang bagong aralin ay pang-uri, ang dapat pagbalik-aralan ay pangngalan. Lugnay ang paksang pinagbabalik-aralan sa bagong aralin.

Ang susunod na hakbang ay paglalahad ng bagong aralin. Ipaliwanag ang katuturan ng paksa at ito'y higit na madadali at magiging mabisa kung gagamitin ng guro ang pisara sa pagpapaliwanag. Isusunod na rito ang pagbibigay ng mga halimbawa sa loob ng pangungusap o salaysay kaya ang hakbang na ito ay maaaring matapos sa isang araw at maaari namang abutin ng kung ilang araw. Iyan ay nababatay sa uri ng paksang ituturo. Ang ilalahad ay bago at tahas na kagamitang kuha sa aklat o sa ginawang pagmamaisid at pagsubok.

Ang ikatlong hakbang ay ang paghahambing at paghalaw. Itatanong ang pagkakatulad at pagkakaiba ng bagong aralin sa mga napag-aralan na. Sa pamamagitan ng pagtatanong ng guro ang

kasalukuyang itinuturo ay iugnay sa nalalaman na.

Ang ikaapat na hakbang ay ang paglalahat. Ito na ang kasukdulan ng pamamaraan. Dito na inilalahad ang dapat matuklasang tuntunin, katuturan, pormula o katotohanang siyang layon ng aralin. Kung ang paglalahat ay hindi malinaw, dapat na ulitin ang mga naunang hakbang.

Ang ikalimang hakbang ay paggamit. Dito ginagamit ang natutuhang tuntunin o pormula para malaman kung tunay.

Ang pamamaraang pabuod ay mahalaga sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa matuwid na pag-iisip. Nagagamit ang maliliit na bagay, ang pagtuturo'y nagiging tunay at kawili-wili, saka ang nupiling isaulo'y ang tuntuning dapat matutuhan.

Ang Pamamaraang Pabuod

I. Paghahanda

- Pagbabalik-aral sa araling may kaugnayan sa ituturo.
- Pag-uugnay sa araling ipinaalaala at sa araling ituturo.

II. Paglalahad

- Pagpapaliwanag sa bagong aralin
- Pagbibigay ng mga halimbawa

III. Paghahambing at Paghalaw (Sundan sa pahina 46)

Ang "pagsasabon" ay nagpapawala sa kislap ng inyong buhok...

Pinaririlag at pinababango ng Halo ang inyong buhok!

Ang Halo ay hindi nag-iwan ng tining ng sabon na nagpapawala sa kislap ng buhok. Ang Halo ay lumilikha ng masagana't mayuming bula na mabango — iniiwang malambot at madaling suklayin ang inyong buhok... iniingat pa rin ang likas na kagandahan nito.

Ang pinakamabiling
shampoo sa Pilipinas





NGAYON AY ALAM NA NILA. Ito ay kuha noong nakaraang kareera ng Sweepstakes. Makikita mula sa kaliwa, Freddie Uy, Jocky Elias nakasakay sa nabalang kabayong "Who Knows" at ang may-ari ng kabayo si Gng. C. de Jesus.

LIHIM NA LIHIM

(Buhat sa pahina 17)

supladahan ng babaing iyon. —ang pagmamatuwid ni Kobang sa pumipigil na si Rebot, —ang akala mo'y kung gasino kalinis ang kaluluwa. Yaon pala'y marumi pa sa burak ang laman ng puso. Pasusubukan ko sila kay Senyorita Belay. Sasama ako sa panunubok.

Subalit sa kasisigaw ni Bebot samantalang nasa harap nila ang batang patulov na tinutugnaw ng apoy, pinasukan din ng alinlangan si Kobang sa kanyang gagawing pagtatapat kay Belay. Binigyan niya ng bahagyang katuwiran si Bebot na wala silang mahihintay sa gayon niyang binabalak kundi ang sila'y mapalayas kapuwa. Siya namang paghinto noon ng awtong sinasakyan ng tatlong nagsipagsimba. Narinig ni Belay ang masayang tinig ni Don Pablo.

—Belay... nariyan na si Nesting. Pinauwian ka ni Rita ng maraming pakain. Nanggaling kami sa Manila Hotel, e.

—Salamat po ng marami, —masaya rin ang tinig ni Belay nguni't hindi umaalis sa harap ng nagdiringas na

bata.

Nang sumibad nang takbo ang awto nina Don Pablo ay saka pa lamang sumalubong si Belay sa hindi magkangdalang si Ernesto sa dami ng balutan ng ulam. Tinakpan ni Belay ng pagkamagiliw ang pait ng damdamin dahil sa paninibugho. Walang napansing paghabago si Ernesto hanggang sa sila'y mapatapat sa nagliliyab na batang sutla. Napansin niya agad sapagka't ang isang manggas ay inabot niyang hindi pa natutupok. Biglang napahinto si Ernesto. Bahagyang pinagbaguhan siya ng kulay.

—Ano iyan, Belay? —mahinahon ang kanyang tinig, bakit mo sinunog iyan?

Napaiyak na lamang si Belay. —Patawarin mo ako, mahal ko, —at hinigpitan niya ang yapos sa baywang ni Ernesto. —Kundanga'y napakamahal ka sa akin. Hindi ko ibig na may makasato sa pagmamahal ko sa iyo.

Napatawa na lamang si Ernesto. Naunawaan niya si Belay.

—Nagkakamali ka Belay nang paninibugho sa kanya. —at hinagkan niya sa pisngi ang lumuluhang asawa. —Kung may kasalanan si Rita ay wala nang iba kundi ang dati niyang pagtitiwala sa akin.

—Sabihin mo kay Rita na limutan na niya ang dati niyang pag-

DURABILITY and COMFORT

are yours in


- ROTC UNIFORMS
- WORKMEN'S CLOTHES
- SHIRT AND PANTS

by

La Navotena

- * SANFORIZED (no shrinkage)
- * COLOR FAST (no fading)
- * TAILORED TO FIT (in all sizes)

SHARKSKIN
GABARDINE
K H A K I
D E N I M
(MAONG)
O. D. FATIGUE



Branch Store
773 Juan Luna, Manila
Tel. 274-43

Factory Office
North Bay Blvd., Navotas, Rizal
Tel. 20 Cal. 351

DRA. PATRICIA B. NAVARRO

Espesyalista sa panganganak, laging nakukunan. Sakit sa matris at obaryo at sa mga hindi maganak.
Klinika: 9:00—11:00 A.M. U.S.T. (pay) Hospital (By appointment)
5:30—7:30 P.M. 1723 Sulu pagitan ng San Lazaro at Malabon St. Dial 3-90.51 ask for 6376
GURO SA KOLEHIYO NG MEDISINA SA PAMANTASANG STO. TOMAS



DR. S. D. GUTIERREZ

X-RAY SA LOOB NG KATAWAN SAKIT SA BAGA, SIKMURA, BITUKA, APPO, ATAY, BALAT, MATRIS, GUMAGAMOT SA PAMAMAGITAN NANG APAKATO WALANG SAKIT.
420 Abenida Rizal Gusaling York Town Tapat ng Cine Ideal

DR. MANUEL C. FERNANDEZ

Espesyalista sa Sakit sa Balat, at Paggagamot sa RAYOS-X
Oras: 10-12 n.u. — 4-6 n.h.
R-211 Palomo Bldg., Azcarraga Cor. O'Donnell — Office Tel. 3-29-11

DRA. GLORIA G. RAMIREZ

Pagbubuntis, Sila ang Regla, Hindi Maganak, laging Nakukunan. Sakit na Lihim, Matris at Obaryo.
Klinika: AREVALO BLDG. 51 Quezon Blvd., Pagitan ng Raon St at Center Theater.

— SANTAMARIA'S CLINIC —

DR. P. A. SANTAMARIA
Konsulta: 11:00 n.u. — 1:00 n.h.; 4:00-6:00 n.h.
Nag-coopera: Tonal, Mata, Adenoid, Lamad, Trachoma, Tumor sa Lalamunan, Luga ng Tainga at Malabo ang Mata, Sinusuri ang Sinusitis at sakit sa ulo sa Rayos-X
755 Avenida Rizal Tel. 3-39-92 (Malapit na Central Hotel)

DR. MANUEL C. GUZMAN, M.D.

ELECTROCARDIOGRAPHIC * X-RAY * FLUOROSCOPIC APPROACH
ESPECIALISTA AT CERTIFICADO NG U.S.A.
HARVARD MEDICAL SCHOOLS & TRUDEAU MEDICAL SCHOOL
SAKIT SA PUSO, BAGA, TUBERCULOSIS
Clinic Hours: 9-12 A.M. — 4-7 P.M.
471 HERBOSA ST., TONDO, MANILA, PHILIPPINES

papalagay sa iyo sapagka't ako'y naninibugho sa kanya.

—Kahiya-hiyang sabihin iyon, Belay. At lalong magiging kahiya-hiya kung sumapit sa kabatiran ni Ambo ang ganyan mong maling hinala.

—E, ano ang aking gagawin? Magtitiis na ba lamang ako sa ganito?

—Ikaw lamang naman ang nagpapahirap sa iyong sarili, — ang pagkukunwa naman ni Ernesto, na parang tutuon-tutoo ang sinasabi, —subalit ang matitiyak ko sa iyo'y mamamalagi akong tapat sa iyong pag-ibig. Maasahan mong hindi kita pagtataksilan. Gayunma'y uunti-untiin ko ang pagsasabi kay Rita. Utay-utay na ipadadama ko sa kanya ang mga hinanakit mo sa pagiging malapit niya at dating pagtitiwala sa akin.

—Magawa mo kaya iyon? —nalarawan na sa matamis na ngiti ni Belay ang paniniwalang nagtatapat sa kanya si Ernesto.

—Ang lahat ay magagawa ko, Belay, mallayo lamang kita sa pag-aalinlangan sa akin. Ngunit wala akong muli't muling ipinakiusap sa iyo kundi ang pakatingatan mong malaman ni Ambo na may lihim kang galit kay Rita. Pag ginawa mo yao'y nangangahulugang hindi mo na tinitingnan ang ating kapakanan.

Nagsalo silang mahinusay. Parang walang nangyari. Parang

wala silang pinag-usapang masealang bagay. Maraming nakain si Belay. Nakadama naman ng lubos na kasiyahan si Ernesto sa napansing paniniwala ni Belay sa kanyang mga sinabi.

Ang natira nilang masasarap na ulam ay di maubus-ubos ng kanilang dalawang utusan. Nagkaka-tuwa silang mabuti at nagtutuk-suhan pa.

—O, naninwala ka na sa akin? — At sinurot sa bunganga ni Bebot si Kobang. —Kung nagkataong isinumbong mo ang iyong mga narinig makakakain ka ba ng ganayang kasarap na ulam?

—Bakit hindi, —at hinawi ni Kobang ang hintuturo ni Bebot na sumayad sa kanyang nguso, —mababawasan ba ang sarap ng piniritong manok na ito kung nagsumbong man ako sa Senyorita?

—Hindi nga mababawasan, ngunit mamumulot kang isa-isa niwan sa lupa.

—A, hindi gagawin iyon ng Senyorita, —at sinundan ng subo ng isang kutsarang puno ng "chicken salad". —Nalalaman niya na hindi dapat lapastanganin ang grasya ng Diyos.

—Meron bang grasya ng Diyos sa taong naninibugho? Talagang ulol ka, ano? —at biglang hinila ni Bebot ang pinggan ng iskabetseng lapu-lapo.

Nagalit si Kobang. Biglang nagtindig at binatak ang ping-

gang kinabig ni Bebot. At sa pag-aagawan nila'y natabig ni Kobang ang isang baso ng tubig. Luniagpak at nabasag. Patakbong lumabas si Belay.

—Ano ba iyang ginagawa ninyo? —pagalit niyang tanong.

—E... i-ito hung si Kobang, e, —basag ang tinig ni Bebot.—Sumbungero.

—Sino'ng sumbungero? —at dinagukang bigla si Bebot, —nagsumbong ba ako?

—Bakit? —at namaywang pa si Belay na animo'y batidor ng tsokolate. —Ano ang dapat isumbong?

—A, wala pong bagay, Senyorita. —nanginginig ang katawan ni Bebot, —isusumbong daw po niya ako sapagka't aayaw ko siyang bigyan ng iskabetseng lapu-lapo.

—Buweno, tigil na iyang mga kaululan ninyo. Dalasin ninyo ang pagkain at hatinggabi na.

Nang pumasok sa silid si Belay, naratnan niyang natutulog na si Ernesto. Palagay niya'y nahihimbing na. Maingat siyang nahiga sa tabi ng asawa. Hindi niya ibig mapukaw ang asawang sa palagay niya'y madaling natulog sa matinding pagod.

Ngunit laban sa paniwala ni Belay, si Ernesto'y hindi natutulog. Pikit na pikit ang kanyang mga mata'y gising na gising naman ang kanyang kalooban. Binabagabag siya ug mga alalah-



Ang magandang si Lydia Antonio ng Deegar Cinema Inc. na itinampok sa pelikulang nilabasan sa iba't ibang dia ay marami nang pelikulang nilabasan sa iba't ibang istudyo.

nin ukol sa ginawang pagtipan sa kanya ni Rita. Kailangan daw siyang makausap nang sarilinan. Halos natitiyak na niya ang sasabihin sa kanya ni Rita. Ano kaya ang iniisip gawin ni Ernesto? Makipagkita kaya siya kay Rita, kinabukasan? Patulan kaya niya ang pagkahibang ng magandang asawa ng kanyang kaibigan?

(Durugtungan)

Oras ng Paglalaro sa Lahat Ng Sandali

kung suot ninyo ang Sapatos tatak MARCELO

Marcelo SHOES



Gaya nina ARMANDO GOYENA at LUDY CAR. MONA, mga tanyag na bituin ng LVN Pictures na ipinagmamalaki ang kanilang suot na sapatos na yaring Marcelo.

Tumungo agad kay Marcelo. Duo'y makapamimili kayo ng lalong magaganda at kahali-halinang sapatos na panlaro. Gumamit ng sapatos na gomang Marcelo at tiyak kayong masisiyahan.

MARCELO RUBBER & LATEX PRODUCTS INC.
NORTHERN HILLS, MALABON, RIZAL
TEL. 9-92-42

Tangi Kong Pag-ibig

(Buhat sa pahina 23)
ang pagbabago ng kulay ng binata. Nakita niyang nagtiim ang bagang nito at wari'y pinakiramdaman ang itinurok na gamot. Ni hindi kumilos. ni hindi binago ang ayos ng mukha, tiniis niya ang kirot ng ineksyon, nguni't ang kanyang labi'y pigil ng ngipin

—Pagkaraan ng ilang sandali ay mawawala na ang kirot ng iyong mata... —ang marahang wika ni Jovita na hinaplos ang noong walang tapal ng binata.

—Salamat, sa iyo... Sor.. Sor..

—Cecilia!... Ako ang iyong tagapag-alaga... Mag-sisimula sana ako bukas ng umaga, nguni't ngayon pa'y tinawag na ako ng manggagamot. Ibig mong uminom ng gatas?...

—Kung maaari, gutom na gutom ako...

Hindi na kailangan pang utusan si Miss Reyes at siya na ang tumakbong palabas-silid upang kumuha ng kailangan ng maysakit.

—Ako pala'y inopera sa mata... —pabulong-wika ng maysakit. —Maaari pala akong mabulag...

—May awa ang Maykapal, hindi ka Niya pababayaan!...

—Ano pa nga ba ang kailangan ng aking mga mata, —patiim-bagang at buong lungkot na hinagpis ng binatang nakahiga. —Aanhin ko pa ang matang iyan kung ang lahat kong tingnan sa daigdig na ito'y lalo lang nagpa-paalaala sa akin ng aking kasawiang palad?... Mahanga'y ang wala nang makita at matanaw!... Sapagka't si Jovita ay wala, nakikita ko lamang siya sa aking guni-guni, namamalas ko lamang siya sa aking pangarap!... Bulag na ako!...

—Hindi!.. Hindi, Sergio, hindi ka mabubulag!... —buong pagdaramdam at pagkahabag na nawika ni Jovita na hinaplos ang buhok ng nakahiga.

Hindi nakakibo ang maysakit sa kabiglaanang yaon ng dalagang nagbabantay. Matagal na nagulang imik, nguni't hindi miminsang binasa ng dila ang labing ibig na matuyo.

—Ang sabi ng doktor ay may awa ang Diyos, hindi ka maaano. Kaunting araw lamang ay gagaling ka na...

—Sinabi iyon?...

—Oo...

—Pinalalakas mo ang aking loob. Talagang kayong mga nars ay magaling magdulot ng pag-asa sa mga maysakit. Ganyan din ang nangyari sa aking ama...

—Hindi ka maaano, Sergio... Ipagdarasal kita...

—Sor... Sor Cecilia... Anong buti ninyo sa akin... Maari bang masalat ko ang inyong kamay?

Marahang ipinatong ni Jovita ang kanyang kamay sa mga palad ng binata. Nakita niyang ito'y hinaplos, sinalat, pinisil ng kaunti at saka unti-unting dinala sa labi...

—Hindi kita makita, Sor Cecilia... Madilim ang aking daigdig... Nguni't ang tinig na iyan...

Dali-daling iniurong ni Jovita ang kanyang palad sa pagkakahawak ng binata at bigla siyang nabalisa. Ngayon niya natatap na maaari nga pala siyang makilala ng binata dahil sa kanyang tinig.

—Oo, Sor Cecilia. ipagdasal mo ako upang maging karapat-dapat sa sinapupunan ng Maykapal na inyong sinasamba. Ang buhay ko'y tsang dakilang aral, Sor Cecilia, na ang tao'y hindi nabubuhay sa tinapay lamang. Ligid ako ng lahat nang kasaganaan sa daigdig, iniwanan ako ng limpak-limpak na kayamanan ng aking yumaong magulang, sumod na sumod ko ang anumang mahiling na maaaring mabill ng sala, nguni't ano ang aking kinahinatnan...? Hindi ko nabili kailan man ang aking kaligayahan at katahimikan ng budhi; nawasak ang aking puso at ngayon ay humangga ako sa isang ospital na isang kahabag-habag na bulag!...

—Bawa't pangyayari'y isang pagsubok sa buhay ng tao Sergio. —Ang marahang wika ni Jovita. —Hindi ka dapat mawalan ng pag-asa...

Diwa'y tumatala na ang meksyong inilagay ni Jovita sapagka't unti-unting inilalatag ni Sergio ang kanyang lupaypay na katawan, nawala ang pangungunot ng noo, umaaliwalas ang mukha at ilang sandali pa'y nakatuglo na ang maysakit.

Marahang tumindig si Jovita sa pagkakaupo sa gilid ng hihigan. Maingat na ibinaba ang kulambo at saka pinatay ang ilaw sa gilid ng kama.

Siyang pagdating ni Miss Reyes na may dalang isang basong gatas na mainit.

—Aba, tulog na tulog na pala ano. Sister?

—Oo, Miss Reyes, gawa iyan ng ineksyon...

—Nabalisa rin ako kangina sapagka't malakas pala kung magkikilos. At tawag nang tawag. Inakala kong iyan ay gawa ng paglipas ng *anesthesia*, ano?

—Maaari nga... —inahinang tugon ni Jovita.

—Nguni't paano ang gatas na ito?...

—Saka mo na ibigay pagkaging...

—Talagang mahirap magkaskit ang mayayaman, Sister. Kaunting sakit lamang ay hindi na mapalagay. At saka, tawag nang tawag ng pangalan ng isang bae. Ano kaya niya iyon?...

—Aywan ko, Miss Reyes, wala tayong paki-alam sa suliraning iyan ng ating mga maysakit, hindi ba?

—Oo nga, sister, kaya lamang ay nakatatawag ng pansin. Biro mo ba naman, buhat nang maalís ang bisa ng pampatulog at mag-simulang magbalisa ay wala nang tinawag-tawag kundi ang pangalang Jovita? At sa pakiwari ko'y tila siyang hinahanap nang abutin ng sakuna:

Hindi kumikibo si Jovita at nakikiramdam sa kasamang nars. Ito naman ay buong tiwalang inayos ang kama ng nakahiga, isinuksok ang laylayan ng kulambo sa ilalim ng kutson upang hindi pasukin ng lamok...

—Alam mo? —ang wika pa ng nars.

—Ano iyon?

—Nasalubong ako ng madre superiora pagpasok ko sa "kitchen" at ako'y inusisa tungkol sa maysakit. Sinabi kong nang magising ay naggagalaw agad at parang hibang na tawag nang tawag ng Jovita... Jovita...

—Sinabi mo iyon?... —biglang tanong ni Jovita na napatindig sa kanyang inuupang likmuan sa sulok ng silid.

—Oo, sister. Pagkatapos ay sinabi kong tinawag kita sapagka't ikaw ang kanyang "espesyal nars".

—Hintay ka, Miss Reyes, ang ibig mo bang sabihin ay... nang marinig mo ang tawag ng maysakit sa isang... pangalan ay saka ka nagtungo sa akin? Iyan ba ang sinabi mo sa ating madre superiora?

—Gayon nga... Nagulat at... at... di nakakibo...

—Miss Reyes!... —buong pagdaramdam na nasabi ni Jovita.

—Aba, ano ang masama nuon ay sa talaga ko namang ginawa. Isa pa, hindi ko ibig ipakahulugan na ikaw ang Jovitang tinatawag?...

—Hindi nga... nguni't...

—Aba, naniniwala akong ang Jovitang tinatawag ng maysakit ay isang babaing-tagalabas, marahil ay anak ng lipunan, at... marami pa, nguni't hindi ikaw, Sor Cecilia, na alagad ng kabanalalan...

—Oo nga... hindi nga ako... (ITUTULUY)

Learn RADIO and TELEVISION



**I'LL TRAIN YOU AT HOME
IN YOUR SPARE TIME**

I can train you in your home for a good job in Radio & TV, or to start your OWN business, and thus be your OWN boss. With your training you get 10 big kits of parts with which you make hundreds of practical experiments, and build scores of circuits. Thus, you learn by DOING.

Send for my big FREE book which tells about my famous TWO-WAY training plan and of Radio-TV's many money-making opportunities. No obligation.

C. H. MANSFIELD, President

HOLLYWOOD RADIO & TELEVISION INSTITUTE
Hollywood 5, California, U. S. A.

C. H. MANSFIELD, Pres., Dept. BJ-28
Hollywood Radio and Television Institute
7078 Hollywood Boulevard, Hollywood 28, Calif., U. S. A.

Send me your FREE book, "Four Opportunities in Radio, Television."

Name


Please print or write plainly your name and address

Address

City Country

THIS
FREE
BOOK

has helped
hundreds
of men
make more
money



(IKA-95 LABAS)

Matapos mangusap ang bunyng Alkalde'y lumusong sa hukay, habang ang naroong banda ng musiko ay nagtutugtugan; siya ay naglagay ng ilang kutsarang buhangin na lamang at kaunting apog sa nasa ibaba na batong sandigan; nang siya'y umahon, ang mga kawani ay nagpalakpakan, habang ang marami ay nagsisigawang: Mabuhay! Mabuhay! Saka pagkatapos, ang gayong ginawa'y sinundang gayahan niyong si Fray Salving sa hukay na yao'y hindi kalayaan.

Kutsarang ginamit ng bunyng Alkalde ay agad kinuha ng ating binata at siyang nag-abot sa naroong kura; habang lumusong ang nasabing pari'y tumingala muna at ang minamasda'y nakabiting batong kanyang nakikita; sa hukay na iyon, noong si Fray Salvi ay makababa na, ang unang ginawa ng ating alkalde ay kanyang ginaya; habang ginaganap ang gayong gawa'y nagpalakpakan pa ang ilang praile't si Kapitan Tiagong noon ay kasama.




Samantala naman, si Fray Salvi noon mapi'y hinahanap ang paglipatan o pag-aabutan ng kutsarang hawak; kaya't iginala ang kanyang paningin at sa kalilingap maalala niya itong si Ibarra, kaya kinausap: —Ginoong Ibarra, —ani Padre Salving loob ay panatag, —Kayo po ba naman kahit na buhang'i'y hindi maglalagak? —E, baka po naman kay Juan Pagkain, ako ay matulad, siya nang nagluto; sa luto'y siya rin ang kumai't sukat.

—Maglagay na kayo ng buhang'i't apog at kami'y tularan, —wika ng Alkalde sa ating binatang napapatigagal. Sa gayong pamanhik, itong si Ibarra'y sadyang napilitan na siya'y sumunod; nguni't ang ginamit ay kutsarang bakal; at nang siya noon ay mapayapa nang lumusong sa hukay, ay narinig niyang ang ilang nroon ay nangagtawanan; subalit si Elias ay napansin niyang siya'y tinitigan na nagpagunitang: "nakataya niya'y sarili mong buhay".

Ang putlaing tao sa may hukay nama'y nakatungo noon, bearing nag-aabang at may hinihintay na pagkakataon; subalit si Elias, napansin man niya na pakanhim-kanlong, sa dilaw na tao'y di humihawalay nang sandaling yaon; kaya't si Ibarra ay naging maingat sa gawaing iyon at ang nakabiting bato sa ulunan ay minasdan tuloy; siya ay humingi ng kutsara't timba sa nangaroroon, bago pa hinalo ang buhang'i't apog na ginamit doon.

Nang nag-iisa na ang ating binata sa loob ng hukay, agad mapapansing ang mga kawani'y nagbulung-bulungan... At kaginsa-ginsa'y umugong na bigla at nag-ilandangan ang nangakataling lubid sa haligi at ang dagusdusan! Haligi'y nabuwal, salabat na kahoy ay nangagliparan, at ang alikabok ay biglang umaso nang gayon na lamang! Sa nakasisindak na dagundong noon: daming natimbuwang, mga nagtakbuha'y nagkakandarapu at nagsisigawan!

Sa sigawang iyon na kahambal-hambal ay mauulinig ang nakasisindak na daing ng ilan sa basag na tinig! Liban kay Fray Salvi at kay Maria Clara, sa gayong nasapit, sa kinalalagyan ng dalawang yao'y hindi natigatig; nguni't sila nama'y hindi makakilos, kumilos mang pilit... kapuwa mapula't ni isang kataga'y walang maisulit! Anupa't ang lahat sa gayong nangyari'y pawang naligalig, sapagka't ang mga buhay nila noon ay sumapanganib.



Nang ang alikabok na umaso noon mapawi-pawi na namangha ang lahat sa tila himalang kanilang nakita; sa buntong ng mga durog na kawayang magkakapatong pa, ay namsadan nila na nakatayo rin yaong si Ibarra; nasaksihan nilang hawak ng binata'y bakal na kutsara at ang tinitingnan ay bangkay ng taong hindi makilala. —Buhay pa ba kayo? —tanong na maraming nangababalisa. O, isang himala! —ang sigaw ng ilan na putes ng dusa.

—Aba, halikayo't iahon ang bangkay nitong sawimpalad, —ang biglang nasabi niyong si Ibarra ng tila nangangawap. At nang mapakinggan ni Clara ang gayong mga pangungusap, siya ay nabuwal at biglang nawalan ito nang ulirat! Nang sandaling yaon, ang pagkakagulo ay naghari't sukat, at di masawate ang usap-usapong nakababagabag. —Sino ang naratay? —tanong ng Alperes na nagsisiyasat. At saka nalamang madilaw na tao yaong napakamak!

Kaya't ang Alkalde'y halos ay pagalit ng kanyang sabihin: —Iyang namahala sa gawain dito'y dapat na usigin. Inutos niyang katawan ng bangkay noon'y siyasatin at dinama niya kung ang puso nito'y tumitibok pa rin. Subalit wala na, huli na ang lahat anuman ang gawin, ang tama sa ulo, ang sa buhay niyon ay siyang kumitil! Kaya't si Ibarra sa pagkakaligtas, kinamay noon din ng kura at anyay... "Ang Poon Bathala'y lubhang maawain!"

(ITUTULOY)



Pitak PAM

Ang BULAKLAK ay pinagtibay na babasahing panlahat sa Pamamaraan

PAGTUTURO

ANG TATLONG MABISANG PAMAMARAAN

NI ANTONIA F. VILLANUEVA, Pang. Puno, Kagawaran ng Wikang Pambansa, University of Santo Tomas

Noong unang panahon, ang pagtuturo'y ipinalalagay na maqaling gawain: nguni't sa mga tunay na nakababatid, ang pagtuturo ay isa na marahil sa mga pinakamahirap na gawain. Ito'y nangangailangan di lamang ng lakas kundi ng mabuting isipan. Ang gurong walang sapat na lakas ng katawan at isipan ay hindi masisiyahan sa kaniyang mga gawain. Malamang ang hindi pagtatagumpay ng naturang guro.

Ang pagtuturo ay nangangailangan din naman ng puhunan. Ang gurong kulang sa puhunan ay karaniwang nahihihirapan sa pagtuturo at ang mga mag-aaral ay hindi natututo nang sapat. Ang gurong walang nalalaman maliban sa kaniyang paksang-araling ituturo ay di lubhang magkakaroon ng kasiyahan sa kaniyang gawain. Dapat na magdagang ng guro ang nilalaman ng aklat at ng patnubay sa pag-aaral. Kailangang mabigyang-buhay niya at magawang kawili-wili ang paksang-aralin sa pamamagitan ng kaniyang pagpapalawig ng karunungan. Dapat na siya'y magkaroon ng higit na kaalaman kaysa kaniyang kailangan lamang ituro. Ang guro'y dapat magkaroon ng sapat na puhunan at ang mga iyan ay kaalaman ng paksa, kahandaan sa pagtuturo, kalusugan, katauhan, karanasan at pagkawanawa sa lipunan.

Bahagi ng kahandaan sa pagtuturo ang kaalaman ng mga pamamaraan. Sa pamamagitan ng kaalamang ito napadadali ang pagkakatuto ng mga mag-aaral. Nagiging mabisa ang pagtuturo kung nabagay ang pamamaraan sa paksang-aralin at gayon din sa kakayahang ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng tumalak na pamamaraan, ang tunay na katuturan ng pag-aaral ay nauunawaan ng mga mag-aaral. Para sa kanila ang pag-aaral ay

paghahanda sa ulit-aral at pagsubok. Ang pagkakaroon ng kaalaman ay bahagi lamang ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay dapat na magpalawak ng pag-iisip at dapat na makatulong sa pag-iutas ng mga suliranin.

Dahil sa kung paano ang pag-aaral ay hindi lubos na nalalaman ng mga bata at ito'y tunay na mahalaga sa isang araling paggamitan ng isip, pinangasiwaan ng maraming guro ang pag-aaral ng kanilang mga mag-aaral. Ang pag-aaral na pinatnubayan ng guro ay may mahabang takdang-aralin. Tinutulongan ng guro ang bawat mag-aaral na nangangailangan. Ang lalong ng pamamaraan ito ng pag-aaral ay halinhan ang makasayang pag-aaral sa bahay. Natututungan din ang mga walang kaya at nabibigyan sila ng pagsasanay sa pag-iisip. Sa pamamagitan ng ginagawa ng guro ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kawilihan sa pag-aaral, nabubuyong pag-inamin ang kanilang nalalaman at nasasanay sila sa paggamit ng kanilang isipan sa pag-iutas ng mga suliranin.

Ang simula ng kaisipan ay dapat na isaisip ng guro tuwing siya'y magtuturo. Sa pagtuturo niya ng palarila o kathang sulatin o pasalita ang pagpili niya ng paksa ay dapat na isalalang-alang. Dapat niyang ibatay ang kaniyang paksa sa alin man sa mga uri ng gawaing sumusunod:

1. Mga gawaing nauukol sa kalusugan
2. Mga gawaing nauukol sa mabuting pamamayan
3. Mga gawaing nauukol sa paghahanapbuhay
4. Mga gawaing nauukol sa relihiyon at kabutihang-asal
5. Mga gawaing nauukol sa pag-aaral
6. Mga gawaing nauukol sa paglilibang
7. Mga gawaing nauukol sa lipunang

(Sundan sa pahina 39)

PABULA

ANG UTAK AT ANG SANDATA

NI JOSEFINA L. SANTOS, Curriculum Division, Kawanihan ng mga Paaralang-bayan



Isang tutubi ang magigayang ragliliwaliw sa kalagitnaan ng gubat isang hapon. Walang humpay ang kanang paglipad at pagdapo sa mga sanga ng punungkahoy. Anupit sa kanyang kagalakan ay hindi niya napuno ang isang matsing sa isang sangang dinapuan niya.

"Hoy, tutubi, hindi mo na igit nalang ang aking pamamahinga," ang galit na sabi ng matsing.

"Bakit? Ginambala ba kita?" ang tanong ng tutubi.

"At ano pa? Hindi pa ba paggambala iyang ginagawa mong paglipat-lipad sa mga sanga ng punungkahoy na tahanan ko?" ang tanong-sagot ng matsing.

"Hindi kita mauunawaan, matsing," ang sabi ng tutubi. "Kay, liit-liit ko naman. N' dahon ng halaman ay hindi ko mapagalaw kung ako'y dumapo. Paano kita magagambala?"

"Marami ka pang sinasabi.

Heto ang iyo," at ang kawayang tutubi ay pinalitik ng matsing ng kanyang buntot.

"Ikaw ang bahala. Isusumbong kita sa aming hari," ang banta ng tutubi.

"Ha! Ha! Ha! Ano ang magagawa ng inyong hari? Ha! ha! ha!" ang panunudyong ng matsing. Umuwi ang tutubi at nagsumbong sa kanyang hari.

"Pinagtawanan po niya ang ating lahi," ang sabi pa ng tutubi.

"Ha? Pinagtawanan ang ating lahi? Pumaroon ka ngayon din sa hari ng mga matsing. Sabihin mo: hinahamon ko ang buong lahi niya. Tipunin niya ang lahat ng matsing sa gubat at paroroon tayo upang makipaglaban," ang utos ng hari ng tutubi.

"Opo, mahal na hari," ang sagot ng tutubi at lumipad na siya. (Sundan sa pahina 39)



PAARALAN

mga paaralang-bayan ng Bureau of Public Schools, (XI-19-51)
JACINTO R. DE LEON

TALASALITAAN

UKOL SA IBA'T IBANG PAKSA

Inihanda ng Surian ng Wikang Pambansa

bill of goods—talaan ng kalakal na binili
bill of lading—kasulatan ng angkat na kalakal
bill of sale—kuwenta ng bilihan
bimetallism—bimetalismo
blacklist—talaang-itim, blaklist
bond—bono, panagot, piyansa
corporate bond—bono ng sama-

han; panagot ng korporasyon
debenture bond—bonong walang panagot; utang
bonus—bonus
business boom—kasagsaan ng negosyo
mining boom—kasagsaan ng mina
boycott—boykutahe, boykoto
brand—marka; tatak
(ITUTULOY)

MGA KAWIKAAN SA TAGALOG

Inihanda ng Kawanihan ng mga Paaralang-bayan

nagkahalo ang balat at tinalupan
—literally —“the skin and the skinned got mixed”
figuratively —a great trouble resulted.

Example: Ang pulong ay idinaraos nang mahinusay subalit nang dumating ang pangalawang pangulo ay nagkahalo na ang balat at ti-

nalupan.
nagkalat ng baho —literally — scattered the foul odor”
figuratively —exposed one's own defects.

Example: Bakit dito ka pa nagkalat ng baho sa harap ng maraming tao?
(ITUTULOY)

MGA ARALIN SA LARAWAN



Bagong Taon. Nakaluhod si Aurora at ang kanyang mga pamangking sina Julieta at Romeo sa malapit sa altar mayor ng simbahan. Hinihiling nila sa Birhen na matupad nila ang kanilang mga kapasinyahan sa taon.
(New Year. Aurora and her niece Julieta at nephew Romeo were kneeling near the main altar of the church, asking the Virgin for help that they could fulfill their resolutions for the year.)

SAGUTIN—ANSWER:

1. Sinu-sino ang mga kasama ni Aurora sa pagsimba?
(Who were the companions of Aurora in the church?)
2. Ano ang hinihiling nila sa kanilang panalangin?
(What did they ask in their prayers?)

MGA KARANASAN

SA PAGTUTURO NG WIKANG PAMBANSA

Ni ROSARIO BELLA GANA, *Pans. Puno, Sangay ng Wikang Pambansa, Philippine Normal College*

Ang pagtuturo ng Wikang Pambansang Pilipino ay isang tunay na kaligayahan, lalo na't mabilis at tiyak ang pagkatuto ng mga tinuturuan. Nguni't katulad ng ibang mahalagang kawain, ang pagtuturo niyaon ay may sariling mga suliranin.

Mula nang ako'y makapagturo ng Wikang Pambansa, ang unang mabigat na suliraning natagpuan ko ay ang nauukol sa pagsasama-sama ng mga Tagalog at di-Tagalog sa isang klase. Hangga ngayon ay hindi pa nalulunasan ang suliraning ito. At dahil sa mabilis na pagdami ng mga mag-aaral, sa kakulangan ng mga silid-aralan, at sa kakapusan ng salapi taun-taon, ay tila mahirap malunasan ang suliraning ito. Una-una'y malaking gulo ang idulot nito sa pag-aayos ng palatuntunan ng paaralan upang mahiwalay ang mga mag-aaral ng

Tagalog sa mga di-Tagalog. Maraming silid-aralan at mga guro ang kakailanganin. Ang lahat ng ito ay nangangahulugan ng salapi na hindi malaman kung saan pagkukunin.

Samantalang wala pang pag-asang malutas ang suliraning ito kailangang umisip ng mga paraang makatutulong sa malungkot na kalagayang ito. Ang mga mag-aaral na Tagalog ay kailangang kasangkapan upang makatulong sa mga di-Tagalog sa pagsasalita at lalo na sa pagsulat. Malaki ang maitutulong nito sa pagtuturo ng Wikang Pambansa. Unang-una, ipinaliliwanag ko sa mga mag-aaral na pag ang isang Tagalog ay hindi nagsipag sa pag-aaral ng Wikang Pambansa ang madalas mangyari'y siya pa ang nadaraig ng masipag at matiyagang mag-aaral na di-Tagalog. Sa katunayan ang mara-



Bakasyon ng Pasko. Si Totoy ay may dalang isang pangnan na may lamang kanin at ulam. Ito'y iniaabot niya sa kanyang ama sa kanilang kubo sa bukid para tangnalian.

(Christmas vacation. Totoy carried a basket containing rice and viands. He handed this over to his father in their hut on the farm for lunch.)

SAGUTIN—ANSWER:

1. Saan pumaroon si Totoy?
(Where did Totoy go?)
2. Ano ang dinala niya sa kanyang ama sa bukid?
(What did he bring to his father on the farm?)

ming nabibigyan ko ng antas na 1. na pinakamataas, ay di-Tagalog.

Sa katagalan na ng aking pagtuturo ay tiyakan kong masasabi na pag nagsikap na mabuti sa pag-aaral ng Wikang Pambansa ang isang matalinong di-Tagalog, karaniwang nadaraig niya ang isang Tagalog na nag-aakalang dahil sa taal na Tagalog siya ay hindi na niya kailangang pag-aralan pa ang nasabing Wika.

Ang isa ko pang suliranin sa pagtuturo ng Wikang Pambansa ay ang malabis na paghahalu-halo ng iba't ibang wika ng mga mag-aaral. Dapat kayang pabayaang ito upang sila'y maakit sa pagsasalita ng Wikang Pambansa sangayon sa palagay ng mrami? Tila po hindi dapat pabayaang walang taros na paghahalu-halo, sapagka't tootoong nasasalala ang ating Wika. At kung mapagkamihansan na ay marami nang salitang malilimutan sapagka't sa halip na gamitin ang Wikang Pambansa ay kung ano-ano na lamang ang ipupuno. Ang kinalalabasan ng salitaan ay hindi matiyak na Wikang Pambansa at ni hindi rin naman masasabing Ingles o Kastila. Halimbawa, dapat bang pagyagang magsalita nang ganito ang mga mag-aaral?

Naku, nagride kami sa Pantango kagabi. Beri masarap pala.

Dis girl naman, lagi na lamang late. Very lazy ka naman.

Let us eat na lamang here. Malapit na sa water.

Ikaw naman, laughing and laughing. Isusumbong ko ikaw sa mamu ko.

Helo chical! Kunganda ng shoes natin. Mukhang bagong shine.

Makinig kayo sa pag-uusapan ng ating mga mag-aaral at mahigit pa sa rito ang inyong maririnig.

Bakit hindi gamitin ang sumakay sa halip ng nagride, gavong mayroon naman tayong atin. Kailangang manghiram kung talagang wala tayo.

Sa pagtuturo naman ng pandiwa ang malimit kong mapansin ay ang maling paggamit ng pandiwa sa panlaping UM at MAG. Malimit pagpantun ang dalawa. Ito ay hindi dapat gawin. Halimbawa, sa halip na sabihing, "Kumain po tayo," ay ganito ang sinasabi. "Magkain po tayo." Baka naman ang salitang magkain sa Bisaya ay may-kinalaman sa pagkakamaling ito. Ngunit bakit naman malimit ding sabihing, "Lumuto ka na, tanghali na," sa halip na, "Magluto ka na, tanghali na," Magtulog sa halip na tumulog o matulog, at humain sa halip na magham.

Sa paggamit naman ng mga pandiwa sa I ay lagi nang nakakaligtan ang panlaping i. Halimbawa: "Sinulat ng bata sa pisara ang kanyang pangalan." Ang dapat ay "Isinulat ng bata sa pisara ang kanyang pangalan."

"Pakisulat mo" sa halip ng "Ipakisulat" "suutin" sa halip ng "isuot."

Sa paggamit naman ng pandiwa sa mga tinig na tukuyan at kabalikan ay lalo nang kapansin-pansin ang mga ito.

"Kinain ka ba ng gulay?" Ang dapat ay "Kumakain ka ba ng gulay?"

"Niwalis ba siya ng silid?" Ang dapat ay "Nagwalis ba siya ng silid?" o "Winalisan ba niya ang silid?"

Ang isa pang nakalulungkot na malubhang sakit ng mga mag-aaral, hindi lamang ng Wikang Pambansa kundi ng Ingles man o Kastila ay ang malabis na kawalang-ingat sa pagsulat ng mga pangungusap. Palibhasa'y panahon ng pagdadaglat kaya't hindi na pangungusap ang isinusulat kundi mga titik na lamang, tulad ng ma-

limit nating mabasa ngayong D M C; P M B, C E E, N B I, at marami pang iba.

Kadalasa'y mahirap maunawaan ang ibig sabihin ng mga pangungusap ng mga mag-aaral. Hindi ko mawari ang diwa at kalimitan pa'y wala ngang diwa. Sukat ang pagsamasamahin ang ilang salita, at pangungusap na raw ang mga iyon.

Isa sa mga pinakamabibigat na gawain ng isang guro ay ang pagwawasto ng mga sulating pangwakas (formal theme). Sa gawain ito nauubos ang pagpapau-manhin at nagkakanlalabo ang mga mata ng isang guro.

Basahin lamang ang mga sumusunod kung hindi kayo matutuwa o magagalit. Ang mga ito'y ilan lamang sa mga karaniwang mali:

1. Paliliwanag ng mga salitang mahihirap.
2. Magkano ang mata ng ibon?
3. Magtuwid kayo sa linea.
4. Intindi na ba ninyo?
5. Ilinis ang bagong talasalitaan.
6. Sino ang makabilang ng lahat?
7. Magbili ako ng saging sa tindahan
8. Kumuha ng papel ang mga masipag upo at isulat ang mga mali
9. Sabihin ang salitang bumigay uri sa pandiwa.
10. Mayroon ang isang larawan dito.

Madalas na dagliang pagsasanay ang kinakailangan upang maiwasto ang mga kamalian. Isang halimbawa'y ang pagpapasulat ng ilang pangungusap sa pisara sa bawat nag-aaral. Maaaring mukasulat ng mga lima hanggang walong pangungusap. Ang mga ito ay mapagasaanay sa alinman sa mga sumusunod:

1. Tumpak na pagtutuldik na lubhang kailangang pagsasanayan araw-araw.
2. Wastong pagbabaybay
3. Wastong gamit ng mga bantas
4. Malinaw na pagbibigay-diwa sa pangungusap na tootoong mahalaga ngayon
5. Maayos na pagbabahagi ng pangungusap. Kung ano ang takdang-aralin ay siyang talakayin. Kung pangngalan ang pinag-aaralan, ito ang pag-ukulan ng higit na panahon.

Nasubok ko nang mabisa ang pamamaraang ito sa pagsasanay, kahit na sampung minuto lamang araw-araw, dahil sa 1) nasasanay mag-isip nang mabilis at wasto ang mga mag-aaral. 2) marami sa mga mag-aaral ang nakapagsasanay sa pisara. 3) malawak ang

nasasaklaw ng pagsasanay sa loob ng maikling panahon. 4) mapagtutulad-tulad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paghahambing ng kani-kanilang pangungusap at mga kamalian.

Sa ganitong mga paraan maaakit ang mga may-kahinaan o may-katamaran upang pabutihin ang kanilang ginagawa, o lalo na't magkakaroon ng isang paligsahan sa pagpili ng pinakamabuting gawain o pangungusap sa bawat pangkat na sumulat sa pisara. Lalong mabuti kung kahit minsan man lamang sa isang linggo ay mabigyan ng pagsusulit sa mga pinagsanayan ang lahat ng mag-aaral.

Ang malimit, tiyak at kapakinabang na pagsusulit ang ating mabisang lunas sa pagtutuwid o pagwawasto ng mga karaniwang kamalian lalo na sa pag-aaral ng balarila.

Ang Tatlong Mabisang...

(Buhat sa pahina 39)

A. Pagbibigay ng pagkakatu-lad at pagkakaiba ng bagong aralin sa mga natutuhan na

IV. Paglalalahat

A. Pagbibigay ng katuturan o tuntunin o katotohanan

B. Pagbibigay ng mga natutuhan tungkol sa aralin

V. Paggamit

A. Pagsasanay na gagamitan ng bagong natutuhan o

B. Pagsubok

Ang Pamamaraang Pasaklaw

Ang pamamaraang ito'y kasulungat ng pabuod at nababagay sa mataas na paaralan at sa paman-tasan. Ito'y nagsisimula sa mga bagay na hindi nalalaman ng mga mag-aaral patungo sa mga bagay na nalalaman. Ang unang hakbang ay ang pasimula. Ipasalala ng guro ang araling napag-aralan na, na may kaugnayan sa bagong aralin. Pagkatapos, ang linyunin sa pag-aaral ng bagong paksa ay ibibigay ng guro upang maging panganyak. Ito'y para rin madama ng mga pag-aaral na dapat nilang matutuhan ang bagong aralin.

Ang susunod na hakbang ay ang pagbibigay ng tuntuning kinuha sa aklat at isinaulo ng mga mag-aaral. Kung hindi nila maibigay ang tuntunin, ang guro ang magbibigay nito. Ang tuntunin ay ipaliliwanag sa tulong ng guro. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay magbibigay ng mga halimbawa. Iugnay na ngayon ang aralin sa nalalaman na. Ang paggamit, pagsasanay at pagsubok ay siyang dapat isunod ng guro. Ang pamamaraang ito'y may mga araling binabagayan

Dr. Perfecto G. Mendoza

ESPEYALISTA SA MATA, TADGA, ILONG at LALAMUNAN

Nagsanay sa mga Hospital at Unibersidad ng Alemanya

Maingat at walang sakit na operasyon ng CATARATA (Pilak)

GLAUCOMA at NASUGATANG MATA

Ora: 10-12 n.u. at 5-6 n.h.

R-201 Laperal Bldg.

851 Rizal Ave., Manila

DR. M. S. PURISIMA

Sakit sa BAGA—Sakit na LIHIM—sa BALAT, BATO, PANTOG at da-

anan ng IHI, Pagtitis, paggamot ng APENDICITIS, LUSLOS, BUKOL,

ALMURANAS, PISTULA, TONSIL, ADENOID, PILAS ang LAEI atbp.

RAYOS-X, Klinika R-201 Central Hotel Bldg., Ave. Rizal-Azcarraga.

Ora: 9:00-12:00 A.M. — 3:00-6:00 P.M. — Tel. 2-48-67

DR. F. IRA CONCEPCION

APENDICITIS, ALMURANAS, sakit ng PANTOG, BATO, BUKOL

sa Tiyan at operasyon, eksan-an ng IHI, DUGO, LAWAY, atbp.

Ora: 9:00 n.u. — 1:00 n.h. Tel. 2-64-81

2021 F. Huertas, tapat ng Manila Jockey Club

KLINIKA SA BATA — DR. JOSE TALAG

NAGPAKADALUBHASA sa Madrid, Vienna, Berlin at Paris

Espeyalista sa karamdaman ng bata. Sa pagpapalutog at wastong

pagpapasuso sa mga sanggol.

Konsulta: 9:00-12:00 N.U.; 4:00-6:00 N.H. Klinika: 708 Quezon Blvd.

MAKE WAY...!
For The Screen's New HE-MAN!

FREEDOM Pictures
Happily presents

FRED MONTILLA
as

SINTU SINTO

Starring
PARALUMAN

Guest Artist
EDDIE SAN JOSE
EDONG MAPANGARAP

Featuring the Voices of
RUBEN TAGALOG
PAQUITO TOLEDO
BOBBY GONZALES

With


MARIA CRISTINA PAT 'CAVITEÑO' ILANO
BEN COSCA METRING DAVID MENDOZA
ROGER 'NONOY' CARDINAL

Story & Direction:
ARTEMIO B. TECSON

Music by
DANNY HOLMSEN

CENTER
Coming Soon!

Distributed by





Alga Larawang kuha ng
TROPICANA STUDIO



BUMABATI ANG BULAKI

Maligayang Pasko at Man

1955 SUN	MON	TUE	JANUARY			1955 SAT
			WED	THU	FRI	
						1
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

1955 SUN	MON	TUE	FEBRUARY			1955 SAT
			WED	THU	FRI	
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28					

1955 SUN	MON	TUE	MARCH			1955 SAT
			WED	THU	FRI	
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

1955 SUN	MON	TUE	APRIL			1955 SAT
			WED	THU	FRI	
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

1955 SUN	MON	TUE	MAY			1955 SAT
			WED	THU	FRI	
1	2	3	4	5	6	7
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30	31				

1955 SUN	MON	TUE	WED
5	6	7	8
12	13	14	15
19	20	21	22
26	27	28	29

1955 SUN	MON	TUE	WED
3	4	5	6
10	11	12	13
17	18	19	20
24	25	26	27



AK PUBLICATIONS NG

gong Bagong Taon sa Lahat!



1955	THU	FRI	SAT
2	3	4	
9	10	11	
16	17	18	
23	24	25	
30			

1955	MON	TUE	WED	THU	FRI	1955
SUN	1	2	3	4	5	SAT
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29	30	31			

1955	THU	FRI	SAT
1	2		
7	8	9	
14	15	16	
21	22	23	

1955	MON	TUE	WED	THU	FRI	1955
SUN	1	2	3	4	5	SAT
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24

1955	MON	TUE	WED	THU	FRI	1955
SUN	1	2	3	4	5	SAT
2	3	4	5	6	7	8
9	10	11	12	13	14	15
16	17	18	19	20	21	22
23	24	25	26	27	28	29
30	31					

1955	MON	TUE	WED	THU	FRI	1955
SUN	1	2	3	4	5	SAT
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30			

1955	MON	TUE	WED	THU	FRI	1955
SUN	1	2	3	4	5	SAT
4	5	6	7	8	9	10
11	12	13	14	15	16	17
18	19	20	21	22	23	24
25	26	27	28	29	30	31

Moda

DESIGNED FOR
MELDA LUCENA
by STC
by ROGER
PASION

Esp. for
TESSIE ANGELES
of LUST
by FRANK
BORRAMEO



SMILE...
to ALICIA
MANALOTO
of THIS
FETING

HEY THERE!
PINKY RIGOR
of U.P. HIGH
fr. BERT
MORILLO

Esp. for
DORY CALAMBACAL
of ADAMSON II.
by FRANK
DELA RAMA



SMILE...!
REBECCA REVILLA
fr. HERMAN
VITO
of MHS



Esp. for
LUZ ANGELES
of ADAMSON II.
by RAMON
LIBUNAO

NO ONE BUT 'U
LUZ FELIX
of NTC
fr. HERMAN
VITO

Pasimula

- A. Pagpapalaala sa araling nalalaman na, na may kaugnayan sa araling ituturo.
- B. Pagbibigay ng kabuluhan ng bagong aralin upang maganyak ang mga mag-aaral.

II. Pagbibigay ng tuntunin

- A. Pagpapaliwanag sa tuntunin. Ipaliwanag ng guro kung hindi kaya ng mga mag-aaral.
- B. Pagbibigay ng mga halimbawa upang lalong mapaliwanag at maunawaan ang tuntunin.
- K. Pag-uugnay ng bagong aralin sa mga nalalaman na.

III. Paggamit

- A. Maáaring magbigay ng pagsasanay upang lalong makintal ang aralin sa isipan ng mga mag-aaral.
- B. Maáaring magbigay ng pagsubok upang malaman kung kailangang magturo uli ang guro. Kung masama ang kalalabasan ng pagsubok, ang aralin ay hindi lubhang naunawaan. Samakatwid, dapat na linanging muli ng guro ang aralin.

Ang Pamamaraang Tanong-Sagot

Ito na marahil ang pinakagamiting pamamaraan. May mga guro ng ito ang ginagamit araw-araw. Mabuti sana kung dalubhasa ang guro sa sining ng pagtatanong. Kung hindi, ang gawaing-guro at ang gawaing-mag-aaral ay nagkakapatat, sapagka't ang nangyayari'y isang tanong ng guro at isang sagot ng mag-aaral. Dapat na humigit ang gawaing-mag-aaral sa gawaing-guro. Nagiging mabisa ang pagkakatatuto ng mga mag-aaral kung sila'y siyang nag-uulit-aral. Ang tanong na mabuti'y nakapupukaw ng isipan, malinaw at tiyak. Ang masamang tanong ay isa sa mga dahilan ng masamang disiplina. Nag-iingay ang mga mag-aaral kung hindi nila naunawaan ang tanong. May mga tanong ding sinasagot nang sabayan.

Ang pamamaraang ito'y mayroon ding mga hakbang na dapat sundin. Ang pasimula ay lubhang kailangan upang ang isipan ng mga mag-aaral ay maihanda sa pagtanggap ng bagong-aralin. Dapat ding ibigay ang kabuluhan ng bagong-aralin upang malaman kung bakit dapat itong matutuhan.

Isusunod na ang pagtinang na binubuo ng pagpapaliwanag sa bagong aralin at pagbibigay ng mga halimbawa na karaniwan ay nasa mga pangungusap. Susun-

din ito ng mga pagsasanay at pagsubok.

Tungkol sa Pamamaraang Tanong-Sagot

I. Pasimula

- A. Pagbabalik-aral. Ipaalaala ang nalalaman nang may kaugnayan sa bagong paksa.
- B. Ipabatid ang kabuluhan ng bagong aralin

II. Paglinang

- A. Pagpapaliwanag
- B. Pagbibigay ng mga halimbawa

III. Pagsasanay

IV. Pagsubok

Ang mabuting ulit-aral ay nasa-salig sa mabuting takdang-aralin. Mabuti ang takdang-aralin kung tiyak. Dapat na ibigay ang paksa, ang pangalan ng aklat, ang kabanata at ang mga dahon. Ang takdang-aralin ay dapat na malinaw at may katamtamang haba. Ang mga tanong ay dapat na nakapupukaw ng isipan at higit na mabuti kung may gawaing ba-hay.

Ang takdang-aralin ay maáring isulat sa pisara o idikta. Ito'y maáaring ibigay sa simula ng ulit-aral kung walang kaugnayan sa aralin. Ibinibigay ito sa gitna ng ulit-aral kung kailangan ang paliwanag o ang paggawa ng balangkas na susundin sa pag-aaral. Ibinibigay ito sa wakas ng ulit-aral kung karugtong ng araling di natapos.

Ang takdang-aralin ay dapat na balaking mabuti sapagka't ito ang patnubay ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Payolitong Bughaw

(Buhat sa pahina 27)

ay nasa abugado na ang sekreto!

—Hindi ako nagtataka sa laki ng halaga. —matigas ang pagkakawika ng balo nito, at umiling-iling ang kanyang ulo. —Nagtataka ako sa kaaliitan ng halaga!

—Bakit, maliit pa po ba iyan?

—Sa kapal ng inyong mga dokumento, dapat iyan ay humigit sa isang milyon! —pakli ng nagagalit na balo. —At saka, bakit may tatlungpa at limang sentimos pa? Saan nanggaling iyon?

—Madali pong ipaliwanag ang butal na iyan, —sagot ng nagpapakumbabang abugado.

—Kung madali e, madali na ninyong ipaliwanag! —wika ng balo na sadyang nagpapakita na ng pagkainip. —Masyadong nag-aaksaya tayo ng panahon!

—Iyan po ay ganito, —wi-

ka ng abugado. —Ganito iyan. Ganiri po ang nangyayari... alam ninyo...!

—Hindi ko po nalalaman, —anang balo. —Magpatuloy kayo!

—Nang mamatay po ang namatay. —patuloy ng malimang abugado, —tumili po ako ng bulaklak. maraming bulaklak.

—Kailangan ba kayo pa ang magpabili? —usisa ng balo. —Maraming bulaklak akong nakita doon sa puneraria Maraming nagpadala.

—Ang katunayan po ay wala ni isa man nagpadala ng

bulaklak! —pagtatapat ng halos maluhang lalaki. —Ako pong lahat ang bumili at nagpadala sa puneraria! Ang naging kabayaran po ay dalawampung't apat na piso at animnapu at limang sentimos. Kasama na po ang ibinayad ko sa karetela doon!

—Bakit may butal na naman?

—Para sa karetela po ang sesenta'y sinko sentimos, —paliwanag ng abugado. —Akin po ang karetela kaya (Sundan sa pahina 75)

Ani Nena Cardenas

"UNITED AMERICAN TIKI-TIKI ang tumulong sa aking anak na si Arturo Lerma Jr. upang lumaking malusog, matalino at matakas. Ito ang pinakamabuting Tiki-Tiki para sa inyong sanggol."



Ang BAGONG UNITED AMERICAN TIKI-TIKI na may pinagbuting pormula ay nagtataglay ngayon ng Bitamina B-12, ang "pampalaking" bitaminang tinatagubilin ng mga doktor bilang pampalakas ng dugo para sa mga sanggol at bata.



Kagigiliwan ng inyong sanggol ang matamis at masarap na lesa ng BAGONG UNITED AMERICAN TIKI-TIKI. Bumili ng isang botelya ngayon upang matiyak ang masyos na paglaki ng inyong sanggol.




Nararapat sa inyong sanggol ang Pinakamabuti. Igit ang

United
AMERICAN
TIKI-TIKI

Nasa Dilaw at Pukang
Slisidjan

LUMIPAS na



ng silid sa loob ng ilang buwan, kaya't wala siyang madadalang anuman sa kanyang pag-alis.

Parang may malaking bigig sa lalamunan si Ernesto nang siya'y lumabas ng pinto, at hindi man sumulyap sa mukha ng lalaking nakatayo sa dakong labas na nagmamatyag sa kanya. Naglalaro sa kanyang isip ang laman ng pahayagan nang umagang yaon, na tumutukoy sa pagkakasakdal sa kanya sa hukuman at mga iba pang paratang na lihis sa katotohanan. Pati ang pagpanaog sa asensor ay nawala sa ulo ni Ernesto. Mula sa ika-6 na palapag ng gusaling iyon ay nanaog siya sa paliku-likong hagdan. Parang nagsisikip ang kanyang hininga. Mandi'y ibig nang tumakas ang kahuli-hulihang pag-asa sa kanyang buhay.

Nakapanaog siya sa matayog na gusaling iyon na halos ay hindi niya napanasin. At nang naglalakad na siya sa malapad na bangketa ay saka lamang siya tila natau-

Kuwento ni
GREGORIO F. CAINGLET

MAALALA NIYA ANG KANYANG
TATLONG ANAK NA WALANG
PAGSALANG MAGHANAP SA
NAIPANGAKO NIYANG MGA
PAMASKONG LARUAN... BISIKLETA,
MANIKANG DUMIDILAT AT PUMPIKIT
AT KABAKABAYUHAN YAON
ANG BILIN NG KANYANG MGA
BUNSO NA WALANG MALAY AT
HINDI NAKATATALOS NG TUNAY
NA PAGPARAHOP NG KANILANG
BUHAY...

PAHIMAKAS na pinagmasdan ni Ernesto ang palibot ng munting silid, may pitong taon niyang naging tanggapan sa pagkamanananggol. Kung mapagsasalita lamang ang naruong ilang silya, mesa, makinila at iba pang kasangkapan ay hindi malayong sabihin kay Ernesto na hindi nila ibig mapalipat sa ibang hanakamay. Ganoon din ang nasa isip ni Ernesto. Ngunit hat ng tindahan ay nagagayaang mga kasangkapang yaon kan at siksikan sa namimili. Bawa't masalubong niya ay wala siyang maibayad sa upa may dalang balutan. Masasa-

ya at may ngiti ng kasiyahan. —Ang buhay ay sadyang ganito. Ang katamisan ng buhay ay nakukuha sa kabila ng susun-susong hirap. Huwag mong dibdibin, Luz, — sinikap na sayahan ni Ernesto.

ang GABI

na pumanhik na tila бага hindi nais ipamalay ang kanyang pagdating. Naaalala niya ang kanyang tatlong anak na walang pagsalang maghahanap sa naipangako niyang mga pamaskong laruan. Bisikleta, manikang dumidilat at pumipikit, at kabayukabayuhan. Yaon ang bilin ng kanyang mga bunso. Iniisip ni Ernesto kung ano ang dapat niyang sabihin upang maaliw at nang huwag magsiiyak ang mga walang malay na batang hindi nakatatalo ng tunay na pagdarahop ng kanilang buhay.

Datapuwa't tahimik ang buong tahanan at isa man sa kanyang mga anak ay walang sumalubong.

—Marahil ay natutulog sila, —sumaisip ni Ernesto. Hinubad ang kanyang kamisendrong basa ng pawis at naupo sa silya.

Mula sa silid ay lumabas ang kanyang magandang maybahay na si Luz. May bakas ng luha ang mata ni Luz. At ang malungkot na anyo ng mahal na kabiya ay nakaragdag pa sa dalahin ng dibdib ni Ernesto. Hindi kaila sa kanyang may ilang araw nang naghihinagpis ang kanyang asawa dahil sa masasaklap na biro ng Tadhana nang nilalasan nila.

—Ernie, hindi ko yata matatagalan ang mga dagok ng kasawian na dumarating sa atin. Baka ako masiraan ng bait. —umupo si Luz sa isang silyang katabi ng asawa at pinahid ng daliri ang luhang ibig na namang tumulo.

Parang may sumundot sa puso ni Ernesto sa narinig. Sa kanyang matang nakasulayap sa mukha ni Luz ay nakabadha ang agam-agam. Kung magkataong mabaliw nga ang kanyang mahal, ay lalong malulubos ang kanyang pagkasawi.

to ang kanyang pagsasalita.

—Ikaw ang dapat sisihin sa ating pagkakagano. Kung pinakinggan mo lamang ang aking mga payo, Ernie...

—Oo, kasalanan ko nga, —agaw ni Ernesto. —Saan naroroon ang mga bata?

Parang hindi narinig ni Luz ang kanyang itinatanong.

—Kay dami ng usaping ipinagtanggol mo. Lahat halos ay ipinagtagumpay mo. Naging tanyag kang abugado. Ngunit hindi ka kumita ng karampitan. Sayang ang ginugol mong pagod at katalinuhan.

—Luz, hindi naman kaila sa iyo na mga dukha ang karamihan sa aking mga ipinagtanggol. Mga dukhang

ki ng kaapihang idinudulog ng isang lumalapit sa akin. Kahi't walang salapi ay hindi bale. Sila'y mahihirap, Luz.

—Tsee, hayon, ni sapatos ay wala kang maibili ngayon. Pudpod na iyan.

Nanatungo si Ernesto sa pagka't hindi niya matagalan ang titig na nanunumbat ng kanyang asawa.

—Lumabis naman ang iyong mga kagandahang-loob. Ngayon ay hindi lamang ikaw ang nagpapasan, kundi pati kami ng iyong mga anak. Bagong Taon na... at sa atin ay Bagong Taong ardo!

Hindi umimik si Ernesto. Isang katotohanan na dahil sa kanyang pagkamaawain at pagiging maka-katuwiran, naglingkod siya sa marami na hindi inalala kung siya'y mababayaran nang husto o hindi. Tatlong taong walang lagot halos ang kanyang mga asunto. Kung saan-saan nagbuhat ang mga taong dumulong sa kanyang bupete. Mga magbubukid na pinagsasamantalahan, mga manggagawang dinadaya at hinuhuthot ng mga buwaya sa katihan. Mga matatahimik na mamamayang nasasangkot sa gulo na ikinulong at binugbog ng

ay lumikha ng maraming poot. Pinaghigantihan siya ng mga nakabangga niya sa usapin. Kung makailan siyang napasakdal sa hukuman. Pinaratangan siyang kasabuwat ng mga manggugulo. Naalisan siya ng lisen-siya sa pagka-manananggol. Isang taon siyang mawawalan ng karapatan sa pagtanggol sa mga hukuman.

Sa kanyang pakikipaglaban ay katakot-takot na salapi ang kanyang nagugol. Nalusaw na lahat ang kanilang mga hiyas. Naipagbili ang awto, piyano, radyo at iba pang mahahalagang ari-arian. Nasanla ang kanilang bahay, nailit ang kanyang mga kagamitan sa opisina at nasara ang kanyang bupete.

Mga bakas ng nakaraan dumadaloy sa gunita ni Ernesto at lumilikha ng kirot sa kanyang puso. Hindi niya namamalayan ay nagpaparoot parito siya sa kahabaan ng bulwaan. Parang hindi niya napapansin si Luz na sa pagkakaupo'y madalas magpahid ng luhang kahi't pigilin ay hindi makuhang matuyutuyo.

—Ngayon ay saan naroroon ang mga nadamayan mo? —naibasag ni Luz na lalo pang tumindi ang panunumbat. —Nagiisa ka ngayon sa iyong paghihirap at ni isang garapang lason ay walang maitulong sa iyo upang hindi na lumawig ang iyong mga paghihirap.

Napahinto ng paglakad si Ernesto. Tumayo sa harapan ng asawa at mahinahon pa ring nagwika.

—Luz, hindi dapat panghinayangan ang mga nagawa nating mabuti sa ating kapuwa. Ang mga taong naniniwalang may Diyos ay laging nakatingin sa halimbawang ipinakita ni Jesus na ating Tagapagligtas.

Sumapit ang gabi. Nagliliwanag ang mga tahanan at nagluwut sa mga bintana ang magagandang parol na may sindi. Nakabihis nang magagara ang matatanda at batang naglalakaran. Nakahanda na ang buong santinapan upang salubungin ang pagsapit ng manigong Bagong Taon.

Samantala'y tahimik na tahimik ang lahat sa tahanan ni Ernesto at Luz. Maaga pa'y nahiga na si Luz at natulog na kasipng ng kanyang mga anak.

(Dundan sa pahina 80)

Ang Pusong Marunog Na Magkawanggawa Ay Pinagpapala Ng Poong Lumikha.

humihingi ng katarungan. Kahi't hindi ako nagkamal ng salapi sa hinawakan kong mga asunto, wala ka namang maisusurot na ako'y naging *depensor* ng isang safarin. —Hawak ni Ernesto ang kahuhubad na sapatos na nakawang ang dulo at sadsad na ang takong na goma.

Ang noo ni Luz ay nangunot nang bahagya. Tumitig siya sa mukha ng kausap.

—Nais kong maging marangal, Ernie. Hindi ko sinasabing ipagtanggol mo ang mga taong tampalasan upang ikaw ay kumita ng limpak-limpak. Ang sinasabi ko'y marami sa mga ipinagtanggol mo ang balasubas. Humanap nga sila ng ibang manananggol kung maari ang isang prangkong alak at sigarilyo sa isang asunto.

—Hindi ang laki ng halagang ibabayad ang aking tinitingnan, Luz. Ang lalong mahalaga sa akin ay ang la-

mga alagad ng batas. At iba pang mga karaingan na nagpasiklab sa damdaming makatao ni Ernesto. Kaya't siya'y natulad sa isang matapang na lider na nanguna sa hukbo ng mga kulang-palad na iyon. Sa harap ng katarungan ay ipinagtanggol sa abot ng kanyang kakayahan at katalinuhan. Halos lahat ay naipagtagumpay niya. Naging kilabot siyang *depensor* ng mga api. Nabantog ang kanyang pangalan. Napagkilala na siya'y matigas at hindi maaring masilaw sa salapi. Naging kilabot siya sa mga bulwagan ng mga hukuman. Maging sa Mavnila at mga hukumang lalawigan. Mav mga pinuno at alagad ng batas na naparusahan. At mav mga mamumuhunan at asenderong naawasan ng malaki sa sakim na pakinabang

Lingid sa kaalaman ni Ernesto, ang gayong mga pagtanggol niya sa mga sawi



Mga Tatsik ng LIWANAG

Ni *Carmen Guerrero Nakpil*



TAUN-TAON, tuwing sapit ang ika-6 ng Enero ay ipinagbubunyi nating mga Pilipino, kasama ng ibang mga Kristiyano, ang dakilang araw ng Tatlong Hari.

Alam nating lahat na ang Tatlong Haring sina Melchor, Gaspar at Baltazar ay tatlong mago o pantas na nanggaling sa Silangan, na sa pamamagatnubay ng pinakamagandang bituin sa langit ay hinanap nila ang bagong silang na Mesiyas upang sambahin. Sila ay naghandog kay Hesus ng tatlong bagay: ginto, insiyenso at mira. Inihandog nila ang GINTO dahil sa si Hesus ay HARI; insiyenso, dahil sa Kristo'y Divos, at mira, dahil sa si Hesus ay tao.

Ang tatlong tungkuling ito sa pagka sugo ng Kristo ay siyang ibinabandila sa pagdiriwang na ito sa Tatlong Hari. Kaya't may ugali din tayo na magbigay ng tatlong uri ng handog sa mga bata sa araw na ito.

Nguni't may isang alamat na nagsasabing mayroon daw ika-apat na haring dumalaw kay Hesus sa Belen. Ang nagsabing hari ay bata raw at napakasaya. Ang dala sa kanyang supot ay hindi handog na mahahalaga gava nang inihandog nina Melchor, Gaspar at Baltazar. Hindi raw gintong kumikisla, hindi mabangong insiyenso at hindi rin makahulugang mira.

Avon sa alamat ang han-

dog daw ng ika-apat na hari ay isang LARUAN na siyang pinakaibig ng batang si Hesus. Maaaring ivon ay isang manika isang bola o trumpo, isang ibong kahoy o kaya'y isang "jumenta" na nakapagpaalaala kay Kristo noong pumasok Siya sa Herusalem nang "Domingo de Pascua" na gaya ng isang tunav na hari nga.

Binanggit ko ang alamat na ito ngayon, sapagka't inakala kong makapagbibigay ito sa atin ng magandang aral.

Sa ating mga Kristivano, ang lagi nating naaalaala ay ang pagka-Hari at ang pagka-Divos ni Hesus. Nguni't kung araw ng Pasko, ang da-

pat nating alalahanin ay ang Kanvang pagkatao. Ang pagbibigay ng ika-apat na Hari ng isang laruan kay Hesus ay nagpapatibay sa ganap na pagkatao ng Mesiyas.

Dahil sa pagkatao ng ating Kristo ay natatamo natin ang ganap na kasayahan. Sapagka't ang Kristo ay tao ay nauunawaan niya ang lahat ng ating karukhaan, kawalan at kahinaan. Sapagka't Siya'y katulad din natin ay nalalaman Niya ang ating tuwa at dalamhati at ang lahat ng ating suliranin at kahirapan.

Dinadakila at sinasamba natin ang pagka-Divos ni Kristo sa mga araw na ito. nguni't ang dapat magpaligaya sa atin ay ang kanyang pagkatao.



Mahalín mo ako...

MAIKLING
NOBELANG TAPOS ni
SALVACION Z.
AQUINO

BIGLA ang pagkabalik ng katinuan ni Rico. Sa simula ay inakala niyang nilililang siya ng isang bungang-tulog. Nanatili siyang hindi kumikilos sa kanyang kinahihigan. Ngunit ang banayad na paghihimutok ng isang napakagandang tugtugin ay patuloy na umagos sa katahimikan ng silid na iyon... *inaantig ang bawa't himaymay ng kanyang puso ng olipun ng musika.*

Napabalikwas ng bangon si Rico at mabilis siyang lumapit sa may bintana.

Waring hinahanap ng kanyang paningin kung saan nagmumula ang tugtugin. Natunton din niya ang tila hiblahg awitin sa bahay na luma sa gawing likuran ng malaking puno ng kaymito.

Nguni biglang tumigil ang tugtugin. Napakunot ang noo ni Rico. Sa kanyang puso ay nagkaroon siya ng pag-aasam na marinig ang pagtatapos niyon.

Pabagsak na humigang muli si

... ITINULAK NIYA ANG PINTO.
AT BUMUNGAD SA KANYANG
PANINGIN ANG NAKANGITING
SI CELIA...

Rico.

—Senyorito, bakit hindi kayo kumain? —Ang usisa ni Aling Mentang na maybahay ni Mang Hulrong katiwala sa asyenda. —Inumin na ninyo ang gatas na sariwa habang mainit-init pa.

—Aling Mentang, —ang wika naman ni Ricong hindi pinansin ang sinasabi ng matanda. —Sa apat na bahay rito sa asyenda, maliban dito sa ating kinatitigilan, ilan ang may piyano?

—E, iisa po lamang. Diyan lamang kina Mang Berto.

—E, sino naman ang tumutugtog niyon?

—Iyon pong anak na dalaga ni Mang Retro. Talagang mahilig sa musika ang batang iyon. Katunayan ay magtatapos na saña sa pag-aaral sa piyano si Celia sa Maynila, nguni't napatigil siya nang biglang abutin ng sakuna. Nabundol siya ng isang saksayan at napinsala ang kanyang mga mata.

—Ang ibig ninyong sabihin ay nabulag siya?

—Oo.

—E, maluha po ba naman ang pagkakapinsala ng kanyang mga mata?

—Ayon sa balita ay sinabi ng mga sumuring manggagamot na maaaring makakita pa, nguni't kailanganin ang isang maselang pagtistis na gugugulan ng napakalaking halaga.

Mabilis na tumayo si Rico at nagpaalam kay Aling Mentang na mamasyal lamang sa bukid. Datapwa't kina Mang Berto siya nagtungo.

—Magandang umaga po, Mang Berto! —pagbibigay-galang ni Rico.

—A, kayo pala N'yorito, —ang sagot ng matanda nang mapagsino ang bumati. —Tayo kayo sa loob.

Pumasok ang dalawa. Pinaupo ng matanda ang binatang nagma-

may-ari ng buong asyenda.

—Mang Berto, kagabi po'y nahalina akong labis sa tugtuging nagmula rito sa inyo. Sino po ba ang napakahusay na tumugtog na iyon?

—Siya po ang aking si Celia, —ang pagpapaliwanag ni Mang Berto, —hintay kayo't ilalabas ko siya.

Nang mawala sa kabahayan ang matanda ay iginala ni Rico ang kanyang paningin sa maliit na sala ng lumang bahay.

Naputol ang pag-iisip ni Rico nang pumasok sa sala si Mang Berto na akay ang isang napakagandang dalaga. Napapitlag ang puso ng binata. Sa unang malapa lamang niya kay Celia ay nagkaroon na siya ng pag-ibig sa dalaga.

—Sila, Celia, ay ang ating Senyorito Rico, ang may-ari ng asyendang ito, —ang pagpapakilala ni Mang Berto.

—Kumusta po kayo, —ang wika ni Celia at inilahad ang kanang kamay

—Mabuti naman, Celia, —sinapo ni Rico ang iniabot na kamay ng dalaga. —Maaari ba akong makahiling sa iyo? Maaari bang tugtugin mong muli ang iyong tinugtog kagabi?

—E, hindi pa po tapos ang tugtuging iyon.

—Bakit? Ang ibig mo bang sabihin ay ikaw ang lumilikha ng hindi tapos na tugtuging iyon?

—Opo. Mahirap po pala sa isang nagnanasang maging kumpositor ang mabulag!

—E, maaari bang kahi't na hindi pa tapos ay marinig kong muli ang bahaging tinugtog mo kagabi?

—Opo.

Inakay nina Mang Berto at Rico si Celia sa harap ng piyano. Maya-maya ay sumayad na sa mga teklado ang mapuputing daliri ng dalaga. Parang ibinubuhos na tubig ang nagsimulang tugtugin hanggang sa mauwi sa banayad at malambing na pagsusuma-

mo ng isang naaamis na damdamin. Dala ng karikitan ng tugtuging iyon ay naging mahirap para kay Rico ang huminga. Nangangamba siyang baka ang paghulagpos ng hangin sa kanyang ilong ay sumira sa kagandahan ng pagkakataong yaon. Biglang tumigil ang tugtugin, tulad din nang gabing nakaraan.

Nabakla kapuwa sina Rico at Mang Berto nang humagulol si Celia. Sabay silang lumapit sa dalaga. Nasinag ni Rico sa mga mata ni Mang Berto ang awang maaaring magmula lamang sa puso ng isang ama. Itinayo ni Mang Berto ang kanyang anak at inakay na patungo sa loob ng kabahayan.

—Kayo na ang bahalang magpapaumanhin sa kahinaang-loob na ipinakita ni Celia, —may natatagong hinanakit sa tining ni Mang Berto nang ito ay humarap na muli sa binata. —Alam ninyo, ang bawa't pagtipa niya ngayon ay karaniwang nagwawakas sa paghagulol ng iyak. Hindi ko naman sinisipi ang batang iyan sa ganyang ikinikilos niya. Batid kong napakasakit ang mabuhay sa dilim!

—Magkano po kaya ang kaka-ilanganin sa pagtistis ng mata ni Celia, Mang Berto?

—Malaki pong halaga iyon. Limang libong piso po.

Mabilis na dumukot si Rico sa kanyang lukbutan. Hinugot ang librete ng tseke. Nagmamadaling sinulatan ang isa at iniabot iyon kay Mang Berto.

—Naito, Mang Berto, ang tsekeng nagkakahalaga ng sampung libong piso. Ipatistis ninyo ang mata ng inyong anak sa lalong madaling panahon. Ang matitira ay gamitin ninyo sa kanyang mga gugulin sa pagpapatuloy ng kanyang nahintong pag-aaral sa pagtipa ng piyano.

Bago ko malimutan. —Dugtong pa ni Rico, —Maaari bang huwag ng malaman ni Celia ang ukol sa pagtungong ko?

—Ayaw po ba ninyong magpapasalamat man lamang ang aking anak sa nagmagandang-loob sa kanya?

—Malaking pasasalamat ko nang ituturing ang kanyang paggaling, Mang Berto.

—Hayaan ninyo't hindi niya malalaman.

Dalawang taon ang lumipas... Dalawang taon na ring hinahawakan ni Rico ang pagka-propositor sa piyano sa Pamantasan ng Santo Tomas. Naging palasak ang kanyang pangalan sa mga nag-aaral. Dumami ang nagsipag-aral ng piyano sa pamanta-

san.

Isang araw ay ipinatawag siya ni Marcelo, ang pangulo. Pagsapit niya sa tanggapan nito ay sinabi sa kanyang mayroon silang bagong *pupilo*. Ipinatawag ang naturang naganais na makapag-aral. Nagulat si Rico nang makilalang iyon ay si Celia. Nakakikita na ang dalaga! Naalaala ni Rico na malaon na rin siyang hindi nasisipot sa asyenda. At dahil dito ay wala siyang naging balita ukol sa pagpapatistis sa mata ng dalaga. Sa puso ni Rico ay nagkapuwang ang isang tahi-mik na pasasalamat.

—Sila, binibining Celia Ruperto, ang inyong magiging propesor, —ang pagpapakilala ni Marcelo.

—A, sila po ba? —at binalingan ni Celia ang binata. —Kumusta po kayo?

—Mabuti, Celia.

—Kilala ninyo ako? —ang pamanghang samit ng dalaga.

—Oo, Celia. Kung may katuturan sa iyong kaalaman ang aking pangalan ay... Rico Belmonte.

—Rico! Rico Belmonte! E, di kayo ang may-ari ng asyenda.

—Oo. Kumusta si Mang Berto?

—Mabuti po naman.

—Siya... bukas ang pagsisimula ng iyong pagpasok. Pagbutihin mo, ha?

—Aba, opo.

—E, saan ka ba umuuwi rito sa Maynila?

—Sa isang tiyahin ko po sa Ermita.

—O sige na. Bukas ay maaga ka.

—Maaasahan po ninyo —ang wika ni Celia.

Lahat nang naghihintay ng kanilang oras ay natutubigang nakatingin sa dalagang nakaupo sa piyano. Hinahangaan nila ang mapuputing daliring naglalaro sa mga teklado. Napakaganda ng tugtuging pumupuno sa kuwartong iyon. Malilina at matatagting ang mga nota. Sa dakong durungawan ay nakatayo si Rico. Nagunita niya ang pagkakatao niya sa durungawan sa bahay ni Aling Mentang at Mang Hulyo. Ang mga daliring tumitipa ay siya ring naghatid sa kanyang katahimikan ng isang magandang tugtuging iyon... na sa dalawang taong singkad ay pinilit niyang bigyan ng isang katapusan.

Tumigil ang pagtugtog. Naghumugong ang palakpakan. Nakangiting tumayo si Celia sa piyano at lumapit sa kinaruruonan ni Rico.

—Naibigan po ba ninyo ang aking pagtugtog? —ang tanong ni Celia kay Rico.

—Hinahangaan kita, Celia. Na-

SOCIALITE FASHION INSTITUTE

P5.00 May Pahintulot ng Pamahalaan
Buwan-buwan sa alinmang kursong sumusunod:
DRESSMAKING * MACHINE EMBROIDERY
Gratis: HANDICRAFT & CROCHET
Nagtuturo sa Makina ng mga suiter.
430 Evangelista, Quiapo Pedro Cruz Bldg., 2nd floor

DR. V. G. LOPEZ

Tuberculosis—sakit na lihim—sa balat at anumang karamdaman sa loob ng katawan. Libre ang Pagsilip sa X-Ray tuwing Lunes, Sabado at Linggo ng umaga. May silid pribado para sa mga taga-lalawigan.

Rm. 208 Margarita David Bldg.
Rizal Ave., Kanto ng Azcarraga
Tel. 3-83-57



pakahusay mong tumipa!

—Kailangan po ang kaunting pagsasanay, hindi po ba?

—Celia. Maaari bang alisin mo ang pamumupo sa akin?

—Bakit po?

—Sapagka't ayaw kong pinu-pupo ako ng babaing minamahal ko.

—...

—Celia, aywan ko kung paano mo bibigyan ng kahulugan ang aking sasabihin. Inibig kita, Celia!

—Nguni't...

—Alam kong maaari mo akong kasuklaman nguni't hindi ko na kayang sawatain ang ibinubulong ng aking puso.

—Ako'y mayroon nang iniibig. Ikinalulungkot ko.

—Ang ibig mong sabihin ay huli na ang aking pagluhog sa iyo, Celia?

—Magkakaganoon nga. Marahil ay naalaala mo pa ang pagtigil mo sa asyenda noon. Ako'y isang bulag. Wika ni ama ay mayroong nagmagandang-loob na tumulong sa amin... isang lalaking nahabag sa aking kalagayan. Ipinatistis ang aking mga mata at ako'y nakakita. Simula noon ay pinagtanong ko si ama ukol sa nagkawanggawa sa amin. Wala akong

nabatid kung hindi siya ay isang mabuting tao, binata, at magandang lalaki. Maliban doon ay wala na akong mapanghawakang bagay na maaaring makatulong sa aking paghahanap sa lalaking iyon.

—At umiibig ka sa kanya, gayong hindi mo pa siya nakikita?

—Oo. Simula noon ay umibig na ako sa kanya. Hindi man siya nakita ng aking mga mata ay nakita naman siya ng aking puso.

—At inaasahan mong makikilala siya ngayon ng iyong puso?

—Baka sakali.

—Tila mahirap yata iyon.

—Mahirap nga, nguni't magtiitis ako.

Diyan naputol ang pag-uusap ng dalawa. Lumayo si Rico upang puntahan ang susunod na titipa ng piyano.

Sinulyapang muli ni Rico si Celia. Nakita niyang kumaway iyon tanda ng pagpapaalam. Kumaway rin siya.

Pagkatapos ng pagsasanay sa araw na iyon ay nagtungo si Rico sa tanggapan ni Marcelo. Nabutan niyang nagsusulat ang kaibigan.

—Marcelo, nais kong humingi ng bakasyon!

—Ano? At ipipinid natin ang sanayan sa piyano? Patitigilin natin ang mga nagsimulang mag-aral? Rico, ibibitin mo ba ako?

—Hindi sa ganoon, Marcelo. Makakukuha naman ang pamantasan ng aking pansamantalang kahalili, hindi ba? Ako ng nakikiusap sa iyo.

Dahil ba kay Celia kaya ka...

—Sa kasalukuyan ay gayon nga. Nguni't hindi iyan ang tunay na dahilan.

—Nauunawaan kita. Rico. Hayaan mo't habang humahanap ang pamantasan ng iyong kahalili ay ako muna ang hahawak sa iyong tungkulin. Sigi. Payamanin mong muli ang iyong puso.

—Salamat, Marcelo. Isa kang tunay na kaibigan!

Kinabukasan ay nagulat na lamang ang mga nagsisipag-aral nang malaman kay Marcelo na hindi na muna magtuturo ang kanilang dating propesor Marami ang nalungkot. May ilang nawalan ng gana sa pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral. Totoong napamahal na si Rico sa kanyang mga estudyante. At ang kanyang paglisan ay nagdulot ng kalungkutan sa mga puso niyon.

Enero 5, 1955 BULAKLAK 73

Si Celia man ay kinapansinan ng pananamlay ng katawan. Sa isang tugtugin ay naging napakarami ang kanyang pagkakamali. Nang hindi niya maituwid ang kanyang sarili ay iniwan ang piyano at nagdudumaling lumabas ng kuwarto. Nagtataakang sumunod si Marcelo. Inabutan niya si Celia sa labas

—Bakit, may dinaramdam ba kayo?

—A, wala po, Mister Del Rio.

—Sagot ng dalaga. —Si Rico, saan siya naroon?

—Nagpaalam na uuwi sa asyenda upang magpahinga.

—Marahil ay malaki ang hinanakit niya sa akin, ano po?

—Bakit, mayroon ba kayong pinagkagalitan?

—Wala po naman. Hindi ba kaibigan kayo ni Rico?

—Oo.

—Alam ninyo, nagtapat si Rico sa akin. —Ang pagtatapat ng dalaga na inihahanap ng mapag-sasabihan ng kanyang dinadala. —Hindi ko tinanggap ang kanyang iniluluhog dahil sa ako'y umiibig sa ibang lalaki... sa lalaking siyang dahilan nang pag-

SI NARS CAFE

MALUNGKOT NA BAGONG TAON ITO PARA SA 'KIN, NGAYON PA 'KO SINIPON NANG GANITO.

HATSING!

IPAGPAPALIBAN KO NA ANG AMING TIPANAN NI LINDA.

MISTER, BAKIT KA PALIGID-LIGID NANG PAGLAKAD? BAKIT DI NIYO IPAGDIWANG ANG BAGONG TAON?

PAANO AKONG HINDI MAGKAKAGANITO, NGAYON PA 'KO SINIPON.

IYON LANG BA, KUNG GAYON PAWIIN IYANG MASAMANG PAKIRAMDAM SA PAMAMAGITAN NG **CAFIASPIRINA** AT AGAD KANG SISIGLA!

ISA KANG KAIBIGAN, NARS CAFE!

ILANG MINUTO PA, SA ISANG NIGHT CLUB...

GINABI KA NG SUNDU SA AKIN. AKALA KO'Y HINDI KA NA DARRATING!

MATINDING SIPON ANG AKING INABOT. E... KUNG HINDI SA **CAFIASPIRINA** NA NAGPULOT NG DAGLING GINHAWA, MARAHIL WALA TAYO RITO.

HAPPY NEW YEAR!

ITO ANG TANDAAN NINYO MGA KAIBIGAN, PARA GUMINHAWA SA SIPON, PANGINGIROT O PANANAKIT NG KATAWAN, LUMUNOK NG MAASAHANG **CAFIASPIRINA** SA LAHAT NG ORAS PARA SA KAGYAT, LIGTAS AT TIYAK NA GINHAWA. IGIIT ANG BAGO AT PUTING "CELLOPHANE" NA MAY TATAK NA PULANG **CAFIASPIRINA**!

LUMUNOK NG...

CAFIASPIRINA

FORMULA: Acetylsalicylic Acid 0.5gm, Caffeine 0.05gm.

● kakaroong muli ng ilaw ng aking mga mata. Marahil ay dinamdam na labis ni Rico ang aking pagtatapat sa kanya kahapon, kaya't biglaan ang kanyang pag-alis.

—Celia, hayaan mong tawagin kita ng ganoon, aywan ko kung magagalit si Rico sa aking ipagtatapat na ito. Ang naghandog sa iyong ama ng tulong upang mapatistis ang iyong mga mata ay walang iba kung hindi si Rico. Siya ang iyong pinaghahanap, Celia.

—Nguni't ano ang dahilan at ipinaghihim niya ang bagay na iyon?

—Iyon ang hindi ko masakyan. Ayon sa pagkukuwento ni Rico ay pinapangako niya ang iyong ama nang ipagkaloob niya ang sampung libong piso. Ayaw niyang ipagtatapat ng iyong ama ang ukol sa kanyang pagtulong. Ito ay dala marahil ng kanyang pag-ibig sa iyo. Siya na rin ang nag-sabing sa unang pagkakakita niya sa iyo, bulag ka pa noon, ay nagkaroon na siya ng pag-ibig. Minamahal ka niva, Celia.

—At ano ang aking isinukli? Kawalang-utang na loob!

—May panahon ka pa upang magpuno. Celia Kung talagang nagkapitak sa iyong puso ang tumulong sa iyo noon ay bakit hindi mo sundar si Rico sa lalawigan?

—Kung gayo... nagpapalam na ako, Mister Del Rio. Maraming salamat sa inyong ipinagtatapat.

—Isa pa, Celia, —ang tawag ni Marcelo nabang kinukuha ang

isang bagay sa isang kahon ng kanyang hapag, —naito ang sinasabi niyang tugtugin na hindi mo natapos na likhain. Ginawa niya ang isang napakarikit na pagtatapos. Ito yatang tugtuging ito ang nag-ugnay sa inyong buhay, hindi ba?

Marahang mabot ni Celia ang piyesa at pahapyaw na tiningnan. Maganda ang ginawang pamagat ni Rico. . MAHALIN MO AKO!

INAKALANG muli ni Rico na siya ay nangangarap. Banayad ang paghihimutok na napapaloob sa napakagandang tugtuging iyon na patuloy na umaagos sa katahimikang lumulukob sa silid na iniayos para sa kanya ni Aling Mentang. Marahan, nguni't tumatagos ang tugtugin sa bawa't himaymay ng kanyang puso...

Nguni't nagulat siya nang hindi tumigil ang tugtugin. Nagpatuloy iyon nangang sa isang napakarikit na pagtatapos. May sumaklot sa puso ni Rico. Mabilis siyang nagbihis at sa tulong ng liwanag ng buwan ay nagdumali niyang tinaluntan ang landas na patungo kina Mang Berto. Hindi na siya tumuktok. Itinulak niya ang pinto. At bumungad sa kanyang paningin ang nakangiting si Celia. Sa isang saglit lamang ay naibilanggo niya ang dalaga sa kanyang bisig.

—Rico, bakit hindi mo ipinagtatapat sa akin ang lahat?

—Ayaw kong hinalain mong binili ko ang iyong puso.

—Ngayon paano kong mapagpupunuan ang aking pagkukulang?

—Madali, Celia. Mahalin mo

ako!

—Malaon na kitang mahal, Rico. Ma... la... on... —at hindi na natuloy pa ni Celia ang kanyang sasabihin. Naramdaman na lamang niya ang pagsayad sa kanyang mga labi ng maapoy na halik ng binata.

W A K A S

SEÑORITA

(Buhat sa pahina 13)

mo mapaglalakuan ang isang Pacita Lunares. Hindi ka ba naniniwala sa sabi ni Lucita? Na, ang Pacitang tangka mong mapaibig ay isang babaing napakatayog ng pangarap at pinipintasan ng balana? —at ikaw ay nagtawa nang nagtawa.

—Patawarin mo ako, Pacita. Nguni't wala pa naman akong sinasabi sa iyo tungkol sa ibinubulong ng aking puso. Dahil nga sa sinabi sa akin ng iyong kaibigan kung kaya ako nag-aatubiling magtatapat sa iyo hinggil sa pag-ibig. Sa pag-ibig na umusbong sa aking puso sa simula pa lamang na makita kita...

—Ganyan ang paniniwala nila sa akin, Hernando, —ang putol mo na biglang nagbago ang iyong tinig, —nguni't hindi nila alam ang nasasaloob ko. Ang ganito kong pag-uugali'y atas ng isang paniniwala, na kaya lamang humahanga ang lahat sa akin ay dahil sa aming kayamanan. Oo, Hernando, sinadya ko ang magkakagani... upang ako'y pandirihan ng lahat! —at nakita kong gumawa ng landas ang luha sa magaganda mong pisngi.

—Nguni't Pacita, nagkakamali ka! Ikaw ay maganda...

—Hindi ako naniniwala, Hernando, sapagka't...

...Sapagka't nagkaroon ka na nang karanasan?

Matagal kang hindi nakamimik, Pacita. Pagkuwa'y marahang kang napatango. Ipinagtatapat mo sa akin, na nagkaroon ka ng kasintahan. Ng kasintahang inaakala mong umibig nang dahil sa salapi. At, pagkatapos ninyong mag-ibigan, nang hindi mangyari ang kanyang kagustuhan, ay nilisan kang sugatan ang puso.

—Oo, Hernando, —ang sabi mo sa dakong huli ng iyong pagtatapat, —kung ako'y maganda, gaya nang iyong paniniwala at paniniwala ng lahat, at hindi salapi ang kailangan nila sa akin,

bakit niya ako lilisanin? Hindi ko lamang siya napa-unlakan sa lupang isinasanla nila sa aking Papa, ay kusa niya akong nilayuan? Hindi ba tutuong salapi lamang ang kailangan nila sa akin? Sa amin?

—May palagay akong napahiya lamang siya sa inyo, kaya kinusa niyang lumayo. Magpakahinahon ka, Pacita. Baguhin mo ang iyong paniniwala, makikita mo't muling magliliwanag sa iyo ang lahat. Magbabalik siya sa iyong piling, kapag umabot sa kanyang kaalaman na ikaw ay nagbago na!

—Hindi maaari, Hernando! Kaya ako nagkakagani-to... upang ako'y limutin ng lahat!

—Hindi mangyayari, Pacita. Sa kabila nang iyong pagkukunwari ay marami pa ring nahahaling sa iyong kagandahan...

—Isipin ko ang iyong payo, Hernando!

III

BUHAT noon ay malimit na akong dumadalaw sa inyo. Nakita ko ang iyong pagbabago, Pacita. Nguni, napapansin kong tila nahuhulog ang maganda mong pangangatawan. Lagi kang matamlay at hindi mo pinakikiharapang mabuti ang iyong nagiging panauhin. Paano'y nawalan ka ng sigla. Marami pa akong ipinaliwanag sa iyo tungkol sa iyong suliranin; inaliw kita hanggang sa abot nang aking kaya, nguni, patuloy ang iyong pananamlay. Nabuo tuloy sa loob kong dinamdam mo nang labis ang nangyari sa iyo. Nalubos tuloy ang paniniwala kong iniibig mo nang tapat ang iyong naging kasintahan.

Ako naman ang nawalan ng pag-asa, Pacita. Hindi mo lamang alam na iniibig kita nang higit kaninuman. At isang umaga, natunghayan ko na lamang sa pahayagan, na ikaw ay mangingibang bansa. Madalian ang iyong pagtulak at wala kang tiyak na patutunguhan sa Estados Unidos. Gayon na lamang ang lungkot na sumakmal sa akin. Wala akong maisip na paraan upang ikaw ay aking mapigil, pagka't hindi naman ako tuwirang nagpahayag ng pag-ibig sa iyo.

Alam ko na ang iyong gagawin, Pacita. Maglilibot ka

DR. F. T. CASTANEDA

PAGKAHILO, PANGHIHINA, HAPO, Sakit ng DIBDIB at LIKOD. Sira ang REGLA, RAYUMA, ALTA PRESYON, Sakit na LIHIM, BALAT, Daanan ng IHL.

ORAS: Umaga—9:00-12:00; Hapon—4:00-6:00; Silid 308 Borja Bldg.

(Tabi ng Universal Theatre)

Aparato—X-Ray, Ultra-Violet, Infrared, Aerosol, Diathermy, Fluoroscopy

SARAT na ILONG

Mapatatangos na pirmihan ng hindi tutistisin

Sumangguni kay Dr. AMANDO V. SANTOS

Klinika—Kuarto 213 PALOMO BLDG., Azcarraga, kanto ng O'Donnell. Espesyalista sa mga sakit sa MATA, TAINGA, ILONG at LALAMUNAN

Klinika: 9:00-12:00 N.U. — 3:00-6:00 N.H. — Tel. 3-71-25

DR. B. S. REALICA

TISIS, HIKAP, SAKIT SA DIBDIB (BATA MATANDA)

UBO—HINGAL—PAGLURA NG DUGO

X-RAY — AEROSOL — PNEUMO-THERAPY

KLINIKA: R-219 Doña Mercedes Bldg., Plaza Miranda, Quiapo

ORAS: 4:00-6:30 P.M. Araw-Araw — Tel. 3-84-14

Physician Quezon Institute

DRA. VIRGINIA D. MONTES M.D.

Sakit ng Babae at Bata, walang sakit sa panganganak, Laging nakukunan at Hindi mag-anak, Sirang Regla

Oras ng Konsulta: 2-6 N.H. Araw-Araw — Holy Rosary Hospital 1425 Narra, Tondo, Maynila

DR. G. LIMKAKO INSTITUTE

SA PAGPAPAGALING NG KETONG TB, PAGKATUYO NAGING PUNONG MANGGAGAMOT SA CULION-LEPER COLONY MAEISANG GAMUTAN SA LEpra AT TUBERCULOSIS MAY 60 TAON KARANASAN SA PAGGAGAMOT

Daan—M. Paterno

162 Alfonso XIII, San Juan, Rizal

upang maghilom ang sugat sa iyong puso.

Nabalitaan ko ang iyong pag-alis. Hindi na ako nagpakita sa iyo gayong alam ko ang oras ng paglipad ng eroplanong nilulanan mo. Si Lucita na lamang ang nagsabi sa akin, na ako raw ay iyong hinahanap sa paliparan. Ang sagot ko'y wala naman tayong usapang magkikita roon, nguni, nagulo ang aking isip sa kanyang balita. Bakit mo nga ako hanapin doon?

Matuling nakalipas ang ilang buwan. Unti-unti na kitang nalilimot, Pacita. Laluna, nang ako'y yayain ng isang matalik na kaibigan na magtungo sa Hollywood upang pag-aralan ang pagyari ng pelikula roon, ay ganap na kitang nalimot.

Kay laki at kay saya pala sa Hollywood. Kaibang-kai ba ang paggawa nila ng pelikula. Paano'y nasa kanila ang lahat ng magagaling na kasangkapan at aparato. Mistula palang paraiso ang Hollywood.

Subali't isang gabi, sa isang malaking otel doon ay biglang tumahip ang aking dibdib nang kita'y makita Lalong nag-ibayo ang iyong ganda, Pacita. Ikaw ay makabagung-makabago. Hindi ako nagaksaya nang sandali. Nilapitan kita. Marahan kitang tinawag...

—Senyorita!

Bigla kang napalington. Nagkatitigan tayo. Tila maluluha ka.

—Hernando, —ang sabi mo pagkaraan nang ilang sandali, —hindi ba sinabi ni Lucita sa iyo ang ipinagtapat ko sa kanya, bago ako umalis sa ating bansa?

—Wala siyang naibalita sa akin, kundi hinahanap mo raw ako sa paliparan! —ang mabilis kong sagot.

—Dahil sa pag-ibig ko sa iyo, Hernando, kaya naisipan kong maglakbay!

—Siyanga?

—Oo! Kung nakipagkita ka lamang sa akin ay hindi na sana ako aalis...

—Samakatuwid, Pacita... si Lucita ang may kasalanan?

—Iyon ang tutuo, Hernando! —ang sabi mo bago mo ako niyaya sa malaking bulwagan ng otel upang magsayaw!

—Marahil ay umiibig sa iyo nang lihim si Lucita! —ang nakangiti mong wika ha-

bang tayo'y nagsasayaw.

—Huwag mo nang banggitin si Lucita! Ang pag-usapan natin ngayon ay ang tungkol sa suliranin ng ating mga puso! —at nagkadikit ang ating mga pisngi habang tayo'y umiindak sa saliw ng isang malambing na tugtu- gin.

W A K A S

Payolitong Bughaw

(Buhat sa pahina 47)

mura ang singil.

—Marahil ay sa inyo rin ang mga bulaklak? —usisa ng balo.

—Aba, hindi po, —sagot ng abugado. —Sa biyenang babae ko po binili iyon. At hindang hindi po maaari akong makatawad kahi't na isang sentimo sa biyenang kong iyon.

—Buweno, nalaman ko na ang ibig kong malaman, —ani Anita. —Maaari na kayong makauwi.

—Mayroon pa pong isang bagay na kailangang malaman ninyo, —anang abugado. —Kayo po ang administradora ng mga kayamanan ng inyong asawa, o di kaya'y maglagay kayo ng isang administrador... kung nanaisin ninyo. Ako po ay...

—A, ganoon ba? —wika ni Anita. —Kung ganoon ay magpadala kayo ng kuwenta bukas at babayaran ko kayo sa serbisyo ninyo. Marahil ay hindi ko na kayo kailangan, pagka't ako na ang mangangasiwa ng mga biyenes ng nasira.

Dahil sa pagkamatay ni Don Alberto at sa pangyayaring ang lahat ng kayamanan nito ay ipinamana kay Anita, madaling natanyag ang balo sa mga lipunan sa probinsiya at pati naman sa Maynila. Sa ilalim ng kanyang pamamahala ay lalong umunlad ang mga negosyo ng kanyang nasirang asawa. Dumami ang kanyang mga lupain, nakapamili ng marami at malalaking mga palaisdaan; at nakapagpatayo siya ng maraming bahay paupahan. Hindi nagtagal at siya na ang kinilalang pangunahing mamamayan, lahat ng mahahalagang kilusang pambayan ay isinasangguni muna sa kanya upang magtagumpay.

Walang pulitiko sa bayan na maaaring magtagumpay sa halalan kung si Donya Anita Delgado ay hindi sang-ayon sa kanyang mga patakaran. Ang mga kandidato sa mga tungkuling panlalawigan ay nanunuyo sa kanya sapagka't ang bigat ng kanyang implwensiya at kayamanan ay lubos na kinikilala sa buong lalawigan.

Ang biglang-yaman ni Anita ang naging dahilan ng bigla ring pagdami ng kanyang tagahanga. Ngunit dumami rin ang kanyang mga kaali. Siya'y natanyag sa lipunan ng mga kabinataan, ngu-

Enero 5, 1955 BULAKLAK 75

ni't sa lipunan ng mga kababaihan ay lihim siyang kinaiinggitan at kinapopootan. Kahi't hindi niya sinasadya at hindi naman niya tunay na kasalanan, maraming romansa sa bayan ang nangawasak, bagay na lubhang ikinapoot ng maraming mga binibini at ng mga inang may matataas na hangarin. Ngunit ang katotohanan ay sa lahat ng pagsamo at pagpupumilit ng kanyang matitiyagang tagahanga ay katigasan ng loob lamang ang kanyang ipinakita, pagka't batid niyang ang lahat ng namimintuho sa kanya ay isang bagay lamang ang nais na matamo: ang kanyang kayamanan.

Batid ni Anita na ang lahat ng paghanga at pagpuri sa kanya ng marami, sa mga taong bayan ay pagkukunwari lamang: na sa kanilang mga puso, siya'y isang taong di-dapat ipagkapuri ng mga kababaihan. Batid din niya na hindi rin kakaunti ang mga nagbibintang na siya rin ang umutas sa buhay ng kanyang asawa. Sa harap ng ganitong mga pangyayari, at sapagka't may sarili siyang panukala sa buhay na ibig niyang matupad, si Anita ay nagtimpi at nagwalang-bahala.

(ITUTULOY)

DR. B. M. VILLAPANDO

ESPESYALISTA SA MGA SAKIT SA MATA, ILONG, TAINGA AT LALAMUNAN. Tumititis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi kailangang matira sa Ospital. Mga bagong kagamitan sa pagsukat ng salamin sa mata at Rayos-X.

WALANG BAYAD ANG KONSULTA KUNG LINGGO




Oras: 9-12 N.U. at 2-5 N.H. — Linggo 9-12 N.U.

Pedro Cruz Bldg., Tagiliran ng Simbahan ng Kiyapo, Maynila

Tel. 3-42-82

SI KENKOY AT SI ROSING

by VELASQUEZ



TUNAY, MGA INA, FLETCHER'S CASTORIA ANG TANGING LAKSANTE PARA SA MGA BATA. IT'Y BANAYAD, LIGTAS AT MABISA.

MAGPAKAKATIWALAAN ANG KADALISAYAN NITO. MABILI NGAYON SA MATIPID NA BOTENG PANGMAG- ANAK AT SA MALIIT NA BOTENG ABOT- KAYA NG LAHAT.



Fletcher's CASTORIA TANGING LAKSANTE PARA SA MGA BATA

MAPALAD NA SI UY

ANG INYONG SANTA CLAUS

Ang Kanyang Supot ng mga Gantimpala

UNANG GANTIMPALA

₱200,000.00

TIKET BLG. 595283 KABAYO; WHO KNOWS

GANTIMPALANG PAMASKO — ₱5,000.00

Tiket Blg. 412088

TANGING GANTIMPALA — ₱3,000.00 ang isa

018718 369830 391713 636201 713462

295497 369914 486131 646369 750578

354973 515007 866938

TANGING GANTIMPALA — ₱2,000.00 ang isa

044028 406432 592537 659938 724710

205245 441511 614704 700334 754324

567342 717862

IKALIMANG GANTIMPALA — ₱1,600.00 ang isa

154513 191661 663894 685820 699331

IKA-ANIM NA GANTIMPALA — ₱800.00 ang isa

006921 137337 375136 646092 762258

017498 251579 494346 649729 778620

036753 342254 513303 659005 842384

343165 750931

IKAPITONG GANTIMPALA — ₱400.00 ang isa

010420 163364 294313 481916 615667

015424 202663 297752 484462 624520

018507 222013 337415 497813 698318

057860 256240 355758 544891 700283

061567 263833 336246 569538 707301

147816 279818 451427 575657 844930

159279 293519 469846 600177

IKAWALONG GANTIMPALA — ₱200.00 ang isa

004416 137021 331761 536906 743355

013793 138235 339685 551892 750563

015882 169905 351488 551997 775439

015983 179576 377084 566032 775388

020032 194491 382298 589740 798957

034929 220040 400336 592046 799890

057021 233149 403930 592362 799910

058333 242529 410756 600113 801289

062325 251394 412432 619769 803119

067528 253347 415094 633158 804985

072794 256813 425068 659019 806518

075247 282256 431318 665808 806578

075543 291365 439085 665864 807077

077094 294763 460031 671299 808488

077512 295581 466567 676493 811183

087158 295812 471482 707474 814087

098476 295886 481946 707792 819852

099562 297843 488911 719421 826950

110617 301583 507215 733427 841503

121738 302422 532657 737152 841519

123365 312043 738076 868524

PANGMALAPITANG (UNANG) GANTIMPALA —

₱800.00 ang isa 295282 595284

BUMIBILI KAMI NG NANALONG TIKET

Lahat ng tiket na nagtatapos sa 283 nanalo ng ₱80.00

Lahat ng tiket na nagtatapos sa 398 nanalo ng 60.00

Lahat ng tiket na nagtatapos sa 479 nanalo ng 40.00

Lahat ng tiket na nagtatapos sa 88 nanalo ng 20.00

Lahat ng tiket na nagtatapos sa 4 nanalo ng 4.00

Nangangailangan ng Ahente

₱33.00 isang libreto 50/50

Pangunawa: Ang halaga ng isang

libreto ay maaaring magbago ng

walang pasubali.

Lahat ng mga pabilin

Magdagdag ng ₱0.30 para

sa koreo rehistrado

Direksiyon

13 P. O. Box, Manila

13 Plaza Sta. Cruz, Manila

MANUEL UY

Ang Pangunahin at Mapalad na Ahente Blg. 1

Ang tanging ahenteng nakapagbili ng 43 UNANG GANTIMPALA

sa kasaysayan ng Philippine Charity Sweepstakes

At ang ahenteng nakapagbili ng (4) na sunod-sunod na

UNANG GANTIMPALA

"Isang Maligayang Pasko At

Isang Masaganang Bagong Taon Sa Lahat"



DELIE BERMUDEZ

Bb. ALIMYON NG 1954

Ako'y nagpapasalamat sa lahat ng tumulong sa akin, na siyang naging dahilan ng aking pagtatagumpay sa nakaraang timplak patanyagan ng Bulaklak. Ang aking tagumpay ay kinikilala kong utang na loob sa maraming hindi nagsawa sa pagtataguyod sa aking kandidatura. Ang kanilang mga naitulong ay kikilalanin ko habang ako'y nabubuhay.

Hindi lamang ako ang nagpapasalamat sa kanila, kundi gayon din ang aking mga mahal na magulang. Ang pasasalamat at pagkilala namin ng utang na loob ay maging karapatdapat nawa sa inyong lahat.

Bumabati rin kami sa lahat ng isang Maligayang Pasko at masaganang Bagong Taon.

Delie Bermudez

REBENTADOR

(Buhat sa pahina 5)

ang kanyang paningin sa maraming bata sa lansangan na nagkakaingay at walang tigil sa pagpapaputok ng rebentador.

Tulad nang kanyang kapatid na si Edi, nang tinalikdang bagong taon, ang mga paslit na iyon ay tila walang pagsidlan sa kagalakan. buong siglang ipinagdiriwang ang nalalabi pang mga sandali bago ihudyat ang masayang pagpapalit ng taon.

Datapuwa't ngayon ay ibang anyo ang ibinabadha ng mukha ni Nati. Ang kanyang mukha'y hapis, walang buhay at kababakasan ng kapighatiang nilasap niya nang may isang taong singkad. Nagunita niya ngayon kung paanong ang kanyang pera na inilaan niya sa pagtatanaan nila ni Manding ay ninakaw ni Edi. Malinaw pa rin sa kanyang isip kung paano niya kinagalitan iyon nang mabatid niyang ang inumit

na pera sa kanya ay ibinili lamang ng rebentador sa halip na nagamit niya sana sa pinaglaanang paggagamitan.

Ngayon niya natanto at napalagay na ang pangyayaring iyon ay isang palatandaan upang huwag niyang ipagpatuloy ang binalak nila ni Manding. Bagay na kung siyang nangyari ay hindi niya sana nilasap ang dinaranas niyang kasiphayuan... Hindi niya sana nakamtan ang magdusa, maghinakdal at maghimutok.

At sa kauna-unahang pagkakataon, habang buong kalumbayan nga siyang nakapanungaw at minamasdan ang mga nagkakatuwang bata sa lansangan, ay hindi naiwasan ang pagsigid ng kirot hanggang sa kaliit-liitang bahagi ng munti niyang puso. Hindi niya maiwaksi ang matinding pangungulila sa pag-iisa niyang iyon sa munting tahanan, pagka't alam niyang hindi darating si Manding.

Tulad nang nakaraang Pasko at mga araw na ipinagdiwang ay hindi siya sinipot niyon. Kailan lamang niya nabatid na hindi niya sarili si Manding. Talastas niyang siya'y isang maliit na bahagi lamang sa puso niyon. Mula rin sa mga labi ni Manding ay natatap niyang may mga kaluluwang higit at lalong may karapatan sa pagtatangi at pagpapahalaga nito.

Humantong ang kanyang paningin sa marami pang taong naglisaw sa lansangan. Masisigla ang mga iyon. Bago at magagara ang kasuotan. At sa pagyayaring iyon ay hindi niya naiwasang magtanong sa sarili.

—Ano kaya ang kaibhan ng aking kalagayan sa kanila? May karapatan din kaya akong magsuot ng magara at bagong damit na tulad nila?

Para siyang nagising sa mahabang pagkaidlip. Tila may makapangyarihang liwanag na sumilaw sa kanyang pang-unawa. Nakuro niyang sinuman ay makapagsusuot nang lalo pang mahal at marikit na damit. Ngunit ang karapatan sa pagsusuot na iyon ay ngayon lamang niya nawatasan.

Ang sagisag sa pagbibihis nang maayos sa pagsalubong sa dakilang araw na yaon ay natatap niyang isang banal



Si **PACITA ORTIZ** ay isa sa ipinagkakapuring dilag ng Dunga-lo, Parañaque, Rizal dahil sa kanyang kahinhinan at kabutihang asal. Isa siya sa libo-libong mamabasa ng Lingguhang **BULAKLAK**.

tlls...

At, habang binabagtas niya ang mataong lansangan patungo kina Aling Dorang, na halos mabingi siya sa naririnig na walang patlang na putok ng rebentador, ang nasa gunita niya ay si Edi. Ganap nang naparam sa kanyang gunita ang galit niya kay Edi nang umitin niyon ang kanyang pera at ibinili ng maraming paputok.

W A K A S

DUGONG MAHAL

(Buhat sa pahina 82)

iyon, —salo naman agad ni Martin, —at talaga po sanang bukas ng umaga ako paririto upang ibalita sa inyo ang lahat.

—Bakit naman ang magagawa mo ngayon ay ipinagpapabukas mo pa? —hadlang na tanong ni Don Alipio.

—Sapagka't ibig ko pong makapamahinga muna kayo sa loob man lamang ng isang araw, bago ihatid sa inyo ang balitang maaaring makabagabag pa sa inyong pananahimik.

—Pero kailan mo pa nabalitaan ang lihim na kilusan ng ating dating katiwala?

—Kamakailan po lamang, —

maagap na tugon ni Martin, —nguni't nang malaman ko ang kilusang iyon, ay pinulong ko po agad ang ating mga tapat na tahanan at ipinaliwanag kong lahat ang tungkol sa di tumpak na pagbabagong hinihingi nila sa tuntunin sa pagpapartihan na matagal nang pinairal dito sa ating asyenda.

—Sangayon ba naman sila sa dating tuntuning pinairal natin?

—Aba, opo, —may pagmamalakip pang tugon ni Martin. —Handa po silang ipagtanggol ang karapatan ninyo at ang karapatan nating lahat.

—Kung gayong nalalaman mo pala ang lahat ng iyan, ay panatag na ang kalooban ko. Ibig kong malaman mo na galing dito kanginang umaga sina Andong at nagharap ng kanilang kahilingan. Pinatigasan kong saan man makarating ang kahilingan nilang iyan ay bibigun ko at nakahanda akong ipakipaglaban ang karapatan ng mga may puhunan.

—Kami po ay nasa panig ninyo, Don Alipio, —katnig pa ni Martin sa ipinaliwanag ng don.

—Salamat, Martin, at ipinakilala mo ang katapatan mo sa akin. Kung gayon, ay manmanan mong mabuti ang mga tauhan ni An-

dong. Ang marapatan mong nagtataksil sa atin ay gawan mo ng paraang mapalayas sa asyenda. Bukas ng hapon ay babalik na rin kami sa Maynila. Lumuwas ka agad kailanma't may mangyayari sa asyenda na hindi mo kanyang lutasin.

—Matutupad po ang inyong mga tagubilin, —ani Martin na waring taglay na sa puso ang ganap na kasiyahan.

May isang linggo pa ang nakalilipas sapul nang bumalik sa Maynila sina Don Alipio, ay tumanggap na ito ng isang liham buhat sa Kawanihan ng Paggawa. Biglang napakagat-labi ang don nang binabasa na ang nasa-bing liham, na kasunod ng isang malalim na buntong-hininga...

ANO KAYA ANG NILALAMAN NG LIHAM NA IYON? MAY KINALAMAN KAYA IYON SA LIHIM NA KILUSAN SA ASYENDA? ANO NAMAN KAYA ANG MANGYARI SA MGA TUHAN NI MANG ANDONG? ABANGAN ANG LALONG NAKAPANANABI NA KARUGTONG NITO...

(ITUTULUY)

KAPITAN Cortal

STANLEY, PUNONG-PUNONG NG MGA TAO ANG ISTADYUM!

OO NGA, MANGYARI'Y ITO ANG KAUNA-UNA HANG BULL FIGHTING DITO SA PILIPINAS!

ARMANDO, TAYO NA... SISIMULAN NA ANG LABANAN!

HINTAY, EMILIO! MASAMA ANG PAKIRAMPAN KO... NAKAKAINIT DITO SA PILIPINAS, SUMASAKIT TULOY ANG ULO KO...

HA? HINDI KA MAAARING LUMABAN SA TORO SA GANYANG KALAGAYAN... PAANO NGAYON ANG GAGAWIN NATIN?

MADALING LUTASIN ANG SULIRANING IYAN, MGA KAIBIGAN...

ARMANDO, LUNUKIN MO ITONG DALAWANG TABLETANG CORTAL! DAGLING PAPAWIIN NITO ANG SAKIT NG IYONG ULO... KAGYAT KANG MAGIGINHAWAHAN AT MAGKAKAMIT KA NG IBAYONG KASIGLAHAN!

ILANG ORAS PA...

ARMANDO, PAMBIHIRA ANG GINAWA MONG PAGLABAN SA TORO! HANGANG HANGA SA IYO ANG MADLA!

ALAM KO, EMILIO! PERO HINDI KO MAGAGAWA IYON KUNG HINDI AKO PINASIGLA NG CORTAL!

TINGNAN NINYO! MGA KAIBIGAN!

UPANG TIYAK NA MATA-MO NINYO ANG TUNAY, SARIWA AT DAGLING NAKAKABISANG CORTAL SA LAHAT NG ORAS, ANG BAWAT TABLETANG CORTAL AY MATATAMO NINYONG NAKASILID SA MAGANDANG BUGHAW AT DILAW NA CELLOPHANE, NA MAY TATAK NG BANTOG NA ANYO NI KAPITAN CORTAL!

LAGING MAGLAAN NG CORTAL UKOL SA BIGLAANG PANGAILANGAN! AT LUMUNOK NG CORTAL UKOL SA MAAASAHAN, MABILIS LGTAS AT TIYAK NA KAGINHAWAHAN SA SAKIT NG ULO, NGIPIN, AT PANANAKIT NG MGA LAMAN NA SANHI NG SIPON!

Each tablet contains: Acetyl-salicylic Acid 0.35 gm., Phenacetin 0.15 gm., Caffeine 0.05 gm.

TATLONG HARI NG BALAGTASAN ANG MAG-PUPUTONG SA MGA NAHALAL SA BULAKLAK

Sa gabi nang ika-22 ng Enero darating gaganapin sa Malabon, Rizal ang wala pang kapaantay na koronasyon sa nahalal na Bb. BULAKLAK ng 1954, gayon din sa mga nahalal na Bb. ALIMYON; Bb. BULAKLAK KOMIKS; at Bb. MANILA KLASIKS. Bukod sa apat na iyan na puputungan ng korona at pag-uukulan ng mga papuri ay itampok din ang anim pang nahalal na PRINSESITA ng BULAKLAK, sa taong 1954.

Sa hapon, nang araw na nasabi ay magdaraos ng isang malaking parada na kasama si LUCY R. CASAJE Bb. BULAKLAK ng 1953, na nakalulan sa isang naga-

musiko at marami pang magbibigay-dingal sa nasabing parada, na ililibot sa mga hayag na lansangan sa nasabing bayan.

Dadalo sa koronasyon sa kinagabihan ang mga piling bituin sa puting tabing, sa radyo at sa tanghalan, upang makatulong ng mga makata sa pagpuputong ng korona. Pagkatapos ng koronasyon, isang pangkat ng kinagigiliwan ninyong mga artista sa sine, sa radyo at sa tanghalan ang magtatanghal ng katangi-tanging palabas na handog ng BULAKLAK sa mga manonood sa gabling iyan.

Mga piling makata ang magpuputong ng korona; kabilang

mga taga Maynila at Bukawe, na pangatawanang tumulong upang ipagwagi ang nahalal na Bb. Bulaklak sa taong 1954. Dadalo ang mga taga Laguna, na nagtaguyod kay Delie Bermudes; ang mga taga Kabite, na nagmalasakit sa kandidatura ni Rosalinda Saulog; ang mga taga Kalookan, Rizal, na nagtaguyod kay Nenita de Guzman, gayon din ang mga taga Maynila, taga Ubando, Pulo, Marilaw, Nabotas at mga karatig-bayan, upang saksihan ang wala pang kapaantay na koronasyon ng BULAKLAK.

Bukod sa nagagayakang mga awtong kianlululan ng mga puputungan at pararangalan sa gabi,

ay may ilang bahay-kalakal na magsasama rin ng kanilang karosa.

Inaasahang ang mga lansangan sa Malabon na pagdaraan ng mahabang parada ay magsisikip sa dami ng mga manonood, upang makita ang Bb. Bulaklak, Bb. Alimyon, Bb. Bulaklak Komiks, Bb. Manila Klasiks at ang anim na naggagandahang Prinsesita ng Bulakiak sa taong 1954.

Kasalukuyan nang inaayos ang pook na pagtitipunan ng lahat ng kasama sa parada ng Bulaklak, sa hapon nang ika-22 ng Enero.

Saka na namin ibabalita ang buong palatuntunan sa mga sunod na labas.

Pararangalan Din Ang Anim Na Halal Na PRINSESITA NG BULAKLAK Sa Taong Ito.



PACITA CAPIÑA



CARMELITA CASTAÑEDA



YOLI TATLONGHARI



ERLINDA RIMANDO

gayakang awto at taglay ang kanayang koronang isasalin kay ESPERANZA ROLDAN, halal na Bb. BULAKLAK ng 1954. Bukod kay Bb. Roldan ay nakalulan sa kani-kanilang nagagayakang awto na kasama ang kani-kanilang konsorte, sina Delie Bermudes, na siyang Bb. ALIMYON; Rosalinda Saulog, na siyang Bb. BULAKLAK KOMIKS; at Nenita de Guzman na siya namang Bb. MANILA KLASIKS. Kasama ring nakalulan sa nagagayakang mga awto ang anim na prinsesita ng BULAKLAK. Bukod sa mga iyan ay kasama rin ang karosa ng mga bahay-kalakal sa Malabon, mga kadete, Boy Scouts, mga pinuno at kasapi sa iba't ibang samahan pambayan, mga banda ng

ang Hari ng Balagtas, makatang Emilio Mar Antonio; gayon din ang naging Kongresista Amado Yuson, ng Pampanga, na siyang kinikilalang Hari ng Balagtas sa nasabing lalawigan at si Teo S. Baylen, hari ng Balagtas sa lalawigan ng Kabite.

Itatanghal sa gabling iyan ang mga katutubong sayaw sa Bisaya, sa Mindanaw at sa Luzon, na ang magsisiganap ay naka-suot ng katutubong damit ng mga mamamayan sa nasabing mga pulo.

Ngayon pa'y inaasahan nang magiging malit ang pook na pagdaraan ng koronasyon, sapagka't dadalo ang mga taga Maykawayan, upang saksihan ang pagsasalin ng korona ni Lucy kay Esperanza Roldan; gayon din ang



CORAZON ONIA



NELIE PENAJOAS

Mutik Nang Maligaw...

(Buhat sa pahina 110)

buong damdamin ni Don Fernando'y kaugnay na ng mga katagang iyon.

Hinawakan ng Donya ang kamay ni Don Fernando at masu-yong idinikit sa kanyang pisngi, at namasa ang gilid ng mga mata niya. —Ito na marahil ang pinakamaligayang sandali para sa akin, Fernando! Sapagka't dinin-nig mo rin sa wakas ang paliwa-nag ko.

—Ako ang dapat magpasala-mat, Lilay. Pagka't ikaw ang nagpaunawa sa akin ng kahala-gahan ng pagpapatawad. Ngayon ko nalamang kung walang kasi-yahan ay walang ganap na kali-gayahan at ang magpatawad ay kapayapaan ng kalooban.

—Kapuwa tayo magpasalamat sa Diyos. pagka't Siya ang naka-paghahari sa ating mga kapasiya-han....

Nagbalik si Don Fernando sa kanyang silid upang magpalit ng damit. Naiwan namang naliliga-yahan si Donya Lilay sa harap ng tokador. Tila siya isang mun-ting bata na pinangakuan ng manyika ng Ninong. Masayang-masaya siya.

At ipinaubaya ni Donya Lilay sa kanyang guniguni ang pag-lalarawan ng mga nakalipas.

—Hindi ko ibig na manghima-sok sa suliranin ng iyong puso, Melda, —malumanay ngun't may taginting ng kapangyarihang wi-ka noon ni Don Fernando sa anak na dalaga. —Nguni't nang maba-litaan kong si Ruben ang bina-tang kinagagaan ng loob mo. ay hindi ko matiis na di ka pa-lalalahanan.

—Papa, hindi hu naman masa-mang tao si Ruben, —himig pag-tatangol ni Melda. —Siya nga ay mahirap lamang nguni't ma-pitagan naman siya at maginoo higit sa ibang kakilala ko na ma-sasabing kabilang sa mataas na lipunan.

—Batang isip ka pa nga, iha. Hindi mo pa nalalaman ang li-kaw at hiwaga ng mundong ito. Ano ang malay mo kung nagpa-panggap lamang na maginoo iyon para mahuli ang kalooban mo at pagkatapos... —humalak-hak pa ang Don. —Ganyan din ako noong kabataan ko. Kunwa'y hindi makabasag-pinggan kung kaharap ng Mama mo. Kaya mahirap na akong mapaglakuan ng mga iyan.

—Subalit kayo'y naging isang ulirang asawa ng aking Mama at naging isang ama ring pagnana-saang angkinin ng sinumang anak

—Pero otro caso ang Papa mo,

iha! Bagama't isang mahirap la-mang noon ay may sinasabi rin naman ang aming angkan. Ipag-tanong mo ang mga Montanez sa ating bayan.

Naisip ni Melda na kabilang din sa mabubuting angkan si Ruben.

Naglihim man si Melda sa kan-yang Papa ay buong puso na-mang ipinagtapat sa kanyang Mama ang mabigat na suliranin niya sa pag-ibig.

—Nasa iyong kapasiyahan, iha, ang kasagutan sa suliraning iyan. Tanging puso mo lamang ang makalulutas at makapagpapasiya. Hindi kita mabibigyan nang hi-git sa maibibigay mo sa iyong sa-rili. Maging ang kapangyarihan ng isang magulang sa kanyang anak ay natatakdaan din....

—Nguni't si Papa ay tiyak na tututol sa aming pag-iibigan ni Ruben —nag-aalinlangang sam-bot ni Melda. —Hindi siya pa-payag na makaisang-palad ko ang isang mahirap lamang.

—Karapatan niya ang magba-wal iha, subali't katungkulan na-man niva ang sumuko sa harap ng ibubungang katalunan kung sakali' —matalinhagang wika ng Donya. —Bayaan mo't kaka-usapin ko siya.

Ilang araw ring naghintay ng pagkakataon si Donya Lilay upang kausapin ang kanyang

Enero 5, 1955 BULAKLAK 79

kabiyak tungkol sa kanilang anak na si Melda. Tinaon niyang ma-lamig ang ulo nito habang nag-babasa ng panghapong pahaya-gan sa kanilang asotea. Hinali-kan pa muna niya sa pisngi ang Don bago siya umupo na kapiling nito. Nang una'y naging pang-karaniwan ang naging paksa ng kanilang usapan at nang matiyak ng Donya na malamig ang ulo ng kabiyak ay unti-unti niyang idi-nako kay Melda ang kanilang usapan.

—Kung ako lamang ang masu-sunod, nais ko'y mag-asawa na ang anak natin, yayamang nasa hustong gulang na naman siya. —pasimula ni Donya Lilay. —Na-ubos lamang ang kanyang pana-hon sa pagdaludalo sa mga ka-savahan.

Umigkas ang isang kilay ng Don na matagal na napatitig sa asawa Waring hinahanap niya ng katugunan ang pag-aalinla-ngang sumusulpot sa kanyang isip: *Tapat kaya sa loob ng 'aking' kabiyak ang sinasabi nito?*

—Ihig ko rin sana, nguni't tila wala pa sa loob ng ating anak ang pag-aasawa. Ni, wala pa ya-ta siyang katipan hangga nga-yon!

—May kutob akong mayron na.

Ang Aming Katangian:

MGA LAMBAT SA PANGINGISDA


Ang aming matagumpay na 32 taong karanasan sa indus-triya ng lambat sa pangngisda ay ang aming walang pasubaling garantiya na ang bawa't lambat na nabili sa amin ay gawa mula sa pinakapiling pising mabibili at sa pinakamahusay na paraang aming nalalaman.

Ikalulugod namin kayong padalhan ng aming bagong katalogo ng mga lambat sa pangngisda at pisi sa san-daling matanggap namin ang inyong pagtatanong. Sumulat sa:

AGUINALDO INDUSTRIES CORPORATION

FISH NET DIVISION

801 ECHAGUE, MANILA, PHILIPPINES



Gumagawa din kami ng mga lambat ayon sa inyong kagustuhan.

AGUINALDO INDUSTRIES CORPORATION

siyang katipan... iyon bang binatang nagngangalang... Ruben Bonifacio... —tila wala sa loob ay nasabi ng Donya.

—Ang ibig mo bang sabihin ay payag ka nang makaisang-palad ng anak mo ang lalaking iyon? —nanggagalaiti ang boses ng Don. —Aba, sayang ang ipinagpaaral ko sa tunggak na anak mo kung iyon lamang ang kanyang mapipili.

—Ang kasaysayan ay paulit-ulit lamang, Fernando. Mapipigil ba natin ang tadhana ng kapalaran?

—Tayo'y binigyan ng Diyos ng ating pag-iisip. Kailangang gamitin iyan. Huwag tayong pangtangay sa matandang kasabihang ang lahat ay guhit ng kapalaran. Tayo ang dapat umisip, tumuklas at magpunyagi sa anumang ka-

palarang ibig natin. Malaya tayong makapamili!

—Idako mo ang iyong paningin sa kabilang panig, Fernando. Si Ruben man at ang ating anak ay dapat ding maging malaya! ...

—Nguni't salapi lang ang ibig ng Rubeng iyan sa ating anak. Kung wala bang salapi ang ating anak ay mapapansin siya ng lalaking iyan? Wala namang ganda ang ating anak na sukat bagang paglunggatan ni Ruben.

—Nguni't ako ba'y may sapat na ganda upang ibigin mo at mahalini? Upang walang pag-aalalangang dalhin sa harap ng altar. Fernando, bakit mo ako inibig? Bakit?

Sandaling natigilan ang Don. "Bakit nga niya inibig si Donya Lilay? Bakit?" Napabuntung hininga nang malalim si Don Fernando. Nguni't matatag pa rin ang kanyang tinig nang siya'y

magsalita:

—Totoo na ako'y isang mahirap lamang nang tayo'y makasal, su-bali't hindi ba ako nagsumikap? At, sa panamagitan ng ating pagpupunyagi ay napag-ibayo ko ang ating kayamanan. Hindi ako nagpatay-patayan, Lilay! ...

—Gayunman ay hindi mo pa rin nasasagot ang ating tanong sa iyo? Bakit mo ako inibig? Bakit?

Alam ng Don na hindi niya matutugon ang katanungang iyon nang hindi siya magsisinungaling. Batid niya ang mapait na kato-tonan. Napakasal siya kay Donya Lilay dahil sa kayamanan niyon. Nais niyang makatiyak sa kabuhatan at tanging ang yaman ng Donya ang makalulutas niyon. Gayunma'y alam ng Diyos na hindi siya nagpabaya. Hindi!

—Hangga ngayon ba'y nag-aalalangin ka pa sa akin? —idinain niya sa pagtatanong ang kasinungalingang ayaw magdaan sa kanyang lalamunan. —Ang mabuti'y mamahinga ka na at huwag mag-isip nang anumang bagay na malungkot. Sige na...

Nang inaakala ni Melda na mabibigo siya sa paghingi ng kapa-hintulutan ng kanyang Papa, ay siya na ang gumawa ng paraan upang makatanan ng bahay at sumama kay Ruben. Pagkatapos naman ng sampung araw ay nakasal silang dalawa na tanging si Donya Lilay ang nagkaloob ng bendisyon. Sinabi ng Donya na ang kanilang Papa ay may karamdaman kaya hindi nakadalo. Nguni't mahigpit ding ipinagbilin sa dalawa na huwag munang pampahik sa bahay hanggang hindi niya pinag-aasabihan ang mga ito.

—Magmahalan sana kayo, anak... —tanging bilin ng Donya nang siya'y eumakay sa sariling kotse upang umuwi.

Dahan-dahang pumapasok si Donya Lilay sa sariling silid nang pukawin siya nang nag-aalimpuyong tinig ng Don.

—Kay galing mong magulang, ano? Ikaw pa ang sumuko sa mga walang-hiyang iyon. —Nag-huhumindig ang tinig ng Don.

—Huwag ka sanang magsalita ng ganyan, Fernando. Alalahanin mong tunay na dugo natin si Melda... si Melda na walang naging pagkukulang kundi ang su-

munod sa itinitibok ng kanyang puso.

—Hus! Wala akong anak na suwail! Para sa akin ay patay na ang aking anak! —pagkawi-ka nito'y biglang tumalikod at naiwan si Donya Lilay sa gitna ng mapait na pagdidili-dili.

(Sundan sa pahina 86)

LUMIPAS NA ANG...

(Buhat sa pahina 49)

Natulog si Luz na umiliyak. Ilang hindi nila alumana ang masayang Bagong Taon. Walang kagayak-gayak ang kanilang tahanan. Sa kabahayan lamang may ilaw at ang kakalanan ay malamig pa sa ilong ng puso.

Si Ernesto ay gising pa at na-kaupo sa lumang tumba-tumba. Sa mga sandaling yaon ay sumidsidhi ang kapanglawan ng kanyang puso. Ang anino ng karalitaan ay ita ibig sumupil sa kanyang pananampalataya sa Diyos. Siya'y sumandal sa silya. Kumislap sa kanyang diwa ang isang mahalagang talata sa Biblia: "Ang kabanaang may kasiyahan ay malaking pakinabang." Punit kit siya at oumalangin nang mataimtim. Sandali niyang nalimot ang mga kabagayang panluha, at nahayag sa kanyang pangitain ang kaluwaihan ng langit na naghihintay sa matatapat na Kristiyano.

—Kung wala bang salapi at mga bagong kasuutan ay hindi na maaaring makapagpuri sa Diyos? —tila may bumubulong kay Ernesto. —Hindi na kaya maaaring sumalubong sa pagdatal ng Bagong Taon?

Biglang napatindig si Ernesto. Ipinukol ang kanyang tingin sa labas ng durungawan. Maraming taong naglalakaran. Naglililwanag ang mga parol at mga Christmas Tree. Naririnig niya ang mga iba't ibang awiting ikinakalat sa himpapawid.

Madaling ginising ni Ernesto ang kanyang asawa at mga anak. Nagtipon silang mag-anak sa gitna ng kabahayan. Sila ni Luz ay naghaliling manalangin. Pinasalámatan nila at pinapurihan ang Diyos. Idinain ang kanilang kalagayan at humingi ng pagpapala. Pagkatapos ay sabay-sabay nilang inawit ang awitin

MARCELA MEER-MILLAR

Lady Star and Lucky Agent No. 2
The only lady agent who sold ten (10) first prizes

She sold the following

SECOND PRIZE

₱100,000.00

Ticket No. 288398 Horse OFF RECORD

APPROXIMATION PRIZES — ₱600.00 EACH
Tickets Nos. 288397 and 288399

EXTRA PRIZES AT ₱3,000.00

141025 157199 699636

EXTRA PRIZES AT ₱2,000.00

012612 066558 371601

FIFTH PRIZES AT ₱1,600.00

666765

SIXTH PRIZES AT ₱800.00

415272 553340

SPENTH PRIZES AT ₱400.00

118501 118503 118532 556133 681895 749231

EIGHTH PRIZES AT ₱200.00

014316	161593	313134	591172
033526	171708	433447	644002
088067	180377	455839	644341
100069	188177	479027	711489
122113	192423	555838	855623
137996	199464	561065	855536
147226			

All tickets ending with	283 won ₱80.00
All tickets ending with	398 won 60.00
All tickets ending with	479 won 40.00
All tickets ending with	88 won 20.00
All tickets ending with	4 won 4.00

WE BUY WINNING TICKETS

WANTED: Sub-Agents
₱33.30 per booklet
including registered mail.
Price per booklet may change
without notice.

Send all your winning tickets
in exchange of new tickets
329 P. Gomez, Opposite
Illusion Theater, Manila

ORDER YOUR TICKETS FOR JANUARY 16, 1935 LOTTERY NOW
MERRY CHRISTMAS AND A HAPPY PROSPEROUS NEW YEAR
TO ALL OUR FRIENDS AND CUSTOMERS

DRA. CELESTINA G. LIM-ESPIRITU M.D.

Sakit ng Babae at Bata, Panganganak ng walang sakit (by triline)
Laging nakukunan at hindi Maganak, Piglin ang pag-anak. Sirang
regla, Maaakit na pag-lhi, Almoranas, Tonell na gagaling ng walang
tistis, Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat.

DR. DOROTEO C. ESPIRITU D.D.S.

Nagtitiitlis ng iba't ibang sakit sa Bibig, Pilas, Pworchia, Dentatura.
Maaaring bumunot ng ngipin sa bahay.

ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC

364 Paz. Paco. Mga taga Hilaga, Sakyan ang "Pandan" o "Sta. Ana"
Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz malapit sa Obras.

sa Bagong Taon. Alam na alam ng kanyang mga anak ang awit na yaon, kaya't nagpapalakasan pa ng pagkanta ang mga bata. Habang sila'y umaawit ay walang lubay naman ng pagdupikal ng mga kampana.

Kinabukasan nang magbukas ng pintuan si Ernesto, ay nagulat siya nang mabungaran ang ilang lalaking naghihintay sa kanya sa makababa ng hagdanan.

—Manigong Bagong Taon po, atorni. — pauhang bati ng isa na ginayahan ng iba.

—Gayundin po sa inyong lahat, — magiliw na sukli ni Ernesto na kinikilala ang mga panauhin at nang tila hindi mamukhaan ay idinugtong: —Sino po ba sila?

Ngumiti ang unang nagsalita. —Nalimutan na ba ninyo kami. Kaml po ang mga magbubukid sa Salapan na inalis ninyo ng pamatok. Dinalhan po namin kayo ng konting alaala at ikinagagalak po naming sabihin na kami'y hindi nakalilimot sa inyo.

Natambak sa bahay nina Ernesto ang regalong dala ng mga magbubukid na kanyang napaglingkuran. Dalawampu silang magsasakang may kani-kaniyang regalo kay Ernesto. Baboy, manok, itlog, gatas, bigas, saging at iba pang mga hungang kahoy.

—Napakalaki ng aming utang na loob sa inyo, atorni, at kami'y hindi makalilimot habang buhay. — wika ng isa nang kamayan ni Ernesto.

Nang dakong tanghall'y isang berlina ang huminto sa tapat ng tahanan nina Ernesto. Isang lalaking may kagulangan na ang lumunsad. Madaling nakilala ni Ernesto sapagka't naging propesor niya sa pag-aaral ng batas ang lalaking iyon.

—Nabasa ko sa pahayagan ang sakdal laban sa iyo, — wika ng panauhin nang sila'y magkaharap na sa bulwagan. —Huwag kang magalala. Talos kong yaon ay paghihiganti lamang. Sa tulong ng mga karapat dapat na pinuno ay lalakaran kong mapawala ng bisa ang sakdal, at mababalik pati ang iyong pahintulot sa pagka-abugado.

—Salamat po, propesor, — may pitlag ng galak sa puso ni Erni.

—Noong pang araw ay hina ngaan na kita sa katalinuhan at kalinisan ng puso. Mga lalaking kagaya mo ang kailangang manungkulan sa ating gubiyerno. Nakausap ko ang Pangulo ng Pilipinas at ikaw ay hihirangin ninyang piskal. Tatanggapin mo ang iyong nombramiyento mata. pos pawalang bisa ang sakdal laban sa iyo.

Nang makaalis ang panausin ay gawa at hindi pinababayaan ang nayakap ni Luz ang kanyang mga umilibig sa Kanya.

—May katuwiran ka. Erni, gi ka nagturing: — Luz, lumipas na naganti ng Diyos ang mabubuting ang gabi ng ating kapalaran, at

Enero 5, 1955 BULAKLAK 81

nagbukang liwayway ang bagong pag-asa sa ating buhay.

(WAKAS)

Ang UNANG LOTERYANG PANGKAWANGGAWA sa Pilipinas buhat nang 1896! MAYNILA, ENERO 16, 1955



Ang inyong pagkakataong manalo ay higit sa alinmang larong sapalaran sa tayang ISA sa 9★

Bilhin ang inyong tiket sa tanggapan ng "Sweepstakes" o sa alinmang inyong kinagigiliwang ahente ng "Sweepstakes"!

Mahigit na KALAHATING ANGAW NA PISO ang nakataya, WALANG BUWIS!



Unang Gantimpala P100,000.00

Pangalawang Gantimpala 50,000.00

Pangatlong Gantimpala 25,000.00

Kasama ang dagdag pang daan-daang malalaking gantimpala

Ito ang una sa hanay ng mga loteryang pina-ngangasiwaan ng "Philippine Charity Sweepstakes" Idaraos ito sa ika-16 ng Enero, 1955.

* Kasama ang mga pampalubag na gantimpala.

BILHIN ANG INYONG MGA TIKET NANG MAAGA!

DUGONG MAHAL

(Buhat sa pahina 25)

—Hindi po sa gayon, Don Alipio. —mahinahong sagot naman ng katiwala. —Ibig sana naming iharap sa inyo nang buong galang ang aming mga karainan, na lubos naming pasasalamatang kung inyong mamarapatin, at pasasalamatang din namin kung magiging labag naman sa inyong kalooban. —At mapitagang iniabot ni mang Andong kay Don Alipio ang nakasulat na kahilingan. —Naito po ang mga karainang sinasabi namin sa inyo.

Sa magalang at mahinahong pangungusap ni mang Andong ay napilitang tanggapin ni Don Alipio ang iniabot na kahilingan ng dating katiwala. Matamang binasa iyon; nguni't nang dumating sa bahaging ang binabanggit sa nasabing kahilingan ay ang tungkol sa pagpapartihang "70-30" ng may pasaka at nagsasaka, ay parang umakyat ang dugo sa ulo ng don at muling naghari sa katauhan nito ang dating pagmamataas.

Biglang napatindig si Don Alipio sa kanyang pagkakalikmo, napasuntok pa muna sa ibabaw ng kanyang mesa, bago nag-ukol ito ng matigas na mga pangungusap sa mga kaharap.

—Iyan na nga ba ang sinasabi ko. Marami sa inyong magsasaka ang walang utang na loob. Hindi ba't noong unang dumulog kayo sa akin, noong wala pa kayong tiyak na pi-

nagkakakitaan, ay kasangayon kayo sa anumang uri ng partihang aking paiiralin, sapagka't wika ninyo'y hangad ninyong buhayin nang maligaya ang inyong pamilya? Hindi ba't sinabi ninyong kahit na makalamang kami nang kaunti sa mga inaani ay mamasarapin na ng inyong kalooban, alang-alang sa kaligayahan ng inyong mga anak? Bakit ngayong mapalaki na ninyo at mapagalarang ang inyong mga anak ay saka ninyo hihilinging ang pitumpung bahagdan ng inaani natin ay mapunta sa inyo? Hindi ba't kaha-ti ako sa mga gugulin sa pagpapatanim at pagpapagapas ng palay? Hindi ba't ang mga kalabaw ninyong ginagamit sa pagsasaka ay ako muna ang bumili, na pagkatapos ninyong hulugan sa akin nang unti-unti ay nagiging ganap namang inyo? Ano pang pasunod ang mahahanap ninyo sa isang namumuhunang gaya ko? —Ang pagalit at mahabang paliwanag ni Don Alipio.

Hindi kaagad sumagot si mang Andong sa gayong paliwanag ng don, nguni't mahinahon niyang pinag-aralan muna ang kanyang itutugon.

—Don Alipio, —ang sa wakas ay maingat na tugon ng matandang katiwala, —ang inihaharap po namin sa inyo ay "karainan" at hindi "utos". Hindi po kami nag-aatas ng inyong gagawin, kung hindi dumaraing kami at nakikiusap. Kung sabagay, nalalaman naming sa magarang tahananang kinalalagyan ninyong ngayon, ay may bahagi ng pawis ang inyong mga magsasaka. May bahagi rin ng pawis ang inyong mga manggagawa sa magarang awtomobil na inyong ginagamit. Nguni't may matuturo po ba kayong isa man lamang na magsa-

sakang nagkaroon ng magandangandang bahay? May masasabi po ba kayong manggagawang nagbubungkal ng inyong lupa na nakabili man lamang ng isang kalesa?

—Wala nga, Andong, —matigas pa ring tugon ng don, —sapagka't gumugulog kayo nang higit sa inyong mga kinikita. Hindi kayo marunong mag-impok. Kasalanan pa ba namin kung ayaw ninyong magtipid?

—Nguni't wala po namang taong maaaring magtipid nang wala namang titipirin! —magalang pa ring tugon ni mang Andong. —Kagaya po ng mga kasama ko rito na ang iba'y may walong anak na tinatangkilik at pinag-aaral, at ang sinasaka'y natamnan ng isang kabang binhi lamang, na umaani naman ng pitumpu hanggang walumpung kabang palay; ang nakakaparti po ba nilang apat na pung kaban ay makasasapat na sa buong mag-anak sa loob ng isang taon?

—Bakit hindi, kung talagang iibigin? —tugon agad ng don. —Kayo naman ay walang ibinubuwis sa pamahalaan maliban sa sedula lamang. Nguni't nalalaman ba ninyo kung gaano kalaki ang ibinubuwis namin sa gu'yerno ukol sa lupa at sa inaani natin? Kaya kapag igigiit ninyong pairalin ang kahilingang inyong inihaharap, ngayon pa'y sinasabi ko sa inyong kayo'y mabibigo. Wala akong nakikitang katarungan sa inyong kahilingan. Maaari kayong magsiaklas kung ibig ninyo nguni't sa isang aalis sa inyo ay sampu ang makakapalit.

—Hangga't may paraan po'y hindi kami pagmumulan ng aklasan, Don Alipio, —matigas na ring tugon ni mang Andong. —Nguni't ang tandaan po lamang ninyo ay ito: mapipilitan kaming dumulog sa kinaaukulang maykang pangyarihan, kailanma't hindi ninyo ipagkakaloob ang katarungan hinihingi namin sa inyo.

—Kahit saang impyerno kayo dumulog ay nakahanda ako... —at hindi na tinapos ni Don Alipio ang iba pang sasabihin.

—Kayo po ang bahala, Don Alipio... —ang taliwakas naman ng katiwalang si mang Andong.

Natapos ang gayong salitaan sa pagkakabigatan ng loob ni Don Alipio at ng matandang katiwalang kumakatawan sa isang pangkat ng mga tauhan sa asyenda.

Nang makaalis na sina mang Andong ay saka matamang nilimi ni Don Alipio ang kinakaharap niyang mabigat na suliranin.

—Bakit kaya hindi isinasanguni sa akin ni Martin ang kilusang iyon nina Andong? —bu-

long ng don sa sarili. —Kainalam na rin kaya sa kilusang ito ang diyaskeng tagapangasiwa ko sa asyenda? Ang mabuti'y ipatawag ko kaagad ang damuhong si Martin upang malaman ko ang tunay na dahilan ng biglang pagbabago ni Andong —dugtong pa ng don habang pasalikod-kamay na payao't dito sa harap ng kanyang mesang susulatan.

Kinahapunan din nang araw na yaon, ay ipinakaon ni Don Alipio ang kanyang tagapangasiwang si Martin sa tsuper niyang si Luis.

—Sabihin mo kay Martin na kailangang-kailangan ko siya ngayong araw na ito, —mahigpit na bilin pa ng don nang papaalis na ang inutusan niyang si Luis sa pagtungo sa San Leonardo. —Huwag mong papayagang hindi mo siya maisama sa pagbabalik mo rito, naintidihan mo?

—Opo, madaling sagot naman ni Luis.

—Sabihin mo rin na siya lamang ang kailangan ko at huwag siyang magsasama ng iba pang tauhan sa asyenda.

—Opo, Don Alipio, —ulit na tugon ng tsuper.

Makaraan lamang ang ilang oras ay nagbalik si Luis na kasama na si Martin. Hindi katulad ng pagtanggap kay mang Andong, sinalubong pa ni Don Alipio ang kanyang tagapangasiwa sa may hagdanan pa lamang.

—Mabuti't natagpuan ka agad ni Luis, —may himig birong bati pa ng don sa bagong dating. —Balita ko'y malimit ka raw sa montehan nina mang Tomas.

—Hindi po totoo iyon, Don Alipio. —Tila namamanghang tugon ng tagapangasiwa.

—Buweno, kung hindi totoo iyan, tuloy ka't may mahalagang bagay tayong pag-uusapan. —Luis, —baling nito sa tsuper, —sabihin mo kay Tinay na pasukan kami dine ni Martin ng mamiminindal, hane?

Mabilis namang sinunod ni Luis ang utos ng don; at lalong mabilis na tinupad ni Tinay ang bilin ng kanyang panginoon.

Makaraan pa ang ilang saglit ay masinsinan nang kinausap ni Don Alipio sa kanyang silid-tanggapan si Martin.

—Alam mo ba ang sanhi kung bakit kita ipinatawag ngayon? —bungad na usisa ng don.

—Hindi ko nga po nalalaman, —agarang sagot ni Martin.

—Buweno, ibig kong itanong sa iyo ay ito; —ulit ng don, —Bakit hindi mo nalalaman ang lihim na kilusan nina Andong?

—Nalalaman ko pong lahat (Sundan sa pahina 77)

MATAMLAY • WALANG SIGLA?*Sundin ang payong ito!*

Ang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA ay nagdulot ng kagayutan na lunas sa pagiging mabugnatin at sa di-pagkadurog. Ikinatagubilin ng mga doktor ang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA sapagka't dinadalasay nito ang labis na pangangasim ng sikmura, nagsisilbing isang bahagya nguni't mabisang lakrante. Ang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA ay siyang pinakaraming na lakrante na anti-asido para sa buong mag-anak.



MILK of MAGNESIA
product of PHILLIPS
Likido o Tableta

Maliksing inilabas ni Turimbao ang mga bihag ng higante. Lumayo sila sa pook na iyon at nang makatagpo sila ng isang yungib ay saka sila nagpahinga.

Gayon na lamang ang pasasalamat ng tatlong prinsiphe kay Turimbao. Ang prinsesa ay gayon din. Natutuwa pagka't siya'y makabalik sa kanilang bayan.

—Huwag kayong mag-alaala prinsesa at ihahatid namin kayo, —sabi ni Turimbao sa prinsesa.

—Ikinagagalak ko prinsiphe ang inyong paghahatid sa akin. Nais ko ring pasalamatan kayo ng aking mga magulang.

—Prinsesa... —agaw ng isang prinsiphe, —siya po'y hindi prinsiphe. Siya po ay tanod lamang naming tatlong magkapatid at pinasasahod ng aming hari.

—Nguni't ang ipinamalas ni gi-noong Turimbao ay higit na magiting sa karangalan ng isang prinsiphe.

—Siya pong tunay... —salo ng isa nang prinsiphe, —nguni't ang prinsiphe ay dugong mahal; at siya ay hindi, isa lamang mahusay humawak ng espada.

—Pagdating natin sa palasyo, ay hihilingin ko sa mahal na hari na ipahintulot sa aking ituro sa

inyo ang katulad nang iminulat sa akin ng aking ina, —makahulugang sabi ni Turimbao sa tatlong prinsiphe.

—Huwag mo kaming payuhan dahil sa kami'y sinagip mo, —sabi naman ng isang prinsiphe.

Dahil sa pagsasagutang iyon ay nangamba ang prinsesa. Isinaloob niya na baka kung makarating na sa palasyo ang apat niyang kasama ay pagbuhatan ng kung ano si Turimbao at hindi makapagsangalang. Kaya upang ilayo sa maaaring mangyari ay masiglang nagsalita ang prinsesa:

—Sasama ako hanggang sa inyong palasyo at pagkatapos ay saka na ninyo ako ihatid. Hindi ako maaaring maglakad hanggang sa amin.

—May katwiran kayo, mahal na prinsesa. — Nagmamalaki pang sabi ng isang prinsiphe. — Ang porlon ng aking ama ang ating sasakyan pagtungo sa inyong bayan.

—Salamat, prinsiphe.

At muling nagpatuloy sa kanilang paglalakad ang mga prinsiphe at prinsesa. Tinawid nila ang mga lawa at malalapad na ilog; pinasok nila ang masukal na kagubatan at nang makaraan ang isang buwan ay dinating nila ang palasyo ng hari.

Ganyan na lamang ang tuwa

ng hari nang makita ang tatlo niyang anak. Nguni't matapos yakapin ang tatlong prinsiphe, ay tinawag si Turimbao at ang sabi:

—Lumapit ka... hindi ko akalain... isa ka palang malaking SARAGATE...

Nagtawanan ang tatlong prinsiphe at ang prinsesa'y gayon ding nakangiti.

—Mga anak ko... —tawag ng hari sa tatlong prinsiphe, —ibig kong makilala ninyo ngayon ang tagapagmana ng aking korona. Itong si Turimbao ay kapatid ninyo at isa ring prinsiphe. Kaya pala ganyan na lamang ang malasakit niya sa aking korona ay dahil sa dugo ko rin siya.

Ganyan na lamang ang pagtataka ng mga kaharap.

—Ama ko —tawag ni Turimbao, —sino po ang nagsabi sa inyo nang katotohanang ito?

—Dumating ang ina mo at hihanap ka. Siya ang nagsabi sa akin ng lahat. Nguni't saan mo natagpuan ang iyong mga kapatid?

—Monarka... —sangkot ng prinsesa, —ako po at ang tatlong prinsiphe ay nabihag ng higanteng itim duon sa kanyang kastilyo. Salamat at dumating ang prinsiphe Turimbao at kaming lahat ay naligtas. Napatay po niya ang higanteng itim at ngayon

ay narito kami.

—Siya po ama ko ay isang prinsesa at aking ihahatid sa kanilang bayan upang isamo sa kanyang ama ang kanyang kamay. Inihahandog ko po sa kanya ang aking puso. —Sunggab naman ni Turimbao.

Napangiti ang hari. Kinamayan niya ang prinsesa at saka ipinatawag si Tarabani.

Nang makita ni Tarabani ang kanyang anak ay lumuluhang niyakap. Mangyari'y nalaman na rin niya ang mga kabayanihan ni Turimbao.

—Anak ko...

—Ina ko...

At nang makaraan ang ilang sandaling pagbabalitaan ay hinandugan ng isang salo-salo ng hari ang prinsesa at ang kanyang mga anak. At kinabukasan ay saka pinasamahan kay Turimbao ang prinsesa upang ibalik sa mga magulang.

Hindi naglipat-taon at kumalat ang balitang si Turimbao ay ikakasal sa magandang prinsesang nabawi sa kamay ng makapangyarihang higanteng itim at pagkatapos ay puputungan ng korona upang siyang umagit sa ka-

BAGONG Bre-a-col NA MAY XYLOPOL

DAGLING SINUSUGPO ANG UBO!

SINUSUGPO NG KAHANGA-HANGANG BAGONG BREACOL NA MAY XYLOPOL ANG UBO SA 5 PARAAN!

ITONG KAGILAGILALAS NA BAGONG TUKLAS na lunas sa ubo—tunay na kaiba sa alin mang nagamit na ninyo—ay magdudulot sa inyo at sa inyong pamilya ng kasiyasiyang ginhawa sa ubo dahil sa sipon, pananakit ng lalamunan at mga iba pang bagabag na katulad nito—kagyat na kaginhawahan na lalong mabisa at lalong matagal ang naidudulot kaysa ibang datihan na ninyong nalalaman. At saka ang Breacol na may Xylopol ay ligtas at ganap na pinupuksa ang mga mikrobyo na sanhi ng karamdaman sa dinadaan ng hininga.

ANG BREACOL NA MAY XYLOPOL ay nakasisiya ang lasa. Laging bigyan ng Breacol na may Xylopol ang inyong anak para sa ubo na sanhi ng sipon.

IGIIT ANG BREACOL NA MAY XYLOPOL para sa inyo at sa inyong mag-aanak! Bilhin ang matipid na pampamilyang sisidlang 90cc. o kaya'y ang mura at panlukbutang lalagyang 36cc!

Each fl. oz. contains Ext. of white Pine Comp., 5.00, gr. Fl. extract of Marshmallow, 2.35 M; Glucose liquid, 416.29 gr.; Menthol, 0.3 gr.; Salicylic Acid 0.06 gr.; Chloroform 2.0 gr.; Pine Tar 0.149 gr.; Soluble Saccharin, 0.0135 gr.; Caramcl, 6.75 M; Ammonium Chloride, 5.67 gr.; Honey, 19.69 M; Oil of Eucalyptus, 0.585 M; Hexylresorcinol 0.45 gr.

1 PINUPUKSA ANG MIKROBYO



na tunay na sanhi ng mga karamdaman sa dinadaan ng hininga katulad ng mikrobyo Staphylococcus Aureus 209 (tingnan ang nasa larawan), na siyang pinagmumulan ng pananakit ng mga himaymay




2 DAGLING NANUNUOT
sa mga mumunting pagitan ng mga himaymay (tingnan ang lubos na pinalaking larawan sa dakong kaliwa) na hindi naaabot ng karaniwang likido, maging ang tubig.



3 PANLOOB NA BISA NG BREACOL
na may Xylopol ay kagyat na nadadulutan ng lunas ang kasulukulang bahagi na daanan ng hininga na di naaabot ng karaniwang gamot.



4 PINAPAWI ANG PLEMA
Ang makapal at bumabarang plema sa mga himaymay na daanan ng hininga ay pinawalang bisa ang karaniwang gamot sa ubo (test tube "A"). Nguni't ang Xylopol ("B") ay nananatili sa pagbaba kahit na maburoon plema.



5 LUBOS ANG BISA SA PAGLUNAS
Ang karaniwang gamot sa ubo ay pangsamantalang niluluna ang bahaging binabagabag (a) at ito'y walang nagagawang tunay na kabutihan Nguni't ang Breacol na may Xylopol ay nagdudulot ng ginhawa

UM-M-M KAY SARAPI!

UBONG BUHAT SA SIPON PANGANGATI NG LALAMUNAN PANUNUYO NG LALAMUNAN PAMAMALAT AT PAGKAWALA NG TINIG PANANAKIT, BAGABAG AT PAMAMAGA NG HIMAYMAY NG LALAMUNAN AT DAANAN NG HININGA PANLUNAS NA NAGPAPALUWAG AT TUMUTUNAW SA PLEMA

**WALANG ALKOHOLO
WALANG NARKOTIKO!**

nilang bayan.

Ang tatlong prinsipal ay hiyang-
niya pagka't hindi nila akalain na
ang kanila palang hinahamak ay
siyang pagsasalanan ng korona.

W A K A S

DESIREE

(Buhat sa pahina 7)

Patpatin siya at nakalulula ang kanyang taas, at siya lamang ang tanging lalaking ang buhok ay mala-ginto ang kulay na nakilala ko. Dahil marahil sa pangyayaring siya'y isang Suweko. Langit lamang ang nakababatid kung saan naroon ang Suwisia, sa gawing hilaga marahil, malapit na sa Polo Artiko. Minsan ay ipinakita ni Persson sa akin ang mapa, nguni't nalimutan ko na kung saan. Ang ama ni Persson ay mangangalakal din ng sutla sa Stockholm, at ang negosyo niya ay parang kaugnay ng amin. Dahil dito si Persson ay nagpunta sa Marseilles upang mag-aral sa tanggapan ng Papa. Sinasabing ang pangangalakal daw ng sutla ay natutuhan sa Marseilles. Nagpunta nga isang araw si Persson sa bahay. Sa simula ay hindi namin mawatasan ang kanyang sinasabi. Wika niya ay *frances* ang kanyang ginagamit, nguni't wala namang bakas ng salitang *frances* ang kanyang sinasabi. Ipinaghandi siya ng Mama ng isang silid sa itaas na palapag ng aming bahay pagka't wika niva ay mabuti para kay Persson ang matira siya sa amin pagka't lubhang magulo ang panahon.

Dumating na nga si Persson, sadyang kapitapitang

bagunta ito. Kaming dalawa ay naupo sa sala. Kalimitan ay nagbabasa siya ng pahayagan, at itinuturo ko naman sa kanya ang tumpak na pagbigkas. At minsan patulad ng kalimitang kong gawin, kinuha ko ang patalas-tas tungkol sa *Mga Karapatan ng Mamamayan* at naghalili kami ni Persson nang pagbasa at pakikinig, pagka't ibig naming isadibid ang nilalaman noon. Ang mukha ni Persson ay naging kapitapitan, at sinabi niyang siya'y naiinggit sa akin pagka't ako'y mamamayan ng isang bansang unang naghandog sa mundo ng paksang "Kalayaan. Pagkakapantay-pantay, at Kapangyarihan ng mga Mamamayan."

Pagkatapos mabigkas niya iyon ay sinabi pa rin niya: —Maraming dugo ang isinabog upang maitayo ang mga patakarang yaon, dugo ng mga walang kasalanan. At ang mga dugong yaon ay hindi naman nasayang, mademoiselle.

Si Persson ay estranghero, at kung tawagin niya ang Mama ay "Madame Clary," at ako naman ay "Mademoiselle Eugenie." Ipinagbabawal iyon, pagka't kami ngayon ay kapuwa "Citizeness Cary" na lamang.

Kaginsa-ginsa'y si Julie ay pumasok sa silid at niyava ako kay Suzanne.

Nakaupo si Suzanne sa sofa. Umiinom siya ng tinuto. Nakaupo ang Mama sa tabi ni Suzanne. —Pinagkaisahan namin. —wika ng Mama, —na si Suzanne ay makipagkita kay Albitte. At, —dugtong niya, pagkatapos na maluwagan niya ang kanyang lalamunan, —sasama

ka sa kanya, Eugenie!

—Natatakot akong lumakad ng mag-isa, sa karamihan ng tao, —pabulong na wika ni Suzanne. Napansin kong hindi siya pinatibay ng tinto; pinapag-antok lamang siya. At hindi ko mawari kung bakit ako ang pasasamahin sa kanya, hindi si Julie.

—Iyan ang pasiyang ginawa ni Suzanne, alang-alang kay Etienne. —pakli ng Mama, —at ikalulugod niyang makita, mahal na anak, na ikaw ay kasama niya.

—At hindi kailangang magsalita ka; pabayaan mong si Suzanne ang makipag-usap, —dugtong naman ni Julie.

Nagalak ako pagka't makikipagkita si Suzanne kay Albitte. Iyon ang pinakamabuting gawin, siya lamang dapat gawin, sa aking palagay. Nguni't ako'y inaari nilang parang isang musmos, kaya't hindi na ako nagsalita.

—May kabigatan para sa ating lahat ang ating haharapin bukas. —pakli ng Mama, samantalang siya'y tumatayo. —Kailangang magpahinga tayong maaga.

Nagmadali akong bumalik sa sala upang sabihin kay Persson na kailangang ako'y magpahinga na. Pinulot niya ang mga pahayagan at yumukod siya. —Kung garoon ay nagmamagandang gabi na ako sa iyo, Mademoiselle Clary —wika niya.

Ako'y nasa pintuan nang marinig kong tila siya'y may pabulong na idinugtong pa. Lumigon ako at itina-nong ko sa kanya kung siya'y may sinabi

—Iyon lamang... —at huminto siya ng pagsasalita. Lumapit ako sa kanya upang tingnan ko ang kanyang mukha sa dilim; hindi ko na sinindihan ang kandila. Ang maputlang mukha lamang ni Persson ang naaninawan ko.

—Gusto ko lamang sanang sabihin, mademoiselle, na ako... oo, ako'y malapit ng umuwi sa aming bayan.

—O, ikinalulungkot ko Nguni't, bakit?

—Hindi ko pa nasasabi iyon kay Madame Clary. Hindi ko gustong abalahin siya, nguni't mademoiselle, mahigit nang isang taon ako dito, at ako'y kailangan na sa Stockholm. Huhusay na uli ang lahat ng bagay dito pag-balik ni M. Etienne Clary. Ang ibig kong sabihin ay pati ang negosyo; at ako naman ay babalik na sa Stockholm.

Iyon ang pinakamahabang pananalita na narinig kong sinabi ni Persson. Hindi ko maisip kung bakit sa akin muna niya ipinaalam iyon. Akala ko'y hindi niya ako gasinong pinapansin. Nguni't ngayon ay parang gusto kong magpatuloy kami ng pag-uusap, kaya't ako'y naupo sa sofa at magalang kong ipinahi-watig na siya'y mauupo sa tabi ko. Parang kortaplumang tinikiop ang kanyang mahabang katawan nang siya'y mauupo. Ipinatong niya ang kanyang mga siko sa ibabaw ng kanyang mga tuhod, at naramdaman kong para siyang nag-aapuhap ng sasabihin.

—Maganda bang siyudad ang Stockholm? —magalang na tanong ko.

—Para sa akin, iyon ang pinakamagandang lunsod sa buong mundo. —sagot naman niya. —Naglutang ang mga yelong luntian sa Malar, at ang langit ay kasingputi ng telang bagong laba. Iyon ay kung panahon ng taglamig, at ang taglamig namin ay lubhang mahaba.

Hindi ako naniwalang ang Stockholm ay natatangi ang kagandahan, ayon sa kanyang salaysay. Inisip ko rin kung saan makikitang nakalutang ang yelong sabi niya'y luntian daw ang kulay.

—Ang aming negosyo ay nasa Vastra Langatan. Iyon ang pinaka-makabagong punong-ugat ng pangangalakal sa Stockholm. Malapit iyon sa palasyo ng hari, —pamamalaking dugtong pa ni Persson.

(ITUTULOY)

DR. FLORENTINO N. SANTOS

Nag-espesyalista sa American Hospital of Chicago, Amerika
Sa operasyon ng sikmura, ardo, bocio at bituka.

DRA. CARMEN ENVERGA —SANTOS

Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard at Loyola, Amerika
Sa hindi magka-anak, panganganak, sakit sa matris, sakit sa obarito,
Alcazar Bldg., Carriedo at Estero Cegado, R-212, 26 N.H.

16-12 N.C. San Juan de Dios Hospital, Res. Tel. 60-364 R
Tel. 3-70-62
Guro sa Kolegio ng medicina sa pamantasan ng Sto. Tomas

MATUTE FASHION SCHOOL

Mga Inihahandog na Kurso:
DRESSMAKING & EMBROIDERY

May mga Klase sa UMAGA, HAPON, at GABI ★

Kanto ng Libertad at Tatt Avenue, Pasay City—Tel. 5-21-26

laga kay Delfin. Hindi lang nila marinig ang salitaan.

—Mukhang tinotoo ni Delfin ang pangako, a, —baling ni Maning kay Tony.

—Oo nga, at mukhang may tulog yata ako

Samantala, si Delfin ay malugod naman pinakiharapan ng dalaga matapos maihining pahintulot sa kanyang ina. Marami silang napag-usapang bagay ukol sa kani-kanilang pag-aaral madali silang nagkapalagayang loob.

—Ngayong tapos ka na ug pag-aaral ay ano ang binabalak mo? —tanong ni Elvie na parang dati nang kakilala ang kausap.

—Hindi ko pa nga alam kung makapapasa ako sa pamahalaan, ngayong ito muna ako sa aming lalawigan.

Hindi alam ni Delfin na sa kanya nakatitig si Elvie, at sa maikli nilang pag-uusap na iyon ay naakit ang paghanga at pagti-tiwala ng dalaga

—Para magbakasyon, a, mag-repaso?

—Marahil hindi lamang iyon, —makahulugan niyang sagot. At sa pagkakaugnay ng kanilang mga titig ay naipahiwatig niya sa dalaga ang laman ng kanyang puso. Madaling nagbaling ng tingin si Elvie upang ikubli ang isang kakaibang damdamin.

Nagkahiwalay sila ni Elvie nang hapong yaon at nag-iwan sa kanyang puso ng matamis na pangarap. Humuhuni pa siya ng isang awiting nang siya'y pumanhik at salubungin ng dalawa nang kaibigan

—O, ano ang nangyari? —sabit na tanong ni Maning.

—Ay, mahirap na lang ang magsalita, —pagpapasikat ni Delfin, —kung sumama kayo, sana'y nakita ninyo ang ginawang pagtanggap sa akin.

—Siyanga? —humuhanga ang tinig ni Maning ngayong nakatunang ang paningin kay Tony na nakamata lamang sa kanila. Matunog naman ang pakiramdam ni Tony.

—Aba, *ot di taim* tayo, lalakad tayo ngayon sa Selecta.

—Huwag na Tony, —nakatawang sansala ni Delfin, —ibig kong magpahinga na pagka't magaga akong uuwi bukas. Sa ibang

araw na natin ituloy ang 'blow-out', halimbawang sa unang linggo ng buwang papasok, at saka baka mo makalimutan iyong tungkol sa terno.

—Ha?...

Nang umuwi si Delfin at ibalita sa kanyang ama ang tungkol sa pagbibiruan nilang tatlo na humantong sa pakikipagkilala niya kay Elvira Villamar ay gayon na lamang ang kagalakang sumapuso ni Mang Julio.

—Ano ngayon ang nasa sa loob mo?

—Kung tatanggi kayo ay makikiusap ako sa inyo.

—Ay salamat, —nasisiyahang wika ni Mang Julio. Kung ganon ay makikipagayos na ako sa kanyang mga magulang. Hamo't ako ang bahala. Bukas na bukas din ay tuluwag ako.

Maluwalhatang natraos ang kasal. Pinakamaringal na kasalang nuon lamang nasaksihan sa kahabaan ng kalyeng iyon. Si Tony pa ang naging "bestman" ni Delfin, at ang mga panauhin ay sa Selecta piniging. Masaya ang la-

hat ng panauhin. Isa't isa'y bumabati sa mag-asawa. Isa't isa'y naghahangad ng mariwasa at maganda nilang kinabukasan. Higit sa lahat ay si Tony ang kinamalaan ng kasiyahan, bagaman natalo sa pustahan.

—Tony, —tawag ni Maning, —hayun ang isang dalaga. Pustahan tayo sa makikilala ko ngayon.

—Ayoko nang pumusta, baka ako madobol kros na naman. Nagkatawanan na lamang sila pagkatapos. WA K A S



Kung paano tumulong ang **BAGONG TUKLAS NG VICKS** kay Gng. Venezuela ng Quezon City:

"Pinakamadaling lunas sa ubong aming nalalaman!"

"Nadama agad ng anak ko ang bisa ng Vicks Cough Syrup," sulat ni Gng. Venezuela, "at ang kanyang ubo'y madaling huminto!" Natuklasan ni Gng. Venezuela na ang Vicks Cough Syrup ay lumulunas sa ubo sa bagong paraan—lalong mabilis kaysa dati! Ang lihim ay ang bagong kahanghangang sangkap, *Cetamium*. Vicks lamang ang mayroon nito!

Binabaka ang ubo sa 2 paraan!



1. SA LALAMUNAN... Nanunuut at pinapawi ang panghahapdi na dulot ng ubo na hindi maabot ng mga karaniwang gamot.

Sa kailaliman ng inyong lalamunan ay may maraming mumunting kulubot at puwang na pinagtatagan ng mikrobyo ng ubo. Ang karaniwang likido ay hindi makapanuut sa mga munting "puwang" na ito. Salamat na lamang sa *Cetamium*, ang Vicks Cough Syrup ay nanunuut sa lahat ng bahaging nangangailangan ng lunas, at ito'y nagdudulot ng ibayong ginhawa sa inyo!

2. SA DIBDIB... Pinaluluwag karakara ang nangingilalim na ubo.

Makadarama rin ang inyong dibdib ng kahanga-hangang kaginhawahan, sapagka't ang Vicks Cough Syrup ay nagtataglay ng mga tanging gamot na nagpapaluwag sa paninikip na siyang dahilan ng inyong pag-uubo. Subukin ito! Ngayon lamang kayo makadarama ng ganitong ginhawa!



MASARAP! GUSTO NG MGA BATA!

SEE WELL & LOOK BETTER



E. DE LOS REYES OPTICAL CO.
322 RONQUILLO, MANILA

Mutik Nang Maligaw...

(Buhat sa pahina 80)

Mula noon ay umisip na at bumalangkas si Donya Lilay ng tanging paraan upang makapanhik sa kanila ang mag-asawang Mel-da at Ruben. Pinakiusapan niya si Don Poldo na siyang inaama ni Melda, upang mamagitan sa bagong kasal at sa kanyang asawang si Don Fernando. Hindi naman tumangi ang ninong ni Mel-da at isang gabi ay panauhin na siya ng mga Montanez.

—Humiling ka na ng iba sa akin, Kumpadre, at ipinanganga-ko kong hindi ka mabibigo, nguni't kung ang pagpanhik dito ng mga walang-hiyang iyan ang iyong ipakikiusap ay tahasan kong tanggihan.

—Iyan nga sana ang ipakikiusap ko kumpadre... ang tungkol sa dalawang bata. Tapat ang kanilang pagsamong patawarin mo na sila.

—Ilawit mo na sa kanila ang iyong kapatawaran... Alang-alang man lamang sa Bagong Taon ito. —Lumuluha namang sugog ng Donya.

—Iisa ang aking kapasiyahan! Hindi na mababali!

LUMAKAD ang Donya sa kinapapatungan ng mga pang-agnaldo nang dumating sa bahaging iyon ang kanyang paggunita sa lumipas. Dinampot niya ang kahong karton na nasa ibabaw ng salansan at saglit na minalas: Para sa aking apo, Baby Melda."

Parang kinurot ang laman ng Donya nang mamasid ang kasaganaang naruon sa "Christmas Tree". at magunita ang kanyang bugtong na apong dapat sanang mabahaginan ng mga hiyayang iyon noon pa mang nakarraang pasko, na hindi kayang ma-idulot ng mga magulang nito. At, ngayoy Bagong Taon na! Naruroon pa rin ang mga handog na iyon.

—Malasin ninyo, Mama! Parang pinilas sa inyo ang inyong apo, —nabuhay sa pandinig ni Donya Lilay ang pagpaparangalan ni Melda nang dumalaw siya sa inuupahang bahay ng mag-asawa. —Hindi ba, Mama?

Ikinulong ng Donya sa kanyang mga bisig ang sanggol at buong pagmamahal na dinala sa tapat ng kanyang dibdib. Nag-huhumiyaw pati kaliit-liitang hi-maymay ng kanyang puso at mandiy kinukarot ang kanyang laman nang mamalas niya ang mumurahin at manipis ra damit ng sanggol. —Kawawa naman



Ang malaki, magara at bagong tayong gusali ng patahian (larawan sa itaas) ni Julita C. Andres sa Manggahan, Sta. Maria, Bulakan, ay pirasinawaan nuong hapon ng Disyembre 5, 1954. Ang masiglang pagtitipon ay dinaluhan ng mga tanyag na tao sa lipunan ng mga mangangalakal at ng matataas na pinuno ng banko. Sa pangunang hapag (larawan sa ibaba) ay makikitang nagsasalita si G. Alfonso Halili, Pangulo ng "Samahan ng mga Mananahi" sa Santa Maria, kabilang sina Don Toribio Teodoro, may-ari ng "Ang Tibay", G. Francisco Guballa, ng Bulaklak Publications, G. Henares, Pangulo ng Home Industries of the Philippines, Atty. Perfecto E. Laguio, Pangalawang Kalihim ng Kawanihan ng Kalakal, at iba pa.

ang aking apo! Hindi bagay ang damit na ito sa ganitong panahon...

Dahan-dahang ibinaba ng Donya ang sanggol. Dumukot siya sa lukbutan at inilabas ang ilang papel de bangkong pawang malalaki ang halaga, at saka iniabot kay Melda.

Ibili mo ito ng damit para sa aking apo, —wika ng Donya.

May gumitay na ngiti sa sulok ng mga labi ni Melda na tumatalikwas sa kalungkutan ng kanyang mga mata. Marahan siyang napailing. —Maraming salamat, Mama... Nguni't hindi ko hu matatanggap ang salaping iyan, pagka't ganyan ang mahigpit na bilin sa akin ni Ruben.

—Nguni't ito'y para sa aking apo... Hindi ko tangkang sugatan ang damdamin ng iyong kabiya. —Basag ang tinig ng Donya.

—Dinaramdam ko, Mama. Bak hu hindi tayo maunawaan ni Ruben.

Hindi na nagpumilit ang Donya na dali-dali nang lumisan sa pangambang mapabulalas siya ng iyak. Nang sumapit ang Bisperas ng bagong taon. Napansin ni Don

Fernando ang ilang pang-agnaldo sa "Christmas Tree".

—Huh! Sayang lamang ang ibibigay mo sa mga iyan. Marahil ay nagsisihingi sila sa iyo, ano? Kay tapang ng mga hiya! —narinig ng Donya na namutawi sa mga labi ng Don noon.

Nanglilisik ang mga mata ng Donya nang harapin ang asawa. —Fernando, dapat mong malaman na sila'y pawang kabaligtaran ng nakalarawan sa marumi mong isip. Sila'y mararangal. Ni, minsan man ay hindi ko sila narinig na dumaing sa kabila ng karalitaang dinaranas nila sa buhay.

—Huwag kang magkaila, Lilay! Hindi ko ba alam na nagtutungo ka roon! At, ikaw ay kanilang tinatanggap dahil sa salaping natutulong mo sa kanilang pangangailangan?

—Hindi ko naman inililingid ang pagdalaw ko roon. Nguni't inuulit kong nagkakamali ka ng paratang. Ang totoo'y nais ko ngang makatulong sa kanila. Makailang ulit ko silang inaalog ng tulong, nguni't sila'y lubang mararangal. Nais nilang mabuhay

sa pamamagitan ng sariling pag-susumikap at pagpupunyagi. At lagi nilang tinatanggihan ang aking tulong... ang aking...

—Nagkukunwa lamang ang lalaking iyon, Lilay. Makikita mo rin balang araw ang tunay na pagkatao ng manugang mong iyan.

—Matibay ang aking paniniwalang marangal siya, gaya rin ng pagkakilala ko sa iyo, Fernando.

—Huwag mong dayain ang iyong sarili, Lilay! Mula ngayon ay binabawalan kitang dumalaw roon!

—Bukas ay Bagong Taon at hindi mo ako mapipigil na nagtutungo roon!

—Binabalaan kita, Lilay!

—Walang sugaang makapigil sa akin, Fernando! At, sa pagtungo ko roon ay umasa kang hindi na ako babalik! Ngayon ko naunawaan kung bakit mo ako pinakasalan sa kabila ng taglay kong kapangitan. Oo...

—Lilay!

—Sa iyo nang lahat ang aking kayamanan na inibig mo, nguni't ang manatili pa sa bahay na ito na kapiling ka ay hindi ko na mababata. —Patalilis na nangtungo si Donya Lilay sa sariling silid at lumuluhang lumuhod sa harap ng altar.

Nguni't lingid sa kabatiran ng Donya ay sinundan siya ng asawa na parang itinulos na kandila sa bukana ng pintong bahagyang nakabukas.

Tuwid na tuwid ang pagkakaluhod ng Donya sa harap ng altar. Dumalangin siya ng taos sa puso.

Maya-maya'y naramdaman na lamang ng Donya ang marahang pagdantay ng mga kamay sa kanyang balikat. Tila napauunawa ang magiliw na pisil na narama niyang nanunuot sa kanyang katauhan.

—Lilay, —mahina nguni't matatag ang tinig na narinig ng Donya. —Sasama ako... Sasama ako, bukas!..

NAPUTOL ang pagdidili-dili ni Donya Lilay nang lumangitngit ang pinto at matambad sa kanyang paningin ang asawang bihis na bihis. Iyon din si Fernando... ang Fernandong kilalang-kilala ng kanyang puso Hindi na siya nakatutol nang damputin nito ang mga pang-agnaldo sa ibabaw ng mesa.

—Ako na ang magdadala ng mga ito, Lilay. Tayo na ita, at nananabik na ako sa aking apo...

—Sa ating apo... —nakatawang pagtutuwid ng galak na galak na si Donya Lilay na kumawit sa bisig ng asawa.

WA K A S

REBENTADOR

(Buhat sa pahina 5)

mo inumit? —at ipinagtulakan ang bata hanggang makapanhik sa kanilang bahay.

—Aba, bakit? Ano ang nangyayari sa inyo? —bali-sang salubong ni Aling Dorang.

Kinusa ni Nating ilantad ang malabis niyang pagkasuklam kay Edi sa pamamagitan ng pangungunot-noo at pananalim ng paningin.

—Iyan hong batang iyan! Inumit ang pera ko? —sabay irap kay Edi na nakapasalikod-kamay, nakayuko at walong imik.

—Pera? —gagad ni Aling Doray na may lakip na pagtakaka sa himig ng pagsasalita —Ang isip ko ba, e, wala kang pera? Kaninang tanungin kita para ibili ng bigas at nang huwag abutan ng bagong taong walang laman ang ating imbakan, sabi mo, e, wala ka nang pera. Bakit ngayon, e, naghahanap ka?

Inalihan ng kahihiyan si Nati. Sinabi nga naman niya kaninang wala siyang pera. Sadya niyang inilihim ang halagang iyon upang magamit sa isang mahigpit na pangangailangan. Upang may magamit siya sa pagtatanan. Salitaan nila ni Manding na sa kanap na ika-lalabing-dalawa, sa pagpapalit ng taon, ay magtatanan sila. At, ang pera ngang iyon ay kanyang babaunin

—Eh, nagkaila nga ako sa inyo, —amin ni Nati, —ang tangka ko'y itago bilang tanging aginaldo ng aking Ninang nang nakaraang pas-ko...

—Iyan ang napala mo, —naiparungkit ni Aling Dorang, —kundi ka mapaghihim, e, nakinabang sana tayo kahi't paano. Eh, ngayon, ano pa ang magagawa mo? —at tila masama ang loob na napasa-kusina ang kanyang ina.

—Saan mo dinala ang pera? —usig ni Nati sa bata sabay yugyog sa balikat. —Saan naroon?

Subali't namatagang walong kiho ang natutubigan niyang kapatid.

Ibinili mo bang lahat ng rebentador?

Isang tango ang tanging naitugon ni Edi.

—Talagang pahamak! Buwisit!

Halos mayanig ang kani-

lang tahanan sa bigat ng mga yabag ni Nati nang layuan niya ang kanyang kapatid. Minabuti niyang iwan iyon upang huwag na lamang niyang mapagbuhatan ng kamay. Para sa kanya'y napakasakit ang ibinunga ng pangyayaring iyon. Nangangahulugang wala na siyang mababaon sa salitaan nila ni Manding.

Gayunman ay hindi niya gustong masira sa salitaan nila ni Manding. Hindi niya maaatim na dahil lamang sa pangyayaring iyon ay magkulang siya sa katipan. Mahalaga ito sa kanya, ipinakatatangi at pinag-uukulan ng matapat niyang paglingnap.

Kaya, kahi't wala na siyang pantaksi ay gumayak na rin siya. Handa na siyang maglakad. At natitiyak ni-

yang kung makalalakad na siya sa oras na iyon, bago dumatal ang oras ng tipanan nila ni Manding ay masasapit na niya ang pook na kanilang pagtatagpuan.

Pinagtatlong suson niya ang kanyang bestida. Matapos mapantay ang pulbos sa mukha, mapahiran ng kaunting papula ang labi at pisingi, maparaan ng suklay ang mahigsi niyang buhok ay lumabas na ng silid at nagpaalam kay Aling Dorang.

—Inay, sasaglit lang ako kina Piling upang dito na kami magpaabot ng alas-dose, —pagdadahilan niya.

Hindi si Piling na kanilang kapit-bahay ang naging kasama ni Nati nang sumapit ang ikalabing-dalawa. Si Manding ang naging katalik niya nang dumatal ang bagong taon. Naging masagana at


Enero 5, 1955 BULAKLAK 87

matamis para sa kanya ang sandaling yaon. Habang dumudupikal ang mga kampa-na, habang ang lahat ay lumilikha ng sari-saring ingay, sa pagitan ng lalong masisinsin at naglalakasang putok, sa gitna ng pagtutumili at paghihiyawan ay buong tamis namang magkatalik sila ni Manding.

AT...

Mula sa tinalikdang bagong taong yaon, ang mga araw ay matuling nagpatuloy. Naghalinhinan ang mga buwan hanggang sa muling dumatal ang isa pang manigong Bagong taon. Tulad nang nakalipas na bagong taon, si Nati'y nakapanungaw ngayon at nakatuon (Sundan sa pahina 76)

kasiya-siyang
Pamatid-Uhaw!



Uminom ng
MISSION
ORANGE

Isinasabotelya ng
MISSION BEVERAGES (PHILS)
Balintawak, Quezon City, Tel. 2-92-51

DAKILANG MAGNANAKAW

BAGONG TAON...
NAKATUTULIG
ANG WALANG
PUKNAT NA PUTOK
NG REBENTADOR.
SA KALAWAKAN
AY PARANG NAGPA-
PALIGSAHAN ANG
MGA SININDIHANG
KUWITS; SUBALIT
KUNG IBABALING
NATIN ANG ATING
PANINGIN SA ISANG
MALAPALASYONG
TAHANAN AY DALA-
WANG ANINO ANG
MAKIKITA NATIN,
NA SA MALAS AY
KAPUWA NAGHIIN-
TAY NG MAGAN-
DANG PAGKAKA-
TAON...

Kuwento ni

MERDINO A. ABELLA

Guhit ni
RUBEN M. FABIAN



NANG INAAKALA NG MAGNA-
NAKAW NA LIGTAS NA SIYA
AY DALI-DALI ITONG TUMA-
LON SA BINTANA, SUBALIT...

NANG IPASOK NG PULIS
ANG NADAKIP NA MAGNA-
NAKAW SA TAHANAN NG
PINAGNAKAWAN AY...

MAAARI PO
BANG IDAAN
MUNA NINYO
AKO SA AMIN,
BAGO NINYO
AKO DALHIN
SA PIITAN!



MABUTI NGA
AT NANG MA-
LAMAN NG
MGA MAGU-
LANG MO
NA NAGKU-
LANG SILA
NG PANGA-
RAL SA IYO!

PARA LUMAWIG ANG
BUHAY MO'Y HUWAG
MO NANG TANGKAIN
ANG TUMAKAS FA!

...PARANG AWA?...
ANG MAGNANAKAW
BA'Y DAPAT KAAWAAN...?
GINOONG PULIS, TAYO
NA AT NANG MADALA
NA SA BILANGGUAN
ANG MAGNANAKAW
NA ITO!

HALA! PA-
SANIN MO
ANG NINA-
KAW MO AT
IYAN ANG
IBIDENSIYA!





SUSI MI San PEDRO

NOBELA NI: CRISTINO V. MATA GUHIT NI: J.M. JODLOMAN





GINABING

BAGAMAT PARANG MGA PALASONG TUMIMO SA PUSO NI VERONICA ANG PANGUNGUSAP NA BINITIWAN NG ASAWA AY PINILIT NITONG PASAYAHIN ANG MUKHA AT MASUYONG...

RAFAEL... HINDI ITO ANG MGA SANDALING DA PAT NATING PAG-USAPAN ANG MGA BAGAY NA TUHAD NG TINUTUKOY MO NGAYON...

VERONICA... KUNG MAAARI NGANG LANG MAGING KATUMBAS NG BUHAY KOY ANG KALIGAYAHAN AT KAGINHAWAHAN NINYONG MAG-INA AY GINAWA KO NA SANA...

IKA-47 LABAS
Nabula ni DOMINADOR ad. CASTILLO
Lukit ni RICO LIWANAG

ANUPAT ANG UNANG ARAW NA IPINAG-LINGKOD NI VERO-NICA SA RESTAW-RAN AY NAKALIKHA NA NAMAN NG PANIBAGONG NGITI NG PAG-ASA...

MABUTI! PATA NAMANG KATULONG 'YANG SI VERONICA...

ABA... E, OHO INAY! AT SAKA KANIG SIYANG KINAGIGILIHAN NG ATING MGA PAROKYANO... KUNG TINGNAN KOY PATA SI...

...VEDASTO AY MASA MA ANG TAMA SA KANYA... BUKOD SA PANANGHAYAN, E KUNG MAKALANG BEGES NAGMIRYEN DA KANINA E...

KOW! BATANG ITO, OO! WALA NANG HINDI NAPUPUNA...

Canteen

SAMA-TATA...

ESTE, VERONICA, SAAN KA BANG PROBINGYA?



ABA... E, TAGARITO HO AKO SA MAYNILA, MANG VEDASTO...

E... BA'T AYAW MONG SABIHIN SA AKIN KUNG SAAN KA NAKATIRA?

NAPANGITI PA MUNA SI VERONICA... PAG-KATAPOS ISINULAP SA MALAYO ANG PANINGIN KINA ADELA AT...

KU! E IPAGPATAWAD NINYO... HINDI HO MAARI E... GALIT HU ANG TIYANG KO NANG MAYROONG DUMAPALAW SA AKIN SA BAHAY... ALAM NIYO, NAKIKIPANIRAHAN LANG AKO SA KANILA...

ABA, E PAANO NAKAPUPUNTA SA INYO ANG 'BOY FRIEND MO?





KUNG PAANONG NAGKALARAWAN ANG Ina ng Lagging Saklolo

KALAW NI: TERESA MANSILLA • ISINAAYOS NI: E. REYES TAN • GUHIT NI: JESS JODLOMAN



IKA - 27 labas

Ang nakaraan -

NAGKATAGPO ANG PRINSESA AT SI ROMOLES AT SA PAGKAKATAONG YAON AY NATUKLASAN NG PINTOR ANG KATO-TOHANAN... HABANG NAG-UUSAP SILA SA LABAS NAMAN NG SILID AY KAUSAP NG GUWAR-DIYA ANG DALAWANG SUNDALO NI KAPITAN REMO AT SINABING KAYA SILA NAGBALIK AY HINDI SILA NANINIWALANG HINDI NAGAGAWI ROON SI ROMOLES...







IKA-25-LABAS

ANG NAKARAAN:

NAPILITANG SUMANG-AYON SI GIL SA KAGUSTAHAN NG KANYANG MAMA, NATAK-DA ANG KASAL NILA NI MEDY. SAMANTALA, SA PALENGKE AY NAPALABAN NG TSISMIS SI TISYA SA MGA USISERANG TINDER, HANG-GANG SA ANG USAPAN AY NA-UWI SA BUHAY NI TESSIE. NARINIG ITO NI BOY AT NAGSUMBONG SIYA SA KANYANG LOLONG BINGI AT...

SIYA MAY SABI 'LOLO, NA BALE WALA RAW TAYO AT SAKA BINGI PA RAW KAYO!

ANO, SINO ANG KA-LABAW? SINO ANG KA-BAYO? TEKA, TEKA...



ETO TADYAK NG KABAYO UMM!

SIGI PAIT LOLO!


AYYYY! NAGHURAMEN-TADO ANG KABAYU NA KALBU EHE, PWEE!


IKAW MATANGDANG KABAYONG BAS-TUS, UMM!

ARUY... SI... SI TISYA PALA, E, PATAWARIN MO AKO. BINIBI-NI.

HOY! HOY, TA-MA NA KAYO! BAKA LANG BAK-YAIN KU ULO 'NYO!

ANO RAW BOY?







JUANANG API

ALAM NI MANG FACUNDO NA IPINAGPUPUTOK NG BUTSE NG KANYANG ASAWA ANG PAGKABILI NI YA NG DAMIT PARA SA KANYANG PAMANGKING SI JUANA... KAYAT BAGO ITO NAKASAGOT AY TINAPUNAN MUNA NG TINGIN ANG BATA AT PAGKATAPOS AY...

ALALAHANIN MO SANANG SI JUANA AY ANAK NG AKING KAPATID... SIYA'Y ULILA NANG LUZOS, AT WALA NANG MAAARI PANG TUMINGIN SA KAN- YA...

WALA KA NANG MARA MI PANG SINASABI. BASTA, KAPAG AYOKO, AY HUWAG KANG BIBILI NG KAHIT NA ANO.



IKA-10 LABAS
NOBELA NI: DOMINADOR ED. CASTILLO
GUHIT NI : TONY CARAVANA

HINDI NAIBIGAN NI MANG FACUNDO ANG PANGUNGUSAP NG ASAWA, KAYA AGA-RANG...

CONCHA. NAFKA. WALA MONG HABAG. MASAHOL KA PA SA TAONG HINDI NAKAKA-KILALA NG WASTO.

AHA. KAWASTUAN PAHA. AT PAANO NAMAN ANG KABUHAYAN NAPALAGO KO NANG GANITO?... WALA NA BA AKONG PODER NA MAGSALITA?



DAPAT MONG MALAMANG NANG AGAWA KITA NA AKO'Y MAYROON NANG NEGOSYONG GANITO. AT WALA KANG KARAPATANG MAGSALITA SA AKIN NANG DI KO MAGUGUSTUHAN. ISA KA LANG HAMPAS-LUPA NANG MANLIGAW KA SA AKIN.



NAPATUNGO NA YAMANG SI MANG FACUNDO, AT MABIGAT ANG DAWA NG DIBDIB NA BUNABANG SA HAY...

HOY... KARYA, NAGKAGALIT NA NAMAN ANG MAGASAWA, O...

OO NGA. KAWAWA NAMAN SI MANG FACUNDO.



SAMANTALA, SI JUANA NAMAN AY MALKSING KUMUHA NG TUBIG NANG INA. AKALANG DUMADALAS ANG PAGHINGA NG NAGAGALIT NI YANG TIYAHIN...

TIYANG... NAITO HO ANG TUBIG... UMI-NOM KAYO.

AH. TAMA NA. HINDI KO KAILANGAN IYAN.







YUKA


ITO, ANG AMING DAIGDIG




Nobela ni DOMINADOR Aa. CASTILLO



1KA-40 LABAS

NABILING ANG MUKHA NI RITA SA MALAKAS NA PAGKATAMPAL NI LILAY. PINAMULAHAN NG MUKHA ITO AT PAGKATAPOS SALATIN ANG NAG-IINIT NA PISNGI AY...





MAGKAIBANG LANGIT

ni RUBENY

Ang Nakaraan:

DINUKOT SI CRISTINA NG MGA TAUHAN NI JERRY. SA MAY LABAS NG MAYNILA DINALA ANG DALAGA. SI NUNPAN NINA MISTER NIETO, FREDDY, AT LINDA ANG MGA MASA-SAMANG-LOOB. HUSTUNG-HUSTO ANG PAGDATING NILA, PAGKA'T NAUNA LAMANG NG KAUNTI ANG MGA BUHONG...





BUBUKSAN NA SANA NI FREDDY ANG PINTO NANG BIG-LA NA NAMANG NAMILIPIT ITO SA KANYANG DINARAMDAM NA SAKIT SA KANYANG TAGILIRAN.



SINO ANG DUMATING?
MAGKA-SAMA FA KA-YANG MULI SINA FREDDY AT CRISTINA?
Banyang ang Karugtong

"Sweet Sixteen"

NEVER
BEEN
KISSED


Nina
REPONDO
at
ZUNIGA

ang nakaraan

HINDI NA SANA SASAMA SI "MISS" REYES SA LAKARAN NINA AIDA NANG MALAMAN NIYANG KASAMA RIN SI MISTER SANTOS, SUBALIT NAPA-KIUSAPAN RIN SIYA. NANG MAKARATING ANG MGA NAGLALAKBAY AY NILAPITAN NG BINATANG GURO ANG MAESTRA AT NAGSUMAMO ITONG MAGING MAGKABATIANG MULI...

MATIGAS ANG PUSO NG MAESTRA SA MGA PAGSUMAMO NI MISTER SANTOS... PAASIK PANG INIWAN NG DALAGA ANG BINATA...

WALA NA YATA AKONG PAG-ASA KAY CORING... WALA NA AKONG MALAMANG GAWIN UPANG MAHULOG NA MULI ANG KANYANG KALOOBAN... AKALA KO PA NAMAN AY MALAPIT NA NIYA AKONG SAGUTIN... SAYANG!





TINAMAAN NGA ANG BINATILYONG NOOY KINUKUNAN NG LARAWAN ANG KANYANG MGA MAGULANG AT KAPATID NA DALAGA!

ARAY... SINO BA ANG LINTIK NA IYON NA HINDI TINITINGNAN KUNG SAAN INI-HAHAGIS ANG BOLA!



KAYO NA SANA ANG MAG-PAPASENSIYA, MISTER... NAWALAN AKO NG "CONTROL" SA BOLA, E...



IBA NA TALAGA ANG MAGANDA... MADALING PAGBIGYAN...

A... E... WALA KAYONG DAPAT ALALAHANIN, MISS... NABIGLA LANG AKO KAYA'T NAKAPAGSALITA AKO NANG GANON... AKO ANG DAPAT NA HUMINGI NGAYON NG PAUMANHIN SA NAPA-BUGSO KONG SALITA...

WALANG KUWENTA IYON SA AKIN... MAS MASAHOL PA ROON ANG NASASABI KO KUNG AKO'Y GINUGULAT!



MAY KATUWIRAN KA... SIYANGA PALA... ITO ANG MAMA'T PAPA, IYON AY ANG KAPATID KONG SI NANCY AT AKO NAMAN AY SI DANIEL ESTELLA...

NAMUMUKHAAN KO YATA ANG IYONG KAPATID... HINDI BA SIYA IYONG NANCY ESTELLA NA MADALAS NA NAKALAGAY SA "SOCIETY PAGE"?

HINDI KO GUSTO ANG TABAS NG LALAKING ITO, A... PALIKERO!



NADIDIYARYO RIN SIYA... ESTE... MADALAS KA BA RITO? NGAYON LANG YATA KITA NAKITA RITO...?

NGA'ON NGA LA'G AKO NA PUNTA RITO...



KUNG GAYON AY PAYAGAN MONG IPAKITA KO SA IYO ANG MGA KAGANDAHAN NG POOK NA ITO...

AKO LANG? PAPAANO ITONG MGA KASAMAAN KO... GUSTO RIN NILANG MAKITA ANG MAGAGANDANG POOK RITO...



MASISIRA YATA ANG DISKARTE KO... GAYUNPA MAN...

ISAMA MO RIN SILA... TAYO NA, SUNDAN NINYO AKO... ESTE, MAMA, MAMAYA NA TAYO MAGKUHANAN NG RETRATO...

PASIKAT PA PALA ITO, E... KAILANGANG BANTAYAN KO ANG TAONG ITO... HINDI KO GUSTO ANG AMOY NIYA... ANG MASAMA NITO AY TILA NAHUHULOG ANG KALOOBAN NI AIDA SA KANYA...

ITUTULOY-





IKA-38 Labas

ang nakaraan

HINDI NAKATUTOL SI ISING SA AMUKI NG AMANG SIYA'Y MAGARAL SA MAYNILA. NANG PAA-LIS NA ANG DALAGA 'Y MALUNGKOT NA NAGPA-ALAM SINA PEDRO'T GORIO. SAMANTALA SI LUIS NAMAN AY NAGPASİYANG SUN. DAN ANG DALAGA SA MAYNILA UPANG DI-UMANO'Y MAGHIGANTI RITO...

IMBI

Kathat Gohit ni
REDONDO

UPANG HUWAG SIYANG MAKITA NG DALAGA AY NAPILITANG MAGPAHULI SI LUIS BAGO NIYA TINALUNTON ANG LANDAS NG BUS NA SINAKYAN NI ISING PATUNGONG MAYNILA...

HINDI KA MAKATATAKAS SA AKIN KAHIT NA SAANG LUPALOP KA MAGTUNGO!



MALAYO ANG MAYNILA AT LOBBHANG MATULIN ANG BUS KUNG KAYA'T NAIWAN SA DAAN SI LUIS... BAGO SIYA NAKARATING SA MAYNILA AY NAGDANAS SIYA NG MGA PAGHIHIRAP SA DAAN...

